ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • AGOSTO 2016

Liahona

Isang Walang-Hanggang Pananaw Tungkol sa Papel na Ginagampanan ng Kababaihan, p. 26

Ano Ba Talaga ang Ibig Sabihin ng Pagsampalataya? p. 16

Paano Matutulungan ng mga Lider ang mga Kabataan na Magturo, p. 24

Mga Kuwento ng Tagumpay: Paano Kami Natutong Umasa sa Sarili, mga pahina 36–41, 54

"Ibinibigay sa inyo na humatol, upang malaman ninyo ang mabuti sa masama; at ang paraan ng paghahatol ay kasingliwanag, nang inyong malaman nang may ganap na kaalaman, ng liwanag ng araw mula sa kadiliman ng gabi."

Moroni 7:15

Liahona, Agosto 2016

4

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Pag-asa ng Walang-Hanggang Pagmamahal sa Pamilya**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Sama-samang Pangangalaga sa mga Pamilya**

SA PABALAT
Harap: Larawang kuha ni Matthew Reier ng ina at anak na babae, sa Ghana, West Africa. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ng © iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Les Nilsson.

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

16 **Pagtanggap sa Kalooban at Takdang Panahon ng Panginoon**
Ni Elder David A. Bednar
Ang matibay na pananampalataya sa Tagapagligtas ay pagtanggap sa Kanyang kagustuhan at takdang panahon, kahit ayaw natin ang kalalabasan nito.

26 **Pagiging Babae: Isang Walang-Hanggang Pananaw**
Ni Sharon Eubank
Ang tamang pagkaunawa at pagsunod sa doktrina ng Diyos sa Simbahan ay pinagmumulan ng karagdagang lakas para sa kababaihan.

32 **Ang Nawawalang Scriptures**
Ni Elder Gene R. Cook
Hindi lamang sinagot ng Panginoon ang aming mga dalangin kundi pinagpala rin ang buhay ng isang estranghero.

MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril 2016**

10 **Ang Ating Paniniwala: Naniniwala Tayo sa Pagsunod sa Sampung Utos**

12 **Mga Pagninilay: Sampung Dahilan Kung Bakit Mahal Ko ang Aklat ni Mormon**
Ni David Fullmer

13 **Paglilingkod sa Simbahan: Isang Mas Magandang Regalo**
Ni Chris Deaver

14 **Mga Balita sa Simbahan: Mga Area Presidency**

24 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Pagtulong sa mga Kabataan na Magturo**
Ni Brian K. Ashton

36 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Mga Himala**
Ni Elder Matthew Cowley

MGA YOUNG ADULT

42 Katatagan kay Cristo
Ni Elder L. Whitney Clayton
Si Jesucristo ang susi sa masaganang buhay. Sa pagkakaroon ng katatagan sa Kanya, magtatagumpay tayo at mapapayapa sa gitna ng ating mga pagsubok.

49 Ikaw ay Maharlika
Ni Kathy Kipp Clayton
Tatlong bagay na iiwasan para maabot ang iyong walang-hanggang katangian.

Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang paborito mong klase ng cookies?



MGA KABATAAN

50 Iniligtas Ako ng Aking Kapatid
Ni Brittney Ann Harman
Lagi kong pasasalamatan na niyaya ko ang kapatid kong lalaki na magsimulang sumama sa akin sa pagdalo sa templo nang mag-12 anyos siya, dahil kinailangan ko ang suporta niya pagkaraan ng ilang taon.

53 Poster: Huwag Magpatangay

54 Paghahanda nang Maaga para sa Kanyang Hinaharap
Ni Miriam Bay
Matapos kumuha ng self-reliance class na alok ng Simbahan, nagpasimula ng trampoline business ang isang 11-taong-gulang na batang babae para sa kapakanan ng kanyang komunidad.

58 Mga Tanong at mga Sagot
May kaibigan ako na ang pakiramdam ay wala siyang kaibigan sa simbahan maliban sa akin. Ano ang maitutulong ko sa kanya?

60 Sa Tulong Lamang ng Diyos
Ni Elder Timothy J. Dyches

63 Mga Sagot mula sa mga Pinuno ng Simbahan: Paano Manatiling Karapat-dapat
Ni Pangulong Thomas S. Monson

64 Paano Ko Nalaman: Paghahanap sa Diyos
Ni Ismael Ezequiel Polanco Almonte

MGA BATA



66 Pagtayo sa Lugar na Dapat Nating Kalagyan
Ni Elder Randy D. Funk
Ang ibig sabihin ng pagtayo sa mga banal na lugar ay paggawa ng mabubuting bagay. Ano ang mga paraan para tayo makatayo sa mga banal na lugar?

68 Ang Munting Bote ng Katahimikan
Ni Ray Goldrup
Hindi gaanong inisip ni Gage ang boteng walang laman na ibinigay sa kanya ng lolo niya hanggang sa lumipas ang ilang linggo matapos ang libing ng tiyo niya.

70 Mga Kamay, Puso, at Isang Ngiti
Ni Laura Goodrich
Gustong gumanda ni Lydia na gaya ng nanay niya, pero wala siyang anumang lipstick. Sinabi sa kanya ng nanay niya ang pinagmumulan ng tunay na kagandahan.

72 Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Bakit napakahalaga ng mga pamilya?
Ni Elder D. Todd Christofferson

73 Ang Ating Pahina

74 Mga Bayani sa Aklat ni Mormon: Nagpatotoo si Samuel

75 Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon

76 Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Nagturo si Samuel tungkol kay Jesus

79 Pahinang Kukulayan

AGOSTO 2016 TOMO 19 BLG. 8
LIAHONA 13288 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Assistant Editors: James B. Martino, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

Namamahalang Direktor: Peter F. Evans
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef Seitz
Writing at Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
August 2016 Vol. 19 No. 8. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.

"Sampung Dahilan Kung Bakit Mahal Ko ang Aklat ni Mormon," pahina 12: Matapos basahin ng inyong pamilya ang artikulong ito, maaari ninyong ipalista sa bawat miyembro ng pamilya ang mga dahilan kung bakit mahal *nila* ang Aklat ni Mormon. Isiping ipabahagi sa bawat tao ang kanilang listahan at paboritong talata mula sa Aklat ni Mormon. Maaari ninyong mithiing humanap ng iba pang mga dahilan para mahalin ang Aklat ni Mormon habang sama-sama ninyo itong binabasa nang regular.

"Pagtayo sa Lugar na Dapat Nating Kalagyan," pahina 66: Maaari ninyong basahin ang karanasan ni Elder Funk sa pagpiling tumayo sa isang banal na lugar at pagkatapos ay gawin ang nakalakip na aktibidad sa pahina 67. Isiping talakayin bilang pamilya kung bakit nagiging banal ang isang lugar at paano makakatayo ang bawat tao sa mga banal na lugar, kahit hindi ito sa loob ng isang simbahan o ng templo. Talakayin ang kahalagahan at papel na ginagampanan ng Espiritu Santo sa pagtulong sa atin na tumayo sa mga banal na lugar.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay available sa maraming wika sa **languages.lds.org.** Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** (available sa Ingles, Portuges, at Espanyol) para makahanap ng mga mensaheng nagbibigay ng inspirasyon, mga ideya sa family home evening, at materyal na maibabahagi ninyo sa inyong mga kaibigan at pamilya.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *12, 63, 74, 75, 76*
Basbas ng priesthood, mga, *16, 80*
Doktrina ni Cristo, *26*
Espiritu Santo, *26, 54, 66, 68*
Family history, *50*
Gawain sa templo, *4, 50*
Himala, mga, *80*
Ikapu, *79*
Jesucristo, *12, 16, 42, 73, 75, 76*
Kabataan, mga, *24*
Kahandaan sa emergency, *36*
Kaibigan, mga, *58, 64*
Likas na kabanalan, Banal na katangian, *26, 49*
Pag-asa sa sarili, *36, 37, 38, 39, 40, 41, 54*
Pagbabalik-loob, *32, 64*
Pagbabayad-sala, *4, 16, 42*
Pag-ibig, Pagmamahal, *4, 70*
Pag-iimbak ng pagkain, *40*
Pagkamarapat, *63*
Paglilingkod, *13, 54, 70*
Pagsisimba, *50, 66*
Pagsunod, *10, 42*
Pagtuturo, *13, 24*
Pamilya, *4, 7, 50, 72*
Panalangin, *32, 60, 64*
Pananampalataya, *16, 38, 42, 60, 80*
Patotoo, *63, 74*
Pisikal na kalusugan, *16, 37*
Pornograpiya, *63*
Scriptures, banal na kasulatan, *32*
Seminary, *64*
Teknolohiya, *53*
Trabaho, *38*
Tungkulin, mga, *13*
Utang, *39*
Word of Wisdom, *37, 63*

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

ANG PAG-ASA NG Walang-Hanggang Pagmamahal sa Pamilya

Sa lahat ng kaloob na naibigay ng ating mapagmahal na Ama sa Langit sa Kanyang mga anak, ang pinakadakila ay buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 14:7). Ang kaloob na iyan ay ang mamuhay sa piling ng Diyos Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak magpakailanman sa mga pamilya. Sa pinakamataas lamang sa mga kaharian ng Diyos, ang selestiyal na kaharian, magpapatuloy ang mapagmahal na bigkis ng buhay-pamilya.

Inaasam nating lahat ang kagalakang mamuhay sa mapagmahal na mga pamilya. Para sa ilan sa atin, ito ay damdaming hindi pa natin naranasan—isang damdamin na alam nating posible ngunit hindi pa natin natatanggap. Maaaring nakita na natin ito sa buhay ng iba. Para sa iba sa atin, ang pagmamahal sa pamilya ay parang mas totoo at mahalaga kapag inihiwalay na tayo ng kamatayan sa isang anak, isang ina, isang ama, isang kapatid na lalaki, isang kapatid na babae, o isang mapagmahal at pinakamamahal na lolo o lola.

Nadama na nating lahat ang pag-asa na balang-araw ay muli nating madarama ang magiliw na pagmamahal ng kapamilyang iyon na labis nating minahal at gustung-gustong yakaping muli.

Batid ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang nilalaman ng ating puso. Ang Kanyang layunin ay bigyan tayo ng kaligayahan (tingnan sa 2 Nephi 2:25). Kaya nga ibinigay Niya bilang regalo ang Kanyang Anak para gawing posible ang kagalakang mabigkis sa pamilya na nagpapatuloy magpakailanman. Dahil kinalag ng Tagapagligtas ang mga gapos ng kamatayan, tayo ay mababuhay na mag-uli. Dahil nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan, kung mananampalataya tayo at magsisisi, maaari tayong maging marapat para sa kahariang selestiyal, kung saan ang mga pamilya ay ibinibigkis ng pagmamahal magpakailanman.

Isinugo ng Tagapagligtas si Propeta Elijah kay Joseph Smith upang ipanumbalik ang mga susi ng priesthood (tingnan sa D at T 110). Kasama ng mga susing iyon ang kapangyarihang magbuklod, na nag-aalok ng pinakadakilang kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak—buhay na walang hanggan sa mga pamilyang ibinigkis magpakailanman.

Isang alay ito na maaaring kamtin ng bawat anak ng Diyos na pumaparito sa daigdig. Tinanggihan ng sangkatlo ng Kanyang mga espiritung anak ang Kanyang alok noon sa daigdig ng mga espiritu. Dahil sa kawalan ng sapat na pananampalataya at matapos hayagang maghimagsik, pinili nilang huwag maranasan ang galak na dulot ng kaloob ng Ama sa Langit na mga walang-hanggang pamilya.

Para sa atin na nakalagpas sa mahalagang pagsubok sa daigdig ng mga espiritu bago tayo isinilang at naging marapat na tumanggap ng mortal na katawan, nasa atin pa rin ang mahalagang pagpili ng buhay na walang hanggan. Kung pinalad tayong matagpuan ang ipinanumbalik na ebanghelyo, maaari nating piliing gumawa at tumupad ng mga tipan sa Diyos para maging karapat-dapat tayo sa buhay na walang hanggan. Kapag nanatili tayong tapat hanggang sa wakas, pagtitibayin ng Espiritu Santo ang ating pag-asa at tiwala na tumatahak tayo sa landas tungo sa buhay na walang hanggan, upang mabuhay sa mga pamilya magpakailanman sa kahariang selestiyal.

Para sa ilan, tila malabo o naglalaho pa nga ang pag-asang matamo ang walang-hanggang kagalakang iyan. Ang mga magulang, anak, at kapatid ay maaaring nakagawa na ng mga pagpili na hindi magpapagindapat sa kanila sa buhay na walang hanggan. Baka nga iniisip ninyo kung napagindapat na kayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Minsa'y pinayuhan ako ng isang propeta ng Diyos na nagbigay sa akin ng kapayapaan. Nag-alala ako na baka maging imposible para sa aming pamilya na magkasama-sama

magpakailanman dahil sa mga pagpili ng iba. Sabi niya, "Maling problema ang ipinag-aalala mo. Mamuhay ka lang nang marapat para sa kahariang selestiyal, at ang mga sitwasyon ng pamilya ay magiging mas maganda kaysa inaakala mo."

Sa lahat na ang personal na karanasan o pagsasama nilang mag-asawa at mga anak—o walang asawa at anak—ay pinalalabo ang kanilang pag-asa, narito ang aking patotoo: kilala kayo ng Ama sa Langit at mahal Niya kayo bilang Kanyang espiritung anak. Noong kapiling ninyo Siya at ang Kanyang Pinakamamahal na Anak bago ang buhay na ito, itinanim Niya sa inyong puso ang pag-asang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa paggabay ng Banal na Espiritu, nadarama ninyo ngayon at madarama ninyo sa daigdig na darating ang pagmamahal sa pamilya na nais ng inyong Ama at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak na maranasan ninyo.

Pinatototohanan ko na kapag namuhay kayo nang karapat-dapat para sa kahariang selestiyal, ang pangako ng propeta na "ang mga sitwasyon ng pamilya ay magiging mas maganda kaysa inaakala mo" ay mapapasainyo. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Isiping magsimula sa pagkukuwento sa mga tinuturuan ninyo ng isang sandali na nagpasalamat kayo sa pag-asa ng mga walang-hanggang pamilya. Sabihin sa kanila na pagnilayan ang mga sandali na nakadama sila ng pasasalamat para sa mga walang-hanggang pamilya. Tanungin sila kung gusto nilang magbahagi. Pagkatapos ay maaari mo silang pag-isipin ng mga paraan para pagbutihin pa at mamuhay nang mas marapat para sa kahariang selestiyal upang ang pangako ng propeta na "mga sitwasyon ng pamilya . . . [na] mas maganda kaysa inaakala mo" ay mapasakanila.

MGA KABATAAN

Pagbabahagi ng Walang-Hanggang Kaligayahan

Ang isa sa pinakamagagandang bagay tungkol sa ebanghelyo ay ang kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan. May napakagandang pagkakataon tayong makapiling nang walang hanggan ang ating pamilya. Ang kaalamang iyan ay tumutulong sa atin na magkaroon ng pag-asa tuwing nahihirapan tayo sa mundo. Itinuro ni Pangulong Eyring, "Alam ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang nilalaman ng ating puso. Ang Kanyang layunin ay bigyan tayo ng kaligayahan (tingnan sa 2 Nephi 2:25). Kaya nga inialay Niya ang Kanyang Anak para makapagpatuloy ang kagalakan na mabigkis ang mga pamilya magpakailanman. . . . Isang alay ito na maaaring kamtin ng bawat anak ng Diyos na pumaparito sa daigdig."

Ang pagpapalang iyan ay angkop sa atin na nabubuhay ngayon at sa mga pumanaw na—ngunit sa pamamagitan lamang ng ating tulong. Ang ating mga ninuno ay nasa daigdig ng mga espiritu ngayon, at naghihintay na ihanda natin ang kanilang pangalan upang maisagawa ang mga

ordenansa sa templo para sa kanila. Ngunit kung minsa'y maaaring mahirap itong gawin para sa kanila. Maaaring masyado tayong abala, o napakalayo ng ating tirahan sa templo para makapunta nang napakadalas.

Mabuti na lang, may iba pang mga paraan para matulungan natin ang ating mga ninuno, gaya ng paggawa ng family history, pag-index, o pag-babysit para sa ating mga magulang habang nasa templo sila. Sa pagtulong, nagliling-kod tayo sa Panginoon *at* inihahatid ang pag-asa na magkaroon ng mga walang-hanggang pamilya ang mga nasa kabilang panig ng tabing.

MGA BATA

Ang mga Mag-anak ay Walang Hanggan

Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa panunumbalik ng mga susi at kapangyarihan ng priesthood na ibuklod ang mga pamilya maaari nating makapiling ang ating pamilya magpakailanman! Ano ang gustung-gusto mo tungkol sa iyong pamilya? Sundin ang mga tagubiling ito para magawa ang paper chain na ito upang ipagdiwang ang iyong pamilya.

1. Itupi nang dalawang beses sa gitna ang isang pirasong papel para mayroon kang isang mahabang strip.
2. Magdrowing ng isang tao na abot ang mga kamay sa nakatuping mga gilid.
3. Gupitin ang tao. Huwag gupitin kung saan umabot ang mga kamay sa nakatuping mga gilid.
4. Iladlad ito. Sumulat o magdrowing ng isang bagay na gustung-gusto mo tungkol sa bawat miyembro ng pamilya.
5. Magdikit-dikit ng maraming kadena kung mas malaki ang iyong pamilya!

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano palalakasin ng pag-unawa sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ang inyong pananampalataya sa Diyos at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa ***reliefsociety.lds.org****.*

Sama-samang Pangangalaga sa mga Pamilya

Ang "mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak."[1] "Ang tahanan ang lugar kung saan tayo natututong magmahal at maglingkod," sabi ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

"Nais ng ating Ama sa Langit na maging tapat sa isa't isa ang mga mag-asawa at pahalagahan at ituring ang kanilang mga anak bilang pamana mula sa Panginoon."[2]

Sa Aklat ni Mormon, sinabi ni Jacob na ang pagmamahal ng mga lalaki sa kanilang asawa, ang pagmamahal ng mga babae sa kanilang asawa, at ang pagmamahal ng mag-asawa para sa kanilang mga anak ay isa sa mga dahilan kaya minsa'y naging mas matwid ang mga Lamanita kaysa sa mga Nephita (tingnan sa Jacob 3:7).

Ang isa sa pinakamagagandang paraan para makahikayat ng pagmamahalan at pagkakasundo sa ating tahanan ay makipag-usap nang marahan sa ating mga kapamilya. Ang pakikipag-usap nang marahan ay nagaanyaya sa Espiritu Santo. Hiniling ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, na isipin natin ito: "Gaano kadalas ba tayo sadyang 'na[kikipag-usap] nang marahan sa isa't isa'?"[3]

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Mga Taga Roma 12:10; Mosias 4:15; Doktrina at mga Tipan 25:5

Isipin Ito

Paano inaanyayahan ng pagmamahal at pag-aalaga sa isa't isa ang Espiritu Santo sa ating tahanan?

MGA TALA

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. Russell M. Nelson, "Kaligtasan at Kadakilaan," *Liahona,* Mayo 2008, 8.
3. Linda K. Burton, "Magkasama Tayong Aangat," *Liahona,* Mayo 2015, 31.
4. D. Todd Christofferson, "Magpakalalaki Tayo," *Liahona,* Nob. 2006, 46.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mga Kuwento ng Buhay

Ibinahagi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang isang karanasan noong bata pa siya na nagkintal sa kanyang isipan ng kahalagahan ng isang mapagmahal na pamilya. Noong bata pa sila ng kanyang mga kapatid na lalaki, inoperahan ang kanilang ina sa malalang kanser kaya lubha siyang nasasaktan kapag ginagamit niya ang kanyang kanang braso. Sa isang pamilya na puro lalaki ang mga anak, napakaraming plantsahin, pero kapag nagpaplantsa ang kanyang ina, madalas itong tumigil at magpunta sa kuwarto para umiyak hanggang sa mawala ang sakit.

Nang matanto ng ama ni Elder Christofferson ang nangyayari, halos isang taon itong lihim na hindi nananghali para makaipon ng sapat na perang pambili ng washing machine kaya mas madali nang magplantsa. Dahil mahal niya ang kanyang asawa, nagpakita siya ng halimbawa ng pangangalaga sa mga pamilya para sa kanyang mga anak. Sa magiliw na pakikipag-ugnayang ito, sinabi ni Elder Christofferson, "Hindi ko batid noon ang sakripisyo at pagmamahal ni Itay sa aking ina, pero ngayong alam ko na, sinasabi ko sa sarili ko, 'Yan ang lalaki.'"[4]

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2016

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2016, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.



TAMPOK NA DOKTRINA

Kapatawaran ng Ating mga Kasalanan

"Ang mga ordenansa ng binyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagpapatong ng mga kamay para sa kaloob na Espiritu Santo, at sakramento ay mga kaganapang magkakaugnay at hindi magkakahiwalay; bagkus, mahalaga ang mga ito sa magkakaugnay at magkakasamang huwaran ng pagkatubos. Bawat sumunod na ordenansa ay pinararangal at pinalalaki ang ating espirituwal na layunin, hangarin, at gawain. Ang plano ng Ama, ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at ang mga ordenansa ng ebanghelyo ay inilalaan ang biyayang kailangan natin upang sumulong at umunlad nang taludtod sa taludtod at tuntuntin sa tuntunin tungo sa ating walang-hanggang tadhana."

Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Panatilihin sa Tuwina ang Kapatawaran ng Inyong mga Kasalanan," *Liahona,* Mayo 2016, 62.

PANGAKO NG PROPETA

Walang-Hanggan

"Ang mensahe ko ngayong gabi ay isang pagtatangkang ipaliwanag . . . kung ano ang kailangan nating gawin upang maging bahagi ng plano ng kaligayahang inihanda ng ating Ama sa Langit para sa atin. Bago tayo isinilang, nabuhay tayo sa isang pamilya sa piling ng ating dakila at walang-hanggang Ama sa Langit. Nag-orden Siya ng isang plano para sumulong at umunlad tayo upang maging katulad Niya. Ginawa Niya ito dahil mahal Niya tayo. Ang layunin ng plano ay bigyan tayo ng pribilehiyong mabuhay nang walang hanggan tulad ng ating Ama sa Langit. Ang planong ito ng ebanghelyo ay nag-alok ng buhay sa mortalidad kung saan tayo ay susubukan. Isang pangako ang ibinigay na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kung sumunod tayo sa mga batas at ordenansa ng priesthood ng ebanghelyo, magkakaroon tayo ng buhay na walang hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng Kanyang kaloob."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Mga Walang-Hanggang Pamilya," *Liahona,* Mayo 2016, 81.



Mga Banal na Tungkulin ng Kalalakihan

Kung minsan ay hindi lang isang tagapagsalita ang nagbibigay ng mensahe tungkol sa iisang paksa ng ebanghelyo. Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa mga banal na tungkulin ng kalalakihan:

- Lalaki: "Tratuhin ninyo ang inyong asawa . . . tulad ng pagtrato ng Ama sa Langit sa inyo." —Henry B. Eyring, "Mga Walang-Hanggang Pamilya," 83.
- Maytaglay ng priesthood: "Maging karapat-dapat sa [inyong] mga pribilehiyo bilang mga maytaglay ng priesthood. Darating ang araw, *tanging* ang mga lalaking seryoso sa kanilang priesthood, sa *masigasig* na paghahangad na maturuan ng Panginoon mismo, ang maaaring magbasbas, gumabay, magprotekta, magpalakas, at magpagaling sa iba." —Russell M. Nelson, "Ang Halaga ng Kapangyarihan ng Priesthood," 67–68.
- Ama: "Ang papel ng ama ay may banal na pinagmulan, simula sa isang Ama sa Langit at, sa mundong ito, kay Amang Adan. . . .

  ". . . Ang pagiging ama ay nangangailangan ng sakripisyo. . . .

  "Ang mahalin ang ina ng kanyang mga anak—at ipakita ang pagmamahal na iyon—ay dalawa sa pinakamababuting bagay na magagawa ng isang ama para sa kanyang mga anak. Pinagtitibay at pinatatatag nito ang pagsasama ng mag-asawa na siyang pundasyon ng kanilang buhay-pamilya at seguridad." —D. Todd Christofferson, "Mga Ama," 94, 95.

"Pagsunod ang nagpapalakas sa pananampalataya."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Papasanin Ka Niya sa Kanyang Balikat at Iuuwi," *Liahona,* Mayo 2016, 103.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

Magagandang Kuwento mula sa Kumperensya

Ano ang mas umaagaw ng ating pansin kaysa sa isang kuwento? Ang sumusunod na mga kuwento ay kasama sa maraming ibinahagi sa kumperensya:

- Ano ang kaugnayan ng mga bulaklak ng magnolia sa kung paano nagbibigay ng puwang ang pag-ibig para sa ibang mga tao sa ating buhay? —Tingnan sa Neill F. Marriott, "Ano ang Gagawin Natin?" 10.
- Bakit nanatili si Elder Hales pagkatapos ng stake conference para kamayan ang lahat? —Tingnan sa Robert D. Hales, "Ang Espiritu Santo," 105.
- Sa edad na 11, si Yvette Bugingo ay isang refugee na ang ama ay napatay at ang tatlong kapatid na lalaki ay nawawala. Paano natapos ang kanyang kuwento? —Tingnan sa Linda K. Burton, "Ako'y Taga Ibang Bayan," 13.
- Ano ang ating gagawin mula sa inspirasyong hatid ng mga kuwentong ito ng mga batang Banal sa mga Huling Araw na ang mga kasama sa bahay ay hindi miyembro? —Tingnan sa Neil L. Andersen, "Sinomang Tumanggap sa Kanila, ay Ako ang Tinanggap," 49.

NANINIWALA TAYO SA PAGSUNOD SA SAMPUNG UTOS

Ang Sampung Utos ay matatagpuan sa Lumang Tipan (tingnan sa Exodo 20:1–17), ngunit alam ng mga Banal sa mga Huling Araw na angkop ang mga kautusang iyon sa lahat ng panahon, hindi lang sa panahon ng Lumang Tipan. Itinuro ni Abinadi ang Sampung Utos sa Aklat ni Mormon (tingnan sa Mosias 12:33–36; 13:13–24), at inihayag ng Panginoon ang mga ito kay Propetang Joseph Smith para sa ating panahon (tingnan sa D at T 42:18–29; 59:5–13).

Bagama't binabalewala ng mga tao sa maraming lipunan ngayon ang mga kautusang ito, naniniwala tayo na may bisa pa rin ang mga ito. Ipinaliwanag ni Pangulong Thomas S. Monson:

"Ang mga ugali na dati ay hindi angkop at mahalay ay hindi lamang kinukunsinti ngayon kundi itinuturing pang katanggap-tanggap ng marami. . . .

"Kahit nagbago na ang mundo, iyon pa rin ang mga batas ng Diyos. Hindi nagbago ang mga ito; hindi magbabago ang mga ito. Ang Sampung Utos ay gayon lamang—mga utos. *Hindi* mungkahi ang mga ito. Bawat isa ay kailangan pa rin ngayon gaya noong ibigay ito ng Diyos sa mga anak ni Israel."[1]

Hindi tayo nagsasalita ng masama tungkol sa iba dahil sa hindi pagsunod sa mga kautusan. Sa halip, sinusuri natin ang sarili nating buhay at inaalam kung gaano kahusay nating sinusunod ang banal na tagubiling ibinigay sa atin.

Ang Sampung Utos ay kumakatawan sa mga pangunahing pamantayan ng pag-uugali na maaaring hatiin sa dalawang grupo: paano natin pinakikitunguhan ang Diyos at paano natin pinakikitunguhan ang iba. Para mapanatili nating sentro ng ating buhay ang Diyos, iniutos Niya na huwag tayong sumamba sa ibang mga dios, panatilihin nating banal ang araw ng Sabbath, at huwag nating lapastanganin ang Diyos at huwag tayong sumamba sa mga diyus-diyusan. Para matulungan tayong mahalin ang mga anak ng Diyos, iniutos Niya na igalang natin ang ating mga magulang at huwag tayong magnakaw, pumatay, magsinungaling, magnasa, o mangalunya.

Dahil sa patuloy na mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta, mas marami pa tayong nalaman tungkol sa inaasahan Niya sa atin, ngunit maganda pa ring magsimula sa Sampung Utos sa hangarin nating maging masunurin. "Ang mga utos [ng Diyos] ay pagpapakita ng pagmamahal Niya sa atin, at ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan ay pagpapakita ng pagmamahal natin sa Kanya."[2] ■

"Alin baga ang dakilang utos sa kautusan?" Tingnan ang sagot ng Tagapagligtas sa Mateo 22:37–40.

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Tumayo sa mga Banal na Lugar," *Liahona,* Nob. 2011, 82, 83.
2. Carole M. Stephens, "Kung Ako'y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos," *Liahona,* Nob. 2015, 120.

ANG MGA KAUTUSAN AY PARA SA ATING KALIGAYAHAN



"Ang mga kautusan ng Diyos ay hindi ibinibigay upang biguin tayo o maging mga hadlang sa ating kasiyahan. Kabaligtaran pa nga nito ang katotohanan. Siya na lumikha at nagmamahal sa atin ang tunay na nakakaalam kung paano tayo dapat mamuhay upang matamo natin ang pinakadakilang kaligayahan. . . .

"Ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit ay sapat upang sabihin Niyang: Huwag kayong magsisinungaling; huwag kang magnanakaw; huwag kang mangangalunya; ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili; at iba pa. Alam natin ang mga kautusan. Nauunawaan Niya na kapag sinusunod natin ang mga kautusan, ang buhay natin ay magiging mas masaya, mas ganap, at hindi gaanong kumplikado."

Pangulong Thomas S. Monson, "Ang mga Utos sa Tuwina'y Sundin," *Liahona,* Nob. 2015, 83.

Narito ang ilang halimbawa ng pagsunod sa mga kautusan ngayon:

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" (Exodo 20:3). Habang karamihan sa mga tao ay hindi natutukso ngayong sumamba sa isang gintong guya, hindi tayo dapat sumamba sa "mga diyus-diyusan" tulad ng katanyagan o mga materyal na ari-arian (tingnan sa 2 Nephi 9:30).

"Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin" (Exodo 20:8). Kapag pinanatili nating banal ang araw ng Sabbath, matututo tayong magkaroon ng mata na "nakatuon sa kaluwalhatian [ng Diyos]" (D at T 88:67).

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12). Maaaring ibilang dito ang paggalang sa ating mga ninuno, ating mga magulang, at ating mga magulang sa langit.

"Huwag kang mangangalunya" (Exodo 20:14). Nasusunod natin ang kautusang ito sa pagkakaroon ng dalisay na mga kaisipan (tingnan sa D at T 42:23).

"Huwag mong iimbutin [ang pag-aari] ng iyong kapuwa" (Exodo 20:17). Bukod pa sa ibang mga bagay, ang pag-iimbot ay humahantong sa kawalan ng kasiyahan at kalungkutan.

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

SAMPUNG DAHILAN KUNG BAKIT MAHAL KO ANG AKLAT NI MORMON

Ni David Fullmer

Bilang pangalawang saksi ni Jesucristo, ang kahanga-hangang aklat na ito ay nagtuturo ng mga konsepto at doktrinang hindi matatagpuan saanman.

Mahal ko ang Aklat ni Mormon. Sa pangkalahatan, mahal ko ito dahil sa kapangyarihan nitong dalhin ang mga mambabasa nito nang "[mas malapit] sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat." Marahil iyan ang dahilan kaya ito tinukoy ni Propetang Joseph Smith na "saligang bato ng ating relihiyon" at "ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo."[1]

Ngunit mahal ko ang aklat dahil din sa mga partikular na dahilan. Narito ang 10 sa maraming dahilan:

Ang Aklat ni Mormon ay . . .

1. Itinala sa isang panahon ng kasaysayan para magamit ng mga mambabasa sa ibang panahon—sa panahon natin. Tingnan sa Mormon 8:16, 34–35.
2. Malinaw na naglalarawan ng mga paraan ni Lucifer sa pagpapalaganap ng kaguluhan sa mga huling araw. Tingnan sa 2 Nephi 28:3–29.
3. Nagpapahayag na ang kahinaan ng tao ay pagkakataon para mapalakas, na nangangailangan ng pagpapakumbaba sa paglapit kay Cristo. Tingnan sa Eter 12:27.
4. Binigyang-kahulugan ang pag-ibig sa kapwa-tao bilang dalisay na pag-ibig ni Cristo at isang banal na kaloob na makakamtan natin sa pagsunod sa partikular na mga hakbang. Tingnan sa Moroni 7:43–48.
5. Nililinaw na kailangang may pagsalungat sa lahat ng bagay. Tingnan sa 2 Nephi 2:11–13.
6. Malinaw na nagtatala ng mga sitwasyon kung saan maaaring matugunan ng awa ang hinihingi ng katarungan. Tingnan sa Alma 34:11–30.
7. Nagtatala ng *dalawang* grupo ng mga tao na binigyan ng partikular na mga tagubilin na pagaralan ang mga salita ni Isaias, at isa na tayo roon. Tingnan sa 2 Nephi 25:4–8; Mormon 8:23.

8. Nagsisilbing katuwang ng Biblia sa pagsaksi sa kaugnayan ng Diyos sa sangkatauhan, ayon sa inilahad sa isang propesiya sa Lumang Tipan. Tingnan sa Ezekiel 37:15–20; 2 Nephi 28:29; 29:3–8.
9. Naglalaman ng pangako na kung babasahin at ipagdarasal natin ito nang taos-puso, nang may pananampalataya kay Cristo, ihahayag sa atin ng Panginoon na ito ang Kanyang salita. Tingnan sa Moroni 10:4–5.
10. Nagtuturo na ang pagdurusa ng Tagapagligtas ay nagbigay sa Kanya ng lubos na pagdamay at habag sa ating mga pagsubok at ng kakayahang tulungan tayo kapag nahihirapan tayo sa mga ito. Tingnan sa Alma 7:11–13.

Higit sa lahat, mahal ko ang Aklat ni Mormon dahil sa malinaw na patotoo nito na si Jesus ang Cristo. Mahal ko ito dahil sa pangako nito na kalaunan ay tutubusin ng Panginoon ang buong sambahayan ni Israel kapag sila ay gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan sa Kanya. Ang Aklat ni Mormon ay isang makabagong himala—isang handog ng pagmamahal sa atin ng Diyos mismo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

TALA

1. Joseph Smith, sa pambungad sa Aklat ni Mormon.

DETALYE MULA SA *DUMALAW SI JESUS SA MGA LUPAIN NG AMERIKA*, NI JOHN SCOTT

ISANG MAS MAGANDANG REGALO

Ni Chris Deaver

Hindi lang kami tinuruan ni Brother Reynolds—minahal niya kami.

Sa huling taon ko sa Primary nagkaroon kami ng bagong guro: si Brother Reynolds. May puting-buhok na siya at mga kulubot, at nagkuwento siya tungkol sa panahon ng Depression at sa paglilingkod niya sa U.S. military noong World War II. Noong una hindi ko gaanong inintindi ang mga kuwento niya—nakakainip ang mga ito at napakatagal nang nangyari.

Minsan magulo kami ng mga kaibigan ko sa klase. Hinila ako ni Brother Reynolds sa tabi at diretsahan akong kinausap. Pinakiusapan lang niya ako na magpakabait at sinabihan ako na gusto niya ang pinakamabuti para sa akin. Bago iyon, hindi kami gaanong nakikinig ng mga kaibigan ko. Pero hindi nagtagal may nalaman kaming espesyal tungkol kay Brother Reynolds—napakalaki ng malasakit niya sa amin, at gusto lang niyang mahalin kami.

Palaging nagpapatotoo si Brother Reynolds tungkol sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Nagniningning ang kanyang mga mata kapag tinuturuan niya kami tungkol sa kapangyarihan ng pamumuhay na nakasentro kay Cristo. Ang mga kuwento niya ay naging tunay na mga pakikipagsapalaran na nagbigay-inspirasyon sa aming imahinasyon at ginusto naming maglingkod sa Panginoon.

Naaalala ko pa ang isang araling itinuro niya tungkol kay Propetang Joseph Smith at kung paano siya nagpatotoo na minsa'y naging bata rin si Joseph na katulad namin. May luha sa kanyang mga mata, sinabi niya sa amin na malaki ang inaasahan ng Panginoon sa amin, tulad ng inasahan Niya kay Joseph. Sinabi ni Brother Reynolds na gagawa tayong lahat ng mahahalagang bagay sa ating buhay, at mababago pa natin ang mundo, kung magiging katulad tayo ni Joseph at mananatiling malapit sa Tagapagligtas.

Makalipas ang ilang taon noong hayskul na kami ng mga kaibigan ko, nalaman namin na kailangang tabasan ang mga puno ng apricot ni Brother Reynolds. Masaya naming tinabasan ang mga puno, na inabot ng ilang oras na pag-akyat sa hagdanan at pagpuputol. Mahirap na trabaho, pero alam namin na mahalaga iyon kay Brother Reynolds.

Noong taon na iyon nalaman din namin na nangailangan si Brother Reynolds ng bagong kopya ng mga banal na kasulatan. Luma na ang kanyang aklat, lukut-lukot, at tanggal-tanggal na ang mga pahina. Pinagsama-sama namin ang aming pera at ibinili siya ng magandang leather quad na may nakaukit na pangalan niya. Ibinigay namin iyon sa kanya sa ward Christmas party namin. Hinding-hindi ko malilimutan na nagliwanag ang kanyang mukha at kumislap ang luha sa kanyang mga mata at natuwa siya nang makita na may ginawa kaming mga bata na napakahalaga sa kanya.

Nang magkolehiyo na ako makaraan ang ilang taon, nalaman ko na pumanaw na si Brother Reynolds. Binisita ko ang kanyang asawa at pamilya para ipadama ang malaking paggalang at pasasalamat ko sa kanya. Nang makita ko ang lahat ng masasaya niyang anak at apo, natanto ko kung gaano ako kapalad na makilala ang magiting na lalaking ito.

"Minahal niya kayong mga bata," sabi ni Sister Reynolds na lumuluha at nakangiti. "Minahal niya kayo *talaga*."

Sa isang mundo kung saan mahirap magtuon sa mga tamang bagay, ipinakita sa amin ni Brother Reynolds na ang aming kaugnayan sa Ama sa Langit at sa Kanyang Anak ang pinakamahalaga. Maaaring natabasan namin ang mga puno ni Brother Reynolds at nabigyan siya ng bagong kopya ng mga banal na kasulatan, pero mas maganda ang ibinigay niya sa amin: isang walang-kupas na pagmamahal para sa Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

PAGLALARAWAN NI JANICE KUN

MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Itinalagang mga Bagong Lider sa Area

Ibinalita ng Unang Panguluhan ang mga pagbabago sa pamunuan sa mga area, simula sa Martes, Agosto 01, 2016. Lahat ng miyembro ng Area Presidency ay mga General Authority Seventy.

Ang Pitumpu ay tinatawag sa pamamagitan ng paghahayag, sa ilalim ng pamamahala ng Unang Panguluhan, upang tulungan ang Korum ng Labindalawang Apostol sa kanilang paglilingkod sa iba't ibang dako ng mundo.

Noong panahon ng ministeryo ni Cristo sa lupa, tinawag Niya ang Pitumpu, pinagbilinan sila sa paraang katulad ng pagbibilin Niya sa Labindalawang Apostol, at isinugo sila "mula sa kanyang harapan," na ipinaliliwanag na yaong mga nakarinig sa kanilang tinig ay maririnig ang Kanyang tinig (tingnan sa Mateo 10:1, 16–17; Lucas 10).

Sa paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith noong 1835, inihayag ng Panginoon, kabilang ang iba pang bagay, "[ang] orden ng Pitumpu, na sila ay nararapat magkaroon ng pitong pangulo na mamumuno sa kanila, pinili mula sa bilang ng pitumpu" (D at T 107:93). ■

Panguluhan ng Pitumpu

L. Whitney Clayton

Tumutulong sa lahat ng area

Donald L. Hallstrom

North America Northwest

North America West



Richard J. Maynes

North America Southeast



Craig C. Christensen

Utah North

Utah Salt Lake City

Utah South

Ulisses Soares

Idaho

North America Central



Lynn G. Robbins

North America Southwest

Gerrit W. Gong

North America Northeast

Africa Southeast

Stanley G. Ellis

Unang Tagapayo

Kevin S. Hamilton

Pangulo

S. Mark Palmer

Pangalawang Tagapayo

Africa West

Marcus B. Nash

Unang Tagapayo

Terence M. Vinson

Pangulo

Vern P. Stanfill

Pangalawang Tagapayo

Asia

Chi Hong (Sam) Wong

Unang Tagapayo

Randy D. Funk

Pangulo

David F. Evans

Pangalawang Tagapayo

Asia North

Kazuhiko Yamashita
Unang Tagapayo

Scott D. Whiting
Pangulo

Yoon Hwan Choi
Pangalawang Tagapayo

Brazil

Marcos A. Aidukaitis
Unang Tagapayo

Claudio R. M. Costa
Pangulo

W. Mark Bassett
Pangalawang Tagapayo

Caribbean



Claudio D. Zivic
Unang Tagapayo

Walter F. González
Pangulo

Hugo E. Martinez
Pangalawang Tagapayo

Central America

Adrián Ochoa
Unang Tagapayo

Kevin R. Duncan
Pangulo

Jose L. Alonso
Pangalawang Tagapayo

Europe

Paul V. Johnson
Unang Tagapayo

Patrick Kearon
Pangulo



Gary B. Sabin
Pangalawang Tagapayo

Europe East

James B. Martino
Unang Tagapayo

Bruce D. Porter
Pangulo

Larry S. Kacher
Pangalawang Tagapayo

Mexico

Arnulfo Valenzuela
Unang Tagapayo

Paul B. Pieper
Pangulo

Rafael E. Pino
Pangalawang Tagapayo

Middle East/Africa North

Larry R. Lawrence

Wilford W. Andersen

Pinangangasiwaan mula sa headquarters ng Simbahan

Pacific

S. Gifford Nielsen
Unang Tagapayo

O. Vincent Haleck
Pangulo

Craig A. Cardon
Pangalawang Tagapayo

Philippines

Allen D. Haynie
Unang Tagapayo

Shayne M. Bowen
Pangulo

Evan A. Schmutz
Pangalawang Tagapayo

South America Northwest

Lawrence E. Corbridge
Unang Tagapayo

Carlos A. Godoy
Pangulo

Hugo Montoya
Pangalawang Tagapayo

South America South

Allan F. Packer
Unang Tagapayo

José A. Teixeira
Pangulo

Mark A. Bragg
Pangalawang Tagapayo

DETALYE MULA SA *SI CRISTO SA GETSEMANI,* NI HARRY ANDERSON

Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagtanggap sa Kalooban at Takdang Panahon ng Panginoon

Ang matatag na pananampalataya sa Tagapagligtas ay mapagpakumbabang pagtanggap sa Kanyang kalooban at takdang panahon sa ating buhay—kahit na ang kalabasan ay hindi ang siyang inasahan o nais natin.

Si Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ay isang minamahal na disipulo ng Panginoong Jesucristo. Naglingkod siya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol sa loob ng 23 taon, mula 1981 hanggang 2004. Ang espirituwal na bisa ng kanyang mga turo at halimbawa ng matapat na pagkadisipulo ay nagpala at patuloy na nagpapala sa kamangha-manghang mga paraan sa mga miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ng Tagapagligtas at sa mga tao sa buong mundo.

Noong Oktubre 1997, kami ni Sister Bednar ang nag-asikaso kina Elder at Sister Maxwell sa Brigham Young University–Idaho (na noon ay Ricks College). Magsasalita noon si Elder Maxwell sa mga estudyante, kawani, at mga guro sa isang debosyonal.

Sa simula ng taon ding iyon, si Elder Maxwell ay sumailalim sa nakapanghihinang chemotherapy para sa leukemia na tumagal nang 46 na araw at gabi. Maganda ang kinalabasan ng kanyang pagpapagamot at patuloy na therapy sa buong tagsibol at tag-init, ngunit ang pisikal na lakas at sigla ni Elder Maxwell ay limitado nang magbiyahe siya papuntang Rexburg. Matapos salubungin sina Elder at Sister Maxwell sa airport, isinama na namin sila ni Susan sa bahay namin para makapagpahinga at makapananghali nang kaunti bago ang debosyonal.

Tinanong ko si Elder Maxwell kung ano ang natutuhan niya sa kanyang pagkakasakit. Hindi ko malilimutan ang maikli at nakaaantig na sagot niya. “Dave,” sabi niya, “natutuhan ko na ang hindi pagsuko ay mas mainam kaysa pananatiling buhay.”

MGA PAGLALARAWAN NI BEN SOWARDS

"Tumatag ang aking pananampalataya nang masaksihan ko na pinayagan ng mag-asawang ito ang kanilang matindi at malinaw na mga hangaring gumaling na "[mapasakop] sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7).

Ang sagot niya sa tanong ko ay isang prinsipyong natutuhan niyang mabuti sa kanyang pagpapa-chemotherapy. Noong Enero 1997, sa araw na nakatakdang simulan ang unang panggagamot sa kanya, tumingin si Elder Maxwell sa kanyang asawa, inabot ang kamay nito, bumuntong-hininga, at sinabing, "Ayaw ko lang sumuko."

Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1997, itinuro ni Elder Maxwell nang buong pananalig: "Sa pagharap natin sa sarili nating . . . mga pagsubok at pagdurusa, tayo man ay maaaring makiusap sa Ama, tulad ng ginawa ni Jesus, na 'hindi [tayo] . . . manliit'—ibig sabihin ay umatras o umurong (D at T 19:18). Mas mahalagang hindi sumuko kaysa manatiling buhay! Bukod pa riyan, ang pag-inom sa mapait na saro nang hindi sumasama ang loob ay bahagi rin ng pagtulad kay Jesus."[1]

Ang mga talata sa banal na kasulatan tungkol sa pagdurusa ng Tagapagligtas nang ialay Niya ang walang-katapusan at walang-hanggang nagbabayad-salang sakripisyo ay naging mas mahalaga at makabuluhan sa akin.

"Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi;

"Subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit, at labasan ng dugo sa bawat pinakamaliit na butas ng balat, at magdusa kapwa sa katawan at sa espiritu—nagnais na kung maaari ay hindi ko lagukin ang mapait na saro at manliit—

"Gayon pa man, ang kaluwalhatian ay mapasa Ama, at ininom ko at tinapos ang aking paghahanda para sa mga anak ng tao." (D at T 19:16–19).

Hindi nanliit ang Tagapagligtas sa Getsemani o sa Golgota.

Hindi rin nanliit si Elder Maxwell. Ang magiting na Apostol na ito ay buong tatag na sumulong at nabiyayaan ng dagdag na panahon sa buhay na ito upang magmahal, maglingkod, magturo, at magpatotoo. Ang mga huling taon ng kanyang buhay ay malinaw na nagpakita ng halimbawa ng kanyang katapatan bilang disipulo—kapwa sa kanyang mga salita at gawa.

Naniniwala ako na aasahan ng karamihan sa atin na ang isang taong may espirituwal na kakayahan, karanasan, at pagkataong gaya ni Elder Maxwell ay mahaharap sa malubhang karamdaman at kamatayan nang nauunawaan ang plano ng kaligayahan ng Diyos, nang may katiyakan at biyaya, at may dignidad. Ngunit pinatototohanan ko na ang gayong mga pagpapala ay hindi lamang para sa mga General Authority o sa ilang piling miyembro ng Simbahan.

Mula nang tawagin ako sa Korum ng Labindalawa, nagawa kong makilala ang

matatapat, matatapang, at magigiting na Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo. Nais kong ikuwento sa inyo ang isang binata at isang dalaga na nagpala sa buhay ko at kasama kong natuto ng espirituwal at mahahalagang aral tungkol sa hindi panliliit o pagsuko at pagtutulot sa ating sari-sariling kalooban na "[mapasakop] sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7).

Totoo ang kuwento, at totoong tao ang mga tauhan. Gayunman, hindi ko gagamitin ang tunay na pangalan ng mga taong kabilang dito. Gagamitin ko nang may pahintulot ang mga piling pahayag mula sa kanilang mga personal journal.

"Huwag Mangyari ang Aking Kalooban, Kundi ang Iyo"

Si John ay isang karapat-dapat na maytaglay ng priesthood at matapat na naglingkod bilang full-time missionary. Nang makauwi na mula sa kanyang misyon, nakipagdeyt siya at pinakasalan niya ang mabuti at kahanga-hangang dalagang si Heather. Si John ay 23 at si Heather ay 20 nang ibuklod sila para sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan sa bahay ng Panginoon.

Mga tatlong linggo matapos silang ikasal sa templo, napag-alaman na si John ay may kanser sa buto. Dahil may natuklasan ding mga bukol sa kanyang baga, hindi naging maganda ang resulta ng pagsusuri.

Isinulat ni John sa kanyang journal: "Ito ang pinaka-nakakatakot na araw sa buhay ko. Hindi lamang dahil sinabihan ako na may kanser ako, kundi dahil din sa bagong kasal ako at kahit paano'y nadama ko na bigo ako bilang asawa. Ako ang tutustos at poprotekta sa aming bagong pamilya, at ngayon—tatlong linggo pa lang ako sa tungkuling ito—parang bigo na ako.

Sabi ni Heather: "Nakapanlulumo ang balitang ito, at naaalala ko kung gaano nito binago ang aming pananaw. Nasa isang waiting room ako noon sa ospital at sumusulat ng mga thank-you note sa kasal namin habang hinihintay ang resulta ng mga pagsusuri kay John. Ngunit nang malaman ko na may kanser si John, parang wala nang halaga ang mga Crock-Pot at lutuang regalo sa kasal namin. Ito ang pinakamasaklap na araw sa buhay ko, ngunit naaalala kong natulog ako nang gabing iyon na may pasasalamat na nabuklod kami sa templo. Bagama't sinabi na ng mga doktor na 30 porsiyento na lang ang pag-asa ni John na mabuhay, alam ko na kung mananatili kaming tapat ay 100 porsiyento ang tsansa kong makapiling siya magpakailanman."

Pagkaraan ng mga isang buwan nagsimula na si John sa chemotherapy. Inilarawan niya ang karanasang iyon: "Dahil sa chemotherapy, lalong lumala ang sakit ko. Nakalbo ako, bumaba nang 41 libra ang timbang ko, at parang nagkakahiwa-hiwalay ang katawan ko. Naapektuhan din ng chemotherapy ang aking damdamin, isipan, at espiritu. Parang roller coaster ang buhay noong mga buwan na nagpa-chemo ako; masayang-malungkot, at lahat-lahat na. Ngunit sa kabila ng lahat, nanalig pa rin kami ni Heather na pagagalingin ako ng Diyos. Sigurado kami roon."

Isinulat ni Heather ang mga iniisip at nadarama niya: "Hindi ko kayang hayaang mag-isa si John sa ospital sa gabi, kaya gabi-gabi akong natutulog sa munting sopa sa kanyang silid. Marami kaming mga kaibigan at kapamilyang dumadalaw sa araw, ngunit sa gabi ang pinakamahirap. Nakatitig lang ako sa kisame at nag-iisip kung ano ang plano ng Ama sa Langit para sa amin. Kung minsan naglalaro sa isipan ko ang madidilim na lugar, at takot na takot akong mawala sa akin si John. Ngunit alam ko na ang mga ideyang ito ay hindi mula sa Ama sa Langit. Naging mas madalas ang pagdarasal ko para mapanatag ako, at binigyan ako ng Panginoon ng lakas na magpatuloy."

Ang isa sa mga pinakamalaking pagpapala ng mortalidad ay ang hindi manliit o sumuko at pagpayag natin na ang ating kalooban ay "[mapasakop] sa kalooban ng Ama."

Pagkaraan ng tatlong buwan, sumailalim si John sa isang operasyon para alisin ang malaking bukol sa kanyang binti. Dalawang araw matapos ang operasyon, dinalaw ko sina John at Heather sa ospital. Pinag-usapan namin ang unang pagkakataon na nakilala ko si John sa mission field, ang kanilang kasal, ang kanser, at ang mga aral na walang hanggan ang kahalagahan na natututuhan natin sa mga pagsubok sa buhay na ito. Pagkatapos naming mag-usap, hiniling ni John na bigyan ko siya ng basbas ng priesthood. Sinabi ko na ikagagalak kong basbasan siya, ngunit kailangan ko munang magtanong ng ilang bagay.

Pagkatapos ay nagtanong ako ng mga bagay na wala akong planong itanong at hindi ko naisip itanong kailanman: "John, nananampalataya ka ba na hindi ka gagaling? Kung kalooban ng ating Ama sa Langit na kunin ka sa iyong kabataan at dalhin ka sa daigdig ng mga espiritu para ituloy ang iyong paglilingkod, may pananampalataya ka bang sumuko sa Kanyang kalooban at hindi gumaling?"

Napuspos ng pasasalamat at paghanga ang puso ko nang masaksihan kong harapin ng bata pang mag-asawang ito ang pinakamabigat na espirituwal na hamon sa lahat—ang mapagpakumbabang isuko ang kanilang kalooban sa kalooban ng Diyos.

Madalas sa mga banal na kasulatan, ginamit ng Tagapagligtas o ng Kanyang mga lingkod ang espirituwal na kaloob na magpagaling (tingnan sa I Mga Taga Corinto 12:9; D at T 35:9; 46:20) at nahiwatigan na ang isang tao ay may pananalig na gagaling siya (tingnan sa Mga Gawa 14:9; 3 Nephi 17:8; D at T 46:19). Ngunit habang nag-uusap-usap kami nina John at Heather at naghahanap ng sagot sa mga tanong na ito, lalo naming naunawaan na kung kalooban ng Diyos na gumaling ang butihing lalaking ito, matatanggap lamang ang pagpapalang iyan kung mananampalataya muna ang matapang na mag-asawang ito na hindi siya gagaling. Sa madaling salita, kailangang madaig nina John at Heather, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, ang "likas na tao" (Mosias 3:19) ang tendensiya nating lahat na walang tiyagang hilingin at patuloy na ipilit ang mga pagpapalang gusto natin at inaakala nating marapat nating tanggapin.

Natanto namin ang isang alituntuning akma sa bawat tapat na disipulo: ang matatag na pananampalataya sa Tagapagligtas ay mapagpakumbabang pagtanggap sa Kanyang kalooban at kagustuhan sa ating buhay—kahit na ang kalabasan ay hindi ang ating inasahan o ninanais. Tiyak na nanaisin, hahangarin, at ipagdarasal nina John at Heather nang buo nilang kakayahan, isipan, at lakas na gumaling si John. Ngunit ang mas mahalaga, sila ay "nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa [kanila], maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama" (Mosias 3:19). Tunay ngang handa silang "ialay ang [kanilang] buong kaluluwa bilang handog sa kanya" (Omni 1:26) at mapagpakumbabang ipagdarasal na, "Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:42).

Ang sa una'y tila nakalilitong mga tanong para sa amin nina John at Heather ay naging bahagi ng maraming kabalintunaan ng ebanghelyo. Isipin ang payo ng Tagapagligtas: "Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon" (Mateo 10:39). Sinabi rin Niya, "Datapuwa't maraming mga una na mangahuhuli; at

mga huli na mangauuna" (Mateo 19:30). At pinayuhan ng Panginoon ang kanyang mga disipulo sa mga huling araw, "Sa pamamagitan ng iyong salita maraming mapagmataas ang ibababa, at sa pamamagitan ng iyong salita maraming mababaha ang itataas" (D at T 112:8). Kaya nga, ang pagkakaroon ng pananampalatayang hindi gumaling ay tila akma sa makapangyarihang huwaran ng pag-unawa sa mga kabalintunaan kung saan kailangan tayong humingi, maghanap, at kumatok upang matanggap natin ang kaalaman at pang-unawa (tingnan sa 3 Nephi 14:7).

Matapos pag-isipang mabuti ang mga tanong ko at makausap ang kanyang asawa, sinabi sa akin ni John: "Elder Bednar, ayaw ko pong mamatay. Ayaw kong iwan si Heather. Ngunit kung kalooban ng Panginoon na dalhin ako sa daigdig ng mga espiritu, palagay ko payag ako riyan."

Napuspos ng pasasalamat at paghanga ang puso ko nang masaksihan kong harapin ng bata pang mag-asawang ito ang pinakamabigat na espirituwal na hamon sa lahat—ang mapagpakumbabang isuko ang kanilang kalooban sa kalooban ng Diyos. Tumatag ang aking pananampalataya nang masaksihan ko na pinayagan ng mag-asawang ito ang kanilang matindi at malinaw na mga hangaring gumaling na "[mapasakop] sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7).

Inilarawan ni John ang kanyang reaksyon sa aming pag-uusap at ang basbas na natanggap niya: "Ibinahagi sa amin ni Elder Bednar ang sinabi ni Elder Maxwell na mas mabuting hindi manliit (o sumuko) kaysa manatiling buhay. Pagkatapos ay tinanong kami ni Elder Bednar, 'Alam ko na may pananampalataya kang gumaling, ngunit may pananampalataya ka bang hindi gumaling?' Kakaiba ang konseptong ito sa akin. Ang itinatanong pala niya ay may pananampalataya ba akong tanggapin ang kalooban ng Diyos kung loobin Niyang hindi ako gumaling? Kung malapit na ang oras kong pumasok sa daigdig ng mga espiritu sa pagkamatay ko, handa ba akong pasakop at tanggapin ito?"

Kahit malakas ang ating pananampalataya, maraming balakid ang hindi maaalis. At hindi lahat ng maysakit at may karamdaman ay gagaling.

Sabi pa ni John: "Ang magkaroon ng pananampalatayang hindi gumaling ay tila salungat sa likas na inaasahan; ngunit binago ng pananaw na iyan ang paraan ng pag-iisip naming mag-asawa at tinulutan kaming magtiwala nang lubusan sa plano ng Ama para sa amin. Nalaman namin na kailangan naming magkaroon ng pananampalataya na ang Panginoon ang bahala anuman ang kalabasan nito, at gagabayan Niya kami mula sa aming kinaroroonan tungo sa kailangan naming kalagyan. Nang manalangin kami, ang pagsamong 'Pagalingin po Ninyo ako' ay naging 'Bigyan po Ninyo ako ng pananampalatayang tanggapin anuman ang kalabasan ng naiplano Ninyo para sa akin.'

"Natiyak ko na dahil si Elder Bednar ay isang Apostol, babasbasan niya ang mga sangkap ng aking katawan para muling umayos ito, at tatalon ako mula sa kama at magsisimulang sumayaw o ano pa mang tulad nito! Ngunit nang basbasan niya ako nang araw na iyon, nagulat ako na ang mga salitang binigkas niya ay halos katulad ng sinabi ng aking ama, ng aking biyenan, at ng mission president ko. Natanto ko na sa huli ay hindi mahalaga kung kaninong mga kamay ang nakapatong sa aking ulo. Ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi nagbabago, at ang Kanyang kalooban ay ipinaaalam sa bawat isa sa atin at sa pamamagitan ng Kanyang mga awtorisadong lingkod."

Pagsulat ni Heather: "Magkakahalong damdamin ang nadama ko sa araw na ito. Nakumbinsi ako na ipapatong ni Elder Bednar ang kanyang mga kamay sa ulo ni John at lubusan siyang pagagalingin mula sa kanser. Alam ko na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood ay maaari siyang gumaling, at iyan talaga ang gusto kong mangyari. Matapos niya kaming turuan tungkol sa pananampalatayang hindi gumaling, takot na takot ako. Hanggang sa puntong iyon, hindi ko natanggap kailanman na maaaring kasama sa plano ng Panginoon ang pagpanaw ng aking asawa. Ang pananampalataya ko ay nakabatay sa mga nais kong kalabasan nito. Sa isang banda, hindi matalinong gawin ito. Bagama't nakakatakot noong una, ang ideya na magkaroon ng pananampalatayang hindi gumaling ay pumawi sa aking pagaalala. Dahil dito nagkaroon ako ng lubos na tiwala na mas kilala ako ng Ama sa Langit kaysa sa pagkakakilala ko sa aking sarili at gagawin Niya ang pinakamabuti para sa amin ni John."

Ibinigay ang basbas, at lumipas ang mga linggo, buwan, at taon. Himalang gumaling ang kanser ni John. Nakatapos siya ng pag-aaral sa kolehiyo at nagkaroon ng magandang trabaho. Patuloy na pinatatag nina John at Heather ang kanilang relasyon at masayang nagsama.

Kalaunan ay nakatanggap ako ng isang liham mula kina John at Heather na nagsasabing umulit ang kanser. Nagpasimulang muli ang chemotherapy at itinakda ang operasyon. Paliwanag ni John: "Ang balitang ito ay hindi lamang namin ikinalungkot ni Heather, kundi nagulumihanan pa

kami rito. Mayroon ba kaming hindi nalaman noong una? May iba pa bang inasahan ang Panginoon mula sa amin?

"Kaya't nagdasal ako at humingi ng kalinawan at tulong sa Panginoon na ipaunawa sa akin kung bakit umulit ang kanser. Isang araw habang binabasa ko ang Bagong Tipan ay natanggap ko ang sagot. Binasa ko ang salaysay tungkol kay Cristo at sa Kanyang mga Apostol sa dagat nang dumating ang bagyo. Sa takot na tumaob ang bangka, lumapit ang mga disipulo sa Tagapagligtas at nagtanong, 'Guro, wala bagang anuman sa iyo na mapahamak tayo?' Ganito mismo ang nadama ko! Wala bagang anuman sa iyo na may kanser ako? Wala bagang anuman sa iyo na gusto naming bumuo ng isang pamilya? Ngunit habang binabasa ko ang kuwento, natagpuan ko ang sagot. Tumingin sa kanila ang Panginoon at sinabing, 'Oh kayong kakaunti ang pananampalataya,' at iniunat ang Kanyang kamay at pinayapa ang mga tubig.

"Sa sandaling iyon ay kinailangan kong itanong sa aking sarili, 'Naniniwala nga ba ako rito? Naniniwala nga ba ako na pinayapa Niya ang mga tubig nang araw na iyon? O maganda lang basahin ang kuwentong ito?' Ang sagot ay: Naniniwala ako, at dahil alam kong pinayapa niya ang mga tubig, agad kong nalaman na mapapagaling Niya ako. Hanggang sa sandaling ito, nahirapan akong tanggapin na kailangan kong manampalataya kay Cristo at na mangyayari ang Kanyang kalooban. Magkahiwalay ang tingin ko sa mga ito, at kung minsan pakiramdam ko ay magkasalungat ang dalawang ito. 'Bakit ako dapat manampalataya kung sa huli ay kalooban Niya ang mananaig,' tanong ko? Pagkatapos ng karanasang ito, nalaman ko na ang pagkakaroon ng pananampalataya—sa kalagayan ko man lang—ay hindi ang pagkaalam na *pagagalingin* Niya ako, kundi na *mapapagaling* Niya ako. Kinailangan kong maniwala na magagawa Niya, at nasa Kanya na kung mangyari man ito.

"Nang manalig ako sa dalawang ideyang iyon, pananampalatayang nakatuon kay Jesucristo at lubusang pagtanggap sa Kanyang kalooban, mas napanatag at napayapa ako. Talagang kagila-gilalas na makita ang kamay ng Panginoon sa ating buhay. Naging maayos ang lahat, nangyari ang mga himala, at patuloy kaming nakadarama ng pagpapakumbaba na makita ang plano ng Diyos para sa amin."

Ang kabutihan at pananampalataya ay mga kasangkapan sa pag-aalis ng mga balakid—kung ang pag-aalis ng mga balakid ay nagsasakatuparan sa mga layunin ng Diyos at naaayon sa Kanyang kalooban. Ang kabutihan at pananampalataya ay tunay na kasangkapan sa pagpapagaling ng maysakit, bingi, at lumpo—kung ang gayong paggaling ay magsasakatuparan ng mga layunin ng Diyos at naaayon sa Kanyang kalooban. Sa gayon, kahit malakas ang ating pananampalataya, maraming balakid ang hindi maaalis. At hindi lahat ng maysakit at may karamdaman ay gagaling. Kung lahat ng oposisyon ay lilimitahan, kung lahat ng hirap ay aalisin, ang pangunahing mga layunin ng plano ng Ama ay mabibigo.

Marami sa mga aral na dapat nating matutuhan sa mortalidad ang matatanggap sa pamamagitan lamang ng mga bagay na nararanasan at pinagdurusahan natin kung minsan. At umaasa at nagtitiwala ang Diyos na haharapin natin ang pansamantalang paghihirap sa buhay sa tulong Niya upang matutuhan natin ang dapat nating matutuhan at sa huli ay marating ang dapat nating marating sa kawalang-hanggan.

At umaasa at nagtitiwala ang Diyos na haharapin natin ang pansamantalang paghihirap sa buhay sa tulong Niya upang matutuhan natin ang dapat nating matutuhan at sa huli ay marating ang dapat nating marating sa kawalang-hanggan.

Ang Ibig Sabihin ng Lahat ng Bagay

Ang kuwentong ito nina John at Heather ay kapwa karaniwan at di-pangkaraniwan. Kinakatawan ng bagong mag-asawang ito ang milyun-milyong mga Banal sa mga Huling Araw na matatapat at tumutupad ng mga tipan sa iba't ibang panig ng mundo na sumusulong sa makipot at makitid na landas nang may matatag na pananampalataya kay Cristo at may ganap na kaliwanagan ng pag-asa (tingnan sa 2 Nephi 31:19–20). Sina John at Heather ay hindi naglilingkod sa mataas na katungkulan sa Simbahan, hindi sila kamag-anak ng mga General Authority, at kung minsan ay mayroon silang mga pag-aalinlangan at pangamba. Sa marami sa mga aspetong ito, karaniwan lang ang kasaysayan nila.

Ngunit ang lalaki at babaeng ito ay pinagpala sa pambihirang mga paraan upang matuto ng mahahalagang aral para sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ng hirap at pasakit. Ibinahagi ko ang kuwentong ito sa inyo dahil naunawaan nina John at Heather, na katulad lang ng napakarami sa inyo, na mas mahalagang hindi manliit o sumuko kaysa manatiling buhay. Dahil dito, ang karanasan nila ay

hindi lang tungkol sa buhay at kamatayan; sa halip, tungkol ito sa pagkatuto, pamumuhay, at pagiging uri ng tao na dapat nilang kahinatnan.

Para sa marami sa inyo, ang kasaysayan nila ay nangyari na o maaaring mangyari sa inyo. Kayo ay nahaharap, naharap, o haharap pa lang sa gayunding mga hamon sa buhay nang may tapang at espirituwal na pananaw na tulad nila John at Heather. Hindi ko alam kung bakit natututuhan ng ilang tao ang mga aral ng walang-hanggan sa pamamagitan ng pagsubok at pagdurusa—habang ang iba naman ay natutuhan din ang mga aral na ito sa pagkaligtas at paggaling. Hindi ko alam ang lahat ng dahilan, ang lahat ng layunin, at hindi ko alam ang lahat tungkol sa takdang panahon ng Panginoon. Tulad ni Nephi, masasabi nating "hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay" (1 Nephi 11:17).

Ngunit may ilang bagay na tiyak na alam ko. Alam ko na tayo ay mga espiritung anak ng mapagmahal na Ama sa Langit. Alam ko na ang Amang Walang Hanggan ang may-akda ng plano ng kaligayahan. Alam ko na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Alam kong isinagawa ni Jesus ang plano ng Ama sa pamamagitan ng Kanyang sukdulan at walang-hanggang Pagbabayad-sala. Alam ko na ang Panginoon, na "naghirap sa burol ng kalbaryo"[2] ay matutulungan at mapapalakas ang "kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:12). At alam ko na ang isa sa mga pinakamalaking pagpapala ng mortalidad ay ang hindi manliit o sumuko at pagpayag na ang ating kalooban ay "[mapasakop] sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7).

Kahit hindi ko alam ang lahat tungkol sa kung paano at kailan at saan at bakit nangyayari ang mga pagpapalang ito, pinatototohanan ko na tunay ang mga ito. At alam ko na kapag sumulong kayo sa inyong buhay na may matatag na pananampalataya kay Cristo, magkakaroon kayo ng kakayahan upang hindi manliit o sumuko. ■

Mula sa debosyonal ng Church Educational System na, "That We Might 'Not . . . Shrink,'" na ibinigay sa University of Texas sa Arlington noong Marso 3, 2013.

MGA TALA

1. Neal A. Maxwell, "Apply the Atoning Blood of Christ," *Ensign,* Nob. 1997, 22.
2. "Jesus ng Nazaret, Aming Hari," *Mga Himno,* blg. 107.

Marami sa mga aral na dapat nating matutuhan sa mortalidad ang matatanggap sa pamamagitan lamang ng mga bagay na nararanasan at pinagdurusahan natin kung minsan.

Ni Brian K. Ashton
Pangalawang Tagapayo, Sunday School General Presidency

PAGTULONG SA MGA KABATAAN NA Magturo



Kailangang magturo ang mga kabataan. Nilinaw ito ng Panginoon nang ilista Niya ang mga tungkulin ng isang saserdote (priest):

"Ang tungkulin ng saserdote ay *mangaral, magturo, magpaliwanag,* manghikayat, at magbinyag, at pangasiwaan ang sakramento." (D at T 20:46; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Sa sumunod na ilang talata ipinagkaloob ng Panginoon sa mga teacher at deacon ang tungkuling magturo at magpaliwanag (tingnan sa D at T 20:58–59). Ang totoo ay lahat ng ating kabataang lalaki at babae ay kailangan ng pagkakataong magturo paminsan-minsan.

Ang mga Pakinabang ng Pagtuturo ng mga Kabataan sa iba Pang mga Kabataan

Si Jesucristo ang perpektong guro. Natutulungan ng pagtuturo ang mga kabataan na sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas at maging higit na katulad Niya. Inihahanda rin sila ng pagtuturo na maging mga missionary, magulang, at lider sa Simbahan. Kapag nagtuturo ang mga kabataan, kailangan nilang pag-aralan ang ebanghelyo at ipamuhay ito. Kailangan ding mapasakanila ang Espiritu para makapagturo (tingnan sa D at T 42:14). Dahil dito, ang mga kabataang guro kadalasan ang mas natututo at nagkakaroon ng mas malakas na patotoo tungkol sa paksa kaysa sa mga miyembro ng klase.

Bukod pa riyan, ang mga kabataang nagtuturo ay nagkakaroon ng tiwala, natututo ng mga kasanayan sa pagtuturo, at nagsisimulang makilala ang hindi nila alam. Ang mga kabataang nagkaroon na ng pagkakataong maging guro ay natututo ring maging mas magagaling na estudyante at miyembro ng klase.

Bukod pa riyan, pinagpapala rin ang mga kabataang tinuturuan. Ang mga kabataan ay kadalasang mas nakikinig at nakikibahagi kapag kaedad nila ang nagtuturo. Tumitibay ang mga pagkakaibigan kapag tinalakay ng mga kabataan ang mga paksa ng ebanghelyo nang may Espiritu. At ang mga kabataan ay kadalasang mas nagkakatulungan sa paglutas ng mga karaniwang problema.

Paano Matutulungan ng mga Adult Leader na Magtagumpay ang mga Kabataan?

Kapag nagtuturo ang mga kabataan, responsibilidad ng mga adult leader na tiyaking angkop ang kanilang pag-uugali at espirituwal ang kapaligiran.

Sinusunod ng mga adult leader ang Espiritu kapag inaanyayahan ang mga kabataan na magturo.[1] Ang ilang kabataan ay hindi handang magturo, at kailangang ingatan ng mga lider na hindi maging asiwa ang mga kabataang ito. Ang iba pang mga kabataan ay maaaring handang magturo ng bahagi lang ng isang lesson, ngunit ang iba ay kayang ituro ang buong lesson. Samantalang ang mga kabataan ay dapat magkaroon ng kahit isang bahagi sa pagtuturo ng karamihan sa mga lesson, hindi nararapat na sila ang magturo ng bawat lesson. Sa maliliit na klase, hindi dapat pagturuin nang napakadalas ang mga kabataan. Ang ilang lesson, lalo na tungkol sa mahihirap na paksa, ay pinakamainam na ituro ng mga adult. Bukod pa rito, kailangang makita ng mga kabataan ang mga adult leader na maging halimbawa ng mga tamang alituntunin sa pagtuturo.

Ang mga adult leader o mga magulang ay dapat turuang isa-isa ang mga kabataan para matulungan silang ihanda ang kanilang mga lesson. Ang tulong na ito ay kinabibilangan ng paghiling sa mga kabataan na basahin ang lesson kahit isang linggo lang bago magklase,[2] na iminumungkahing magdasal sila para malaman kung ano ang gusto ng Ama sa Langit na ituro nila, gumawa ng

Kailangang magturo ang mga kabataan, at sa kaunting tulong, makakapagturo sila nang maayos.

lesson plan, at magpraktis na ituro ang lesson na kasama sila. Kapag tumanggap ng paghahayag ang mga kabataan habang naghahanda sila, matutulungan sila ng mga lider na makilala ito.

Matutulungan ng mga adult leader ang mga kabataang guro na bumuo ng mga tanong na hihikayat ng talakayan, mag-aanyaya ng inspirasyon ng Espiritu Santo, at tutulong sa mga estudyante na tuklasin nila mismo ang katotohanan. Maaari ding tulungan ng mga lider ang mga kabataan na matutong tumahimik matapos magtanong para bigyan ng oras ang mga miyembro ng klase na makatanggap ng paghahayag.

Sa oras ng klase, maaaring magbahagi ang mga adult leader ng mga personal na karanasan at patotoo na makakatulong sa mga kabataan na makita na hindi sila nag-iisa sa kanilang mga hamon at bigyan sila ng pag-asa na madaig ang mga ito. Kailangan ng mga kabataan ang karunungan at karanasang iniaalok ng mga adult leader. Dapat ding linawin ng mga lider ang doktrina kapag kailangan.

Iniiwasan ng mga adult leader na humalili sa pagtuturo kahit nahihirapan ang kabataang guro. Gayunman, maaaring maghanda ang mga lider na magbigay ng suporta sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga materyal sa lesson bago magklase at pagdarasal kung paano nila higit na matutulungan ang kabataang guro.

Ang mga Kabataan ay Maaaring Magturo, at Magturo nang Mahusay

Kamakailan ay hinilingan akong humalili sa pagtuturo sa Sunday School class ng mga 12- at 13-taong-gulang sa ward namin. Pinakiusapan ko ang aking 13-taong-gulang na anak na si Jacob na tulungan akong magturo. Magkasama kaming gumawa ng lesson plan. Si Jacob ang nagturo sa unang kalahati ng lesson, nagpalabas ng maikling video, nagbahagi ng mga talata sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa aming paksa, at nagtanong ng magagandang bagay. Tinanong din ni Jacob ang mga miyembro ng klase kung ano ang nadarama nila at tinulungan silang makilala ang Espiritu Santo.

Sa huling kalahati ng klase, inutusan ko ang mga miyembro ng klase na ituro ang Unang Pangitain sa isa't isa. Pagkatapos ay inanyayahan namin silang ituro ang Unang Pangitain sa kanilang pamilya sa family home evening. Pagkatapos ng klase nagpadala kami ng email sa mga magulang para ipaalam sa kanila ang aming paanyaya.

Nang tanungin ko si Jacob kung ano ang nadama niya tungkol sa lesson, sabi niya, "Ang galing po talaga. Alam ko pong naroon ang Espiritu kasi po akala ko hindi masasagot ng mga kaklase ko ang mga tanong natin, pero nasagot nila."

Kailangang magturo ang mga kabataan, at matutulungan ninyo silang magtagumpay. Kapag ginawa nila ito, lalago ang kanilang patotoo, at magiging mas handa silang maging mga missionary, magulang, at lider sa Simbahan. Ang mas mahalaga, magiging higit na katulad sila ng Tagapagligtas. ■

Tingnan ang bagong manwal na Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas, *sa pagtuturo.lds.org para sa iba pang mga ideya tungkol sa pagpapahusay ng pagtuturo.*

MGA TALA

1. Sumasangguni ang mga Aaronic Priesthood quorum president sa kanilang mga adult leader sa pagpapasiya kung sino ang mga kabataang magtuturo sa darating na mga lesson (tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* [2010], 8.3.2).
2. Dahil dumarating ang paghahayag nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30), ang pagbabasa ng lesson kahit isang linggo lang bago magklase ay nagbibigay ng oras sa mga guro na makatanggap ng paghahayag.

Pagiging Babae

ISANG WALANG-HANGGANG PANANAW

Gusto kong sabihin sa lahat mula sa sarili kong karanasan na ang buhay ko ay masaya at marangal at mas mabuti bilang babae dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Ni Sharon Eubank
Direktor ng LDS Charities

Maraming taon na ang nakararaan, nagsasagawa noon ng leadership training ang kaibigan ko at ang kanyang asawa sa lalawigan ng Ghana, at pagkatapos ay nilapitan siya ng isang babae at madamdaming sinabi sa kanya, "Simbahan ito ng babae." Tinanong ng kaibigan ko ang babae kung ano ang ibig niyang sabihin. Sinabi nito, nang buong kasimplihan, "Napakaganda ng Relief Society namin, at tinuturuan kami nito tungkol sa mga espirituwal at pang-araw-araw na bagay na nagpapala sa aming pamilya at sa amin. At kasabay nito ay nasa kabilang silid ang inyong asawa at tinuturuan ang aming asawa na kailangan nilang tratuhin ang kanilang asawa at mga anak nang may kabaitan at kahinahunan. Mayroon tayong templo, kaya ang pumanaw kong mga anak ay magiging akin magpakailanman. Lahat ng gusto ko ay nasa simbahang ito. Ito ay simbahan ng babae."

Ito ba ay simbahan ng babae? May ilang nakakatuwang eksepsyon, pero halos lahat ng personal na karanasan ko ay nagbigay sa akin ng kapangyarihan. Kaya sa halip na sagutin ko ang tanong para sa inyo, aasa na lang ako sa nasaksihan ko sa buong mundo. Hindi ako isang scholar, isang eksperto sa pag-aaral, o tagapagsalita para sa Simbahan. Pero gusto kong sabihin sa lahat mula sa sarili kong karanasan na ang buhay ko ay masaya at marangal at mas mabuti bilang babae dahil sa ebanghelyo at sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Malayo sa pagiging mahigpit at makaluma, ang doktrina ng Simbahan tungkol sa ginagampanan ng kababaihan sa pamilya, Simbahan, komunidad, bansa, at templo—at kung paano makikipagugnayan at makikisalamuha ang kalalakihan at kababaihan sa isa't isa—ay ang pinakamahinahon, makapangyarihan, maliwanag, at nakasisiglang doktrinang ipinahayag na narinig ko. Kaya sinasabi ko sa mga kapatid na babae na ang minimithi ninyo bilang isang babae, isang Kristiyano, isang intelektuwal, isang walang-hanggang nilalang ay narito sa doktrina ni Jesucristo at sa pagpapatupad ng doktrinang iyon sa Simbahan.

ITAAS: LARAWAN NG MGA BULAKLAK © ISTOCK/THINKSTOCK

"Mabubuting kababaihan ng mundo . . . ang mapupunta sa Simbahan nang maramihan . . . [hanggang sa] . . . makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan—sa masayang paraan—mula sa kababaihan ng sanlibutan."

Pangulong Spencer W. Kimball

Pantay ang Pananagutan ng Kalalakihan at Kababaihan sa Doktrina ng Diyos

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay para sa kalalakihan at kababaihan, at kapwa sila pinananagot sa doktrina ng Diyos, nang walang kinikilala o kinikilingan. Hindi kinukunsinti ng Diyos ang pornograpiya, pakikiapid, pang-aabuso, kapabayaan, hindi pagkakapantay-pantay, o pang-aapi, anuman ang ating kasarian.

Ipinapaalam din sa atin ng doktrinang ito kung saan tayo nagmula, bakit tayo narito, at saan tayo pupunta. Ipinauunawa sa atin nito ang ating kasarian bilang mga babae at lalaki gayundin ang ating papel bilang mga anak, kapatid, asawa, at ina at ama.[1]

Itinuro ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Inihayag na ng mga propeta na nabuhay muna tayo bilang mga katalinuhan at na pinagkalooban tayo ng anyo, o mga espiritung katawan, ng Diyos, kaya tayo naging Kanyang mga espiritung anak—mga anak na lalaki at babae ng mga magulang sa langit."[2] Mayroon nang katalinuhan noon pa man (tingnan sa D at T 93:29).

Ako ay isang *babae*. Kasama sa kasarian ang ilang katangian at responsibilidad.

Ako ay isang *anak na babae*. Nililiwanag ng papel na ito ang kaugnayan ko sa Diyos. Ako ay may banal na mga magulang at may karapatan, bilang anak, na makipag-ugnayan sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng panalangin at tumanggap ng paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo.[3]

Ako ay isang *kapatid na babae*. Ang papel na ito ay nangangahulugan na ako ay isang Kristiyano, miyembro ng Simbahan, kapatid sa ebanghelyo, disipulo, at na nakipagtipan akong magsakripisyo at magpakabanal at maglingkod at mamuno.

Maaari din akong magkaroon ng pagkakataon sa buhay na ito na maging isang *asawa*—kung hindi man sa buhay na ito, tiyak na sa susunod. Ang papel na ito ay kung ano ang kaugnayan ko sa pinili kong kapantay na katuwang, isang asawa. Bagama't hindi kami magkapareho—dahil walang sinuman ang may kombinasyon ng mga kaloob at katangiang mayroon ako o mayroon siya—ginagamit namin ang aming magkakatuwang na katangian upang subukang maging isa. Ang salitang *pagbubuklod* ay napakagandang paglalarawan ng walang-hanggang potensyal na magkaisa bilang mag-asawa na nilikha ng awtoridad ng priesthood sa isang templo.

Ang papel ng *ina* ay ang kaugnayan ko sa aking mga inapo. Matamo ko man ang papel na ito sa maikling buhay ko sa lupa o sa kabilang-buhay, ang pangako ng walang-hanggang pamilya ay ibinibigay sa mga mag-asawang ibinuklod sa templo at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Pangako (tingnan sa D at T 132:19).

Ang ating doktrina ay kakaiba sa mundo, at bahagi ito ng Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Isipin kung ano ang kahulugan nito kung nauunawaan at pinaniniwalaan ninyo ang doktrinang ito. Nagbibigay ito sa akin ng walang-hanggang pananaw sa lahat ng ginagawa ko.

Sa Simbahan Natin Ipinatutupad ang Doktrina ng Diyos

Naniniwala ako na sa pagiging miyembro ng Simbahan, nagiging kabahagi ako ng isa sa pinakamagagandang programa sa pag-unlad na naiplano kailanman. Ang isang malawak na kurikulum sa pansariling pag-unlad, pagkakaroon ng kapangyarihan, at pamumuno para sa kababaihan ay nangyayari lamang sa paggawa ng mga ginagawa ng lahat ng miyembro: pamumuno, pagsasalita sa publiko, pagdedesisyon, nakakukumbinsing talakayan, pagbabadyet, pag-impluwensya, paglilingkod sa komunidad, pagkatutong bumasa at sumulat, pagsasaliksik, resource development, paghahalaman, pagpreserba ng pagkain, kalusugan ng pamilya—wala itong katapusan.

Naniniwala ako na nagkakaroon ng mga maling pagkaunawa sa mga papel na ginagampanan ng kababaihan kapag



LILOK NA YARI SA TANSO NA LIKHA NI LAURA LEE BRADSHAW, LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; MGA LARAWAN NG MGA BULAKLAK © ISTOCK/THINKSTOCK

magkakontra ang doktrina at ang pagpapatupad ng doktrina. Gayunman, sa patuloy na paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta at sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, maaaring patuloy nating makilala at maalis ang halos lahat ng lumalabas na maling pagkaunawa.

Halimbawa, patuloy na nililinaw ng mga Apostol at propeta ang mga konseptong pinaniniwalaan natin noon pa man:

- Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na "Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay pumunta sa templo, kapwa sila pinagkakalooban ng kapangyarihan, ang kapangyarihan ng priesthood."[4]
- Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hindi karaniwan sa atin ang sabihing may awtoridad ng priesthood ang kababaihan sa kanilang mga tungkulin sa Simbahan, ngunit ano pa bang awtoridad ang maitatawag dito?"[5]
- Ipinaliwanag ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Bawat ama ay isang patriarch sa kanyang pamilya at bawat ina ay isang matriarch at pantay ang natatangi nilang papel bilang mga magulang."[6]

1. Isaisip ang Mas Malawak na Pananaw

Maaari ba akong magbigay ngayon ng tatlong mungkahing tutulong sa atin para maipatupad ang doktrina? Ang unang mungkahi ko ay isaisip ang mas malawak na pananaw na ibinibigay ng doktrina ni Jesucristo.

Noong araw, bilang direktor ng LDS Charities, nasa isang miting ako nang may agarang nakiusap hinggil sa mga Kristiyanong refugee na pinaalis sa Mosul, Iraq, ng mga puwersang Islamic State at nagpuntahan sa Kurdistan. Ang pastor ng Anglican Church sa Baghdad ay may 5,000 tao na nagsisiksikan sa patyo ng kanyang simbahan, at walang makain. Humingi ng emergency funds ang humanitarian missionary couple na Latter-day Saint para bumili ng bigas, beans, langis, at mga kumot, at agad kaming tumugon para makapaghapunan sila nang gabing iyon.

Dahil sa trabaho ko, ito ang uri ng mga bagay na nasa harapan ko araw-araw. Dahil madalas akong mapilitang lawakan ang aking pananaw, itinatanong ko sa sarili ko, ano ang pinakamainam na paggamitan ng aking lakas? Sa paghahanap natin ng mga sagot, saliksikin natin ang mga doktrina ng ebanghelyo. Ang "pagtingin nang lampas sa tanda" (Jacob 4:14) o pagnanasang masagot ang isang tanong o isang kaugalian ay madalas ilayo ang ating tuon at panahon mula sa pamumuhay ayon sa ebanghelyo.

Tinalakay ni Bonnie L. Oscarson, Young Women general president, ang pananatiling nakaangkla sa ebanghelyo habang hinahanap natin ang mga sagot: "Mapipili nating patuloy na sundin o hindi sundin ang nadama na natin. Walang mga sagot para sa lahat, ngunit pinipili natin kung magiging tapat tayo sa ipinadama sa atin ng Espiritu Santo. Patuloy nating sikaping pagbutihin pa ang mga bagay-bagay, ngunit patuloy tayong sumampalataya hanggang sa mangyari iyon."[7]

Patuloy na magbabago ang ating mga gawi sa Simbahan habang natututo tayong ipamuhay ang ating doktrina sa mas mabuti at mas perpektong mga paraan. Sana ay maging mas patas at pantay ang susunod na henerasyon sa pamumuhay nila ng ebanghelyo. Ngunit naniniwala rin ako na nasa tamang lugar na ang mga pangunahing batayan at sapat na para mapangalagaan ang ating pananampalataya at patotoo.

2. Manatiling Tapat sa Harap ng Oposisyon

Hindi naman masama ang oposisyon. Naniniwala ako na pinalalakas din tayo ng oposisyon. Nang bisitahin ko ang Huntington Botanical Gardens sa San Marino, California, USA, napansin ko na ginaya sa malalaking bentilador sa exhibit ang pag-ihip ng hangin pakanluran na nagpapatibay sa mga punong tropiko para mapaglabanan ang posibleng mga bagyo. Ipinadadala sa atin o tinutulutan ng Panginoon ang "mga pag-ihip ng hangin pakanluran" araw-araw sa mga problema at kakayahang lumaban para palakasin ang ating mga ugat at maging mas flexible o mas madali tayong makibagay. Ang mga hamong iyon ay isa talagang kaloob.

Ang sumusunod na dalawang maiikling kuwento mula sa kasaysayan ng Simbahan ay nagbibigay sa atin ng pananaw tungkol sa oposisyon:

Ang unang maikling kuwento ay ang pagdating ni Brigham Young sa Salt Lake Valley noong 1847, ayon sa paglalarawan ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008): "Wala pang ararong nakahukay sa lupa nito. Hindi

Umaalis ang Banal na Espiritu kapag nagsimula ang isang lalaki o isang babae na gumamit ng di-makatwirang pamamahala at nabigong mamuno nang may kaamuan, pagmamahal, at kadalisayan.

Tingnan sa D at T 121:37

alam [ni Brigham Young] kung mataba ang lupang ito, ni ang mga panahon, ang klima, ang yelo, kung gaano katindi ang taglamig, ang posibilidad na may mga pesteng insekto. Ang [naunang mga explorer] na sina Jim Bridger at Miles Goodyear ay walang masabing maganda tungkol sa lugar na ito. Nakiusap si Sam Brannan sa kanya na magpunta sa California. Wala siyang pinakinggang isa man sa kanila. Inakay niya ang kanyang mga tao sa mainit at mukhang napakapanglaw na lugar na ito. Pagdating niya, inilibot niya ang kanyang tingin sa malawak na lupaing ito hanggang sa lawa ng asin sa kanluran at sinabing, 'Ito ang tamang lugar.'"[8]

Ang pangalawang maikling kuwento ay ang pag-alaala ni Wilford Woodruff sa isang pahayag ni Propetang Joseph Smith. Nagsalita ang Propeta sa mga unang araw ng Panunumbalik sa isang maliit na pagtitipon ng mga pinuno tungkol sa darating na malawak na kaalaman tungkol sa doktrina: "Mga kapatid, lubos akong nabigyan ng inspirasyon at natuto sa inyong mga patotoo ngayong gabi, ngunit gusto kong sabihin sa inyo sa harap ng Panginoon, na ang nalalaman ninyo hinggil sa tadhana ng Simbahang ito ay katulad lamang ng nalalaman ng isang sanggol na nasa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo ito nauunawaan."[9]

Ibinabahagi ko ang dalawang kuwentong ito dahil inilalarawan ng mga ito ang nadarama ko. Ang pagiging nasa tamang lugar o pagkakaroon ng tamang doktrina ay hindi nangangahulugan na walang nakakasilaw na mga lugar na maraming asin at tadtad ng maiitim na kuliglig o nakamamatay na yelo ng taglamig o mga taong hindi naniniwala sa kakayahan ninyo, ngunit ito ang tamang lugar at tamang doktrina. At dapat ay patuloy tayong manampalataya. Nauunawaan natin ang nauunawaan ng isang sanggol sa kandungan ng kanyang ina tungkol sa ginagawa ng Panginoon sa kalalakihan at kababaihan at sa priesthood. Ngunit nasisiyahan ang Panginoon na turuan tayo hangga't kaya natin, hangga't lumalago tayo, hangga't hinihiling natin. At kapag naragdagan ang ating pang-unawa, magagawa natin ang sinabi ni Sister Oscarson, "Patuloy tayong sumampalataya hanggang sa mangyari iyon."

3. Hangarin ang Espiritu Santo

Pagtatanong at paghahanap ng mga sagot ang batayan ng pagtatamo ng patotoo sa doktrina ng Diyos. Magpapatotoo ang Espiritu Santo kapag totoo ang isang bagay sa pamamagitan ng payapa at nag-aalab na damdamin. Sinabi ni Linda K. Burton, Relief Society general president, tungkol sa prosesong ito: "Pumunta tayo sa mga tamang mapagkukunan ng mga sagot. Bakit tayo maniniwala sa Internet at hindi sa mga propeta? Maaari nating alamin kung paano magtanong sa paraang naghihikayat ng pagtutulungan at naghahayag ng tapat na pag-aalala. . . . Ngunit maging matiyaga at mapagpakumbaba."[10]

Itinuro sa atin ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang pagkakaiba ng impluwensyang mula kay Satanas sa mga sagot mula sa Diyos: "Sino ang bumubulong [ng mga kasinungalingan] nang napakahina sa ating tainga? . . . Batid

nating lahat kung sino ang gumagawa nito—ang ama ng lahat ng kasinungalingan. Ito si Lucifer, ang kalaban nating lahat."[11]

Si Propetang Joseph Smith, na mas maraming karanasan sa pagtanggap ng mga paghahayag kaysa sinuman sa dispensasyong ito, ay nagsikap na ituro sa atin na ang pagtatanong ay kailangang may kaakibat na pangakong makiisa at gumalang. Inaanyayahan nito ang Espiritu Santo. Noong 1839, isinulat ni Joseph sa kanyang liham mula sa Liberty Jail na "ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit" at ang kapangyarihang iyon sa priesthood ay kailangang panatilihin "sa pamamagitan . . . ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig" (D at T 121:36, 41). Itinuro ng Propeta ang gayunding mga alituntunin sa Relief Society: "Kaamuan, pagmamahal, kadalisayan—ang mga bagay na ito ang dapat mag-angat sa [atin]."[12]

Binanggit ni Joseph Smith ang kahinahunan at kaamuan bilang paraan ng pagdama sa Espiritu Santo at paggamit ng mabuting impluwensya. Sinabi niya ito kapwa sa kalalakihan at sa kababaihan dahil naaapektuhan nito kapwa ang lalaki at ang babae sa kanilang pagsasama at sa Simbahan. Lahat ng kapangyarihan at banal na pahintulot ay nawawalan ng bisa (dahil umaalis ang Banal na Espiritu) kapag nagsimula ang isang lalaki o isang babae na gumamit ng di-makatwirang pamamahala (tingnan sa D at T 121: 37) at nabigong mamuno nang may kaamuan, pagmamahal, at kadalisayan.

Ang Minimithi ng Kababaihan ay Nasa Ating Doktrina

Minimithi ng maraming kababaihan sa mundo na mapahalagahan, makasumpong ng layunin sa kanilang lakas, makatagpo ng mga lalaking nais bumuo ng mga pamilya at maging tapat.

Minsan ay may nakilala akong British dancer habang sakay ng tren sa Finland. Pareho kaming natuwa na nagsasalita kami ng Ingles, at habang nag-uusap kami ay tinanong namin ang isa't isa: Ano ang ginagawa mo sa Finland? Ano ang pinaniniwalaan mo? Nang malaman ang mga pinaniniwalaan ko, itinanong niya, "Hindi ka naninigarilyo o umiinom? Hindi ka ba naniniwala sa pagtatalik bago ang kasal?" At sa buong pag-uusap namin, patuloy niyang binabalikan ang paksang ito, na nagtataka. "Palagay ko kung nakipagdeyt ka sa mga lalaki na gayon din ang nadama, puwedeng mangyari iyon," sabi niya. At kalaunan: "May mga lalaki bang gayon din ang nadarama?" Nagsimula siya na mapanlibak at nagwakas na nag-iisip. Gutom siya sa isang bagay na narinig niya sa ating doktrina.

Hindi ko nalimutan kailanman ang pag-uusap naming iyon sa tren at madalas ay ipinapaalala nito sa akin ang bantog na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Ang karamihan sa malaking pag-unlad sa Simbahan sa mga huling araw ay darating sapagkat marami sa mababuting kababaihan ng mundo . . . ang mapupunta sa Simbahan nang maramihan. Mangyayari ito dahil magpapakita ng kabutihan at kahusayan sa pananalita ang kababaihan ng Simbahan sa kanilang buhay at makikitang natatangi at kakaiba ang kababaihan ng Simbahan—sa masayang paraan—mula sa kababaihan ng sanlibutan."[13]

Ang doktrina ng identidad at mga papel na ginagampanan ng kababaihan ay kumakatawan sa pinakamatitinding hangarin ng puso ko. Ang pamumuhay ng mortal na mga miyembro ayon sa doktrina ng Diyos ay hindi perpekto, ngunit ito ay tumutugon, buhay, puspos ng pag-asa at mabuting layunin. Naniniwala tayo na "maghahayag pa [ang Diyos] ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9). Mapipili nating sundin ang mga doktrinang iyon.

Kaya itatanong kong muli: Ito ba ay simbahan ng babae? Ang sagot ko ay batay lamang sa sarili kong karanasan sa buong mundo. Oo. ■

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa FairMormon Conference sa Provo, Utah, USA, noong Agosto 8, 2014.

MGA TALA

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
2. D. Todd Christofferson, "Bakit Dapat Mag-asawa at Bumuo ng Pamilya," *Liahona,* Mayo 2015, 50.
3. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129.
4. M. Russell Ballard, "Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Set. 2014, 36.
5. Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2014, 51.
6. James E. Faust, "The Prophetic Voice," *Ensign,* Mayo 1996, 6.
7. Bonnie L. Oscarson, personal na pakikipag-usap sa awtor, Hulyo 21, 2014.
8. Gordon B. Hinckley, sa James E. Faust, "Brigham Young: A Bold Prophet" (Education Week address, Ago. 21, 2001), 1, speeches.byu.edu.
9. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 159–60.
10. Linda K. Burton, personal na pakikipag-usap sa awtor, Hulyo 21, 2014.
11. Jeffrey R. Holland, "Ang Isa Pang Alibugha," *Liahona,* Hulyo 2002, 70.
12. *Mga Turo: Joseph Smith,* 566.
13. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 266.

Ni Elder
Gene R. Cook
Naglingkod bilang
General Authority
Seventy mula 1975
hanggang 2007

ANG Nawawalang SCRIPTURES

Naririnig at sinasagot nga ng Diyos ang ating mga panalangin kung sasampalataya tayo sa Kanya at sa Kanyang Anak.

Noong Hulyo 29, 1977, kabibisita lang namin ni Sister Cook sa Bolivia Santa Cruz Mission na bahagi ng tungkulin ko bilang miyembro ng Pitumpu nang mag-layover kami sa Cochabamba, Bolivia, airport nang mga limang oras. Pagod na pagod kami, kaya natuwa kaming magkaroon ng ilang oras na pahinga. Nang antok na antok na ako, nakadama ako ng matinding impresyon na dapat akong bumangon para isulat ang ilang ideyang pumapasok sa aking isipan.

Sumulat ako nang halos tatlong oras, para lutasin ang ilang problema sa organisasyon na nagpahirap sa akin sa sarili kong area sa mission nang ilang taon. Nadama ko ang matinding pagbuhos ng Espiritu at tuwang-tuwang isinulat ko ang bawat inspiradong ideya.

Sa wakas ay lumisan na kami patungong La Paz, Bolivia. Magiliw kaming sinalubong nina President at Sister Chase Allred sa airport at isinakay kami sa kanilang van papunta sa mission office. Ini-lock namin ang van, iniwanan ang bagahe namin at ang portpolyo ko sa loob, at pinakiusapan ni Sister Allred ang isang elder na bantayan ang van.

Pagpasok namin sa opisina, nakaharap ng president ang isang babae na malapit nang mamatay ang asawa. Kinalma namin siya ng president at tinulungan namin siya sa kanyang mga pangangailangan. Samantala, nagpunta na sina Sister Cook at Sister Allred sa mission home.

MGA PAGLALARAWAN NI ANNA SUTOR

Ang babae ay nagkaroon ng matinding pahiwatig na isang sagradong bagay ang nilalapastangan.

Nang bumalik kami ng president sa van, wala na ang lahat ng gamit namin. Akala ko dinala na ni Sister Cook ang mga gamit namin sa mission home. Ngunit habang sakay kami ng van papunta sa mission home, natuklasan ko na may sira ang maliit na bintana sa harapan sa kanan at nangamba na ako na baka nanakaw ang mga gamit namin.

Pagdating sa mission home, natanto namin na talagang nanakaw ang lahat ng gamit namin. Ang pagkawala ng mga damit ay lumikha ng agaran ngunit pansamantala lamang na problema. Ang mas nakakasasama ng loob ay nasa ninakaw na portpolyo ang scriptures ko kasama ang mga inspiradong ideyang katatanggap ko lang sa Cochabamba. Pinanghinaan ako ng loob, nagalit, at pakiramdam ko ay wala akong nagawa.

Matapos kaming manalanging lahat na mabalik sana ang mga gamit namin, sinikap naming malibang sa aming hapunan pero hindi namin ito magawa. Ang scriptures ko ay bigay sa akin ng mga magulang ko, na may sulat para sa akin mula sa nanay at sa tatay ko bago pumanaw si Itay at itinuturing ko itong sagrado. Gumugol ako ng libu-libong oras sa pagmamarka, pag-cross-reference, at pagmamahal sa tanging pag-aari ko sa mundo na itinuring kong napakahalaga.

Bagama't marami kaming pag-uusapan ni President Allred, nakaramdam ako ng matinding pahiwatig na kailangan naming gawin ang lahat ng aming makakaya para mabalik ang scriptures. Kaya matapos maghapunan ay lumuhod ang lahat ng naroon upang muling manalangin. Nagsumamo kami sa Panginoon na mabalik ang scriptures ko, na ang mga taong nagnakaw rito ay matanto na masama ang kanilang ginawa at magsisi, at na ang pagbalik sa mga aklat ay maging daan para madala ang isang tao sa totoong Simbahan.

Nagpasiya kaming maghanap sa lugar malapit sa mission office at sa kalapit na bukid, sa pag-asang kinuha lamang ng magnanakaw o mga magnanakaw ang mga maibebenta at itinapon ang Ingles na mga aklat.

Pagkatapos ay sumakay na sa van ang mga 10 sa amin na may dalang mga flashlight at makapal na kasuotan. Nagparoo't-parito kami sa mga kalye, ginalugad namin ang mga bakanteng lote at kinausap ang mga tao hanggang sa magawa namin ang lahat ng posibleng gawin. Walang nakita o narinig ang sinuman. Sa huli umuwi kaming malungkot. Tinapos namin ni President Allred ang aming gawain hanggang hatinggabi, at kinabukasan ay lumipad na kami ni Sister Cook pabalik sa aming tahanan sa Quito, Ecuador.

Nang sumunod na ilang linggo, patuloy na naghanap ang mga missionary sa Bolivia. Sa kawalan ng pag-asa, nagpasiya silang magpaanunsyo sa dalawang pang-araw-araw na pahayagan na nag-aalok ng pabuya.

Samantala, sa Quito, hirap na hirap ako. Ni hindi ko pa napag-aralan ang scriptures simula nang manakaw ang sa akin. Sinubukan ko nang pag-aralan ito, pero tuwing magbabasa ako ng isang talata, ilan lang ang naaalala ko sa maraming cross-reference na nagawa ko sa loob ng mahigit 20 taon. Nasiraan ako ng loob, nalungkot, at nawalan ng ganang magbasa. Maraming beses kong ipinagdasal na matagpuan ang scriptures ko. Patuloy ring nagdasal ang asawa't mga anak ko araw-araw sa loob ng tatlong linggo, na sinasabing, "Ama sa Langit, tulutan po Ninyong mabalik ang scriptures ni Itay."

Pagkaraan ng halos tatlong linggo nagkaroon ako ng matinding espirituwal na pahiwatig: "Elder Cook, gaano katagal kayo patuloy na hindi magbabasa at mag-aaral?" Nakadama ako ng inspirasyon sa sinabi, at ipinasiya ko na kailangan kong magpakumbaba at sumunod nang sapat para makapagsimulang muli. Gamit ang scriptures ng aking asawa, nagsimula akong magbasa sa Genesis sa Lumang Tipan, at sa kanyang pahintulot, nagmarka at nag-cross-reference akong muli.

Noong Agosto 18, isang empleyado ng Simbahan, si Brother Eb Davis, ang dumating sa Ecuador mula sa Bolivia na may dalang pakete mula sa mission president sa La Paz. Ipinatong niya ang scriptures ko sa ibabaw ng aking mesa kasama ang mga isinulat ko tungkol sa aking mga espirituwal na pahiwatig.

Hindi mailalarawan ang kagalakang nadama ko. Ang matanto na makukuha ng Panginoon, sa mahimalang paraan, ang mga aklat na iyon sa La Paz, isang lungsod na may 700,000–800,000 tao, mula sa mga kamay ng mga magnanakaw at maibalik ang mga ito nang buo—wala ni isang pahinang naalis, napunit, o narumihan—ay hindi ko pa rin maintindihan. Nang araw na iyon ay nangako ako sa Panginoon na gagamitin ko nang mas makabuluhan ang aking oras at scriptures kaysa rati.

Kalaunan ay natuklasan ko na nagpunta ang isang babae sa palengke—isa sa daan-daang palengke sa La Paz—at nakita niya ang isang lalaking lasing na iwinawagayway ang isang itim na aklat. Miyembro ang babae ng isang simbahang protestante at nagkaroon ng matinding espirituwal na pahiwatig na isang sagradong bagay ang nilalaspatangan. Nilapitan niya ang lalaki at tinanong kung ano iyon. Hindi nito alam pero ipinakita nito sa kanya ang

aklat. Itinanong niya kung may iba pa itong ibinebenta. Dinukot nito ang isa pang itim na aklat. Itinanong niya kung may iba pa. Tinanggal nito ang isang folder na puno ng mga papel na susunugin daw nito. Pagkatapos ay sinabi niya na bibilhin niya ang mga iyon, at pumayag ang lalaki sa halagang 50 pesos (mga U.S. $2.50).

Pagkatapos niyon, hindi niya matiyak kung bakit niya binili ang mga aklat. Nasa wikang Ingles ang mga ito, ngunit ni hindi siya marunong ng Ingles. At mamahalin ang mga ito—halos 10 porsiyento ng kanyang buwanang suweldo. Wala siyang dahilan para bilhin ang mga aklat kung hindi dahil sa natanggap niyang espirituwal na pahiwatig. Agad niyang sinimulang hanapin ang simbahang nakasulat sa harap ng mga aklat: Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Matapos lapitan ang ilang simbahan, sa wakas ay nakarating siya sa mission office ng Simbahan sa La Paz. Hindi pa niya narinig ang tungkol sa pabuya ni nabasa ang anunsyo sa pahayagan, na lalabas noong araw na iyon. Hindi siya humingi ng pabuya, ni hindi niya binawi ang 50 pesos na ibinayad niya. Tinanggap ng mga elder ang mga aklat nang may kagalakan at ibinigay pa rin sa kanya ang pabuya.

Sinabi niya sa mga missionary na miyembro siya ng isang sektang Pentecostal ngunit nakinig siyang mabuti nang ituro nila sa kanya ang ebanghelyo. Naalala niya na may nabasa siya tungkol kay Joseph Smith mula sa isang polyetong nadampot niya sa kalye dalawa o tatlong taon na ang nakararaan. Tinanggap niya ang mga missionary lesson, at pagkatapos ng pangalawang lesson, nangako na siyang magpabinyag. Makalipas ang dalawang linggo, noong Setyembre 11, 1977, isang Linggo ng hapon sa isang branch sa La Paz, Bolivia, nabinyagan si Maria Cloefe Cardenas Terrazas at ang kanyang anak na si Marco Fernando Miranda Cardenas, edad 12.

Binago ng Panginoon ang aking di-mapigilang damdamin na wala akong magawa nang mawala ang scriptures at ginawa itong matinding kagalakan na makitang nahayag ang Kanyang impluwensya. Sinabi ng Panginoon, “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin (Marcos 11:24).

Naririnig at sinasagot nga ng Diyos ang ating mga panalangin kung sasampalataya tayo sa Kanya at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. ■

Maraming anyo ang self-reliance o pag-asa sa sarili. Sa tulong ng Panginoon, umuunlad ang ating katawan, isipan, at espiritu—at tinutulungan natin ang iba na gawin din ang gayon. Ang sumusunod na anim na kuwento ay nagpapakita kung paano napagpala ang mga miyembro nang higit silang umasa sa sariling kakayahan.

KAHANDAAN SA EMERGENCY: MGA LINDOL AT DEMIJOHN

Noong ako ay siyam na buwan pa lamang, ang mga magulang ko—na bata pa, may tatlong maliliit na anak at may isa pang ipinagbubuntis—ay inabot ng magnitude-7.5 na lindol sa Argentina. Nang magsimulang gumuho ang bahay namin, agad kaming kinuha ng tatay at nanay ko at itinakbo kami. Nang masiguradong OK na kami, nilibot nila ang napinsalang lugar. Agad inalam ng tatay ko ang laki ng mga nasira at nawala, at nalaman na wala kaming malinis na tubig mula sa gripo. Ni walang sapat na tubig para hugasan ang alikabok sa gumuguhong mga bahay!

Nang maglaho ang pagyanig, sinunggaban ng tatay ko ang kanyang bisikleta at umalis para tingnan ang nanay niya, na ilang kanto ang layo ng tirahan. Pagdating niya sa nasirang bahay ng kanyang ina, nagpunta siya sa likod-bahay kung saan ito nakaupo na may kaunting galos lamang.

Hiniling ng lola ko kay Itay na magsalba ng ilang bagay mula sa guho, at habang ginagawa niya ito, nakakita siya ng dalawang demijohn (mga babasaging boteng pinaglalagyan ng ibinebentang 5 hanggang 15 galon [20 hanggang 60 L] ng alak) na puno ng sariwang tubig na maiinom. Hindi nabasag ang mga ito.

Ilang buwan bago ang lindol, pinagbilinan ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) ang mga Banal sa buong mundo na mag-imbak ng pagkain at tubig. Nakinig ang lola ko, na isang bagong convert. Mula sa dalawang demijohn na iyon, natugunan namin ang mga pangangailangan ng aming pamilya sa loob ng dalawang araw hanggang sa dumating ang agarang tulong.

Ang halimbawang ito ng pagsunod ng lola ko ay isang patotoo kay Itay, na kalaunan ay naniwala sa ebanghelyo. Simula noon ay nabuklod na ang aming pamilya sa templo. Lubos akong nagpapasalamat sa pananampalataya at pagsunod ng lola ko sa panawagang maging handa. ■

Ricardo Sosa, Santa Lucia, Argentina

Nakinig ang lola ko sa propeta at pinuno ng sariwang tubig na maiinom ang dalawang demijohn, na tumugon sa mga pangangailangan ng aming pamilya hanggang sa dumating ang agarang tulong.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

PISIKAL NA KALUSUGAN: PAGBABAWAS NG TIMBANG AT ANG WORD OF WISDOM

Ngayong mid-60s na ako, lalo akong nahihirapang maglakad. Halos 300 libra (136 kg) ang timbang ko. Nanghihina ako at nangangalog ang tuhod ko at kumuha pa ako ng handicapped parking permit para makaparada ako nang malapit sa mga tindahan hangga't maaari.

Nagpasiya ako na panahon na para magbawas ng timbang. Bumaling ako sa Doktrina at mga Tipan 89 at nanalangin sa Ama sa Langit, "Tulungan po Ninyo akong unawain kung ano talaga ang ipinahihiwatig nito sa akin." Sa paglipas ng panahon ang bawat talata, bawat salita ay nagkaroon ng bagong kahulugan. Kahit hindi ako umiinom ng alak, tsaa, o kape, at hindi ako naninigarilyo, talagang hindi ko maunawaan ang buong mensahe. Alam ko na ang Word of Wisdom ay isang alituntuning pangkalusugan, pero hindi ko naisip na ito pala ay isang paraan ng pamumuhay.

Sa unang pagkakataon talagang nadama ko na kaya kong baguhin ang estilo ng pamumuhay ko. Nagtakda ako ng makatotohanang mithiin na magbawas ng 50 libra (23 kilo) sa loob ng 50 linggo.

Sinubaybayan ko ang aking calories at nutrients. Sinaliksik ko ang mga pakinabang sa kalusugan ng lahat ng kinain ko. Nang kumain ako ng mas nakalulusog na pagkain, nasiyahan ako. Wala akong kinasabikang kainin. Parang alam ng katawan ko kung ano ang kailangan nito. Hindi na rin ako naaakit sa di-nakalulusog na pagkain na dati kong kinakain. Tumigil na ako sa pagkain ng matatamis. Sa paglipas ng panahon, tumigil na ako sa pagbibilang ng calories at kumain ako ng pagkain na galing sa halaman, tulad ng sabi sa Word of Wisdom: "yaong namumunga, maging sa lupa o sa ibabaw ng lupa" (D at T 89:16). Nakamit ko ang minimithi ko at marami pang iba. Sa loob lang ng mahigit 23 buwan ay mahigit kalahati na ang nabawas sa timbang ko. Nakakapagsuot na ako ng 12 size na mas maliit na damit! Napanatili ko na ngayon ang timbang na iyan nang mahigit tatlong taon.

Ang lusog ng pakiramdam ko. Hindi na biglang tumataas ang blood-sugar ko kapag gutom ako, at hindi ko maalala ang huling pagkakataon na sumakit ang ulo ko. Hindi ko na kailangang uminom ng gamot. Bagamat nakatulong ang pagbabawas ko ng timbang sa magandang pakiramdam ko, nakatulong din ang bagong estilo ng pamumuhay ko.

Ang pagkontrol sa mga bagay na kinakain ko ay bahagi ng pagdaig sa likas na tao (tingnan sa Mosias 3:19). Dahil diyan, pinagaganda nito ang kakayahan kong espirituwal na makahiwatig, na nagtutulot sa akin na matanggap ang pangako na ako ay "makatatagpo ng karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan" (D at T 89:19). Mabuting ipagpalit ang pagkain ng fastfood sa karunungan.

Lubos akong nagpapasalamat sa isang mapagmahal na Ama sa Langit na nakarinig sa simpleng pakiusap ko at nagbigay sa akin ng ideya tungkol sa Word of Wisdom. Alam ko na ang Word of Wisdom ay paghahayag. Alam ko na kayang baguhin nito ang mga buhay. ■

Carol E. Wolf, Utah, USA

TRABAHO: MALAKING PANANAMPALATAYA, KAUNTING KAGAMITAN

Nang ikasal kaming mag-asawa, wala akong trabaho. Kakaunti ang kagamitan namin, pero nag-iibigan kami at malaki ang aming pananampalataya.

Nang magkatrabaho ako sa wakas, kinailangan kong magtrabaho tuwing Linggo ng hapon. Nangako ako sa Panginoon na hindi ako magtatrabaho sa Kanyang araw. Ngunit responsibilidad ko pa ring buhayin ang aking pamilya. Magkagayunman, hindi nawaglit sa isipan ko ang pangakong ginawa ko.

Dumating ang sagot nang sumunod na Linggo habang kinakanta ang "Salubungin, Araw ng Pangilin" (*Mga Himno,* blg. 17) at natanto ko ang kahalagahan ng araw ng Sabbath. Nang malaman ko na hindi ako puwedeng magpapalit ng iskedyul, nagbitiw ako sa trabaho. Patuloy kaming nabuhay, na naniniwala na hindi kami pababayaan ng Panginoon. Nagtrabaho ang asawa ko para buhayin kami, at isinilang ang unang anak naming si Saria. Samantala, nag-aral ako ng kursong electronic mechanics, gamit ang Perpetual Education Fund. Wala pa ring dumating na trabaho.

Kinailangang magtrabahong muli ng asawa ko tatlong buwan matapos isilang si Saria, ngunit masyadong nangulila sa kanya ni Saria. Nanalangin kami upang malaman kung ano ang gagawin at nagpasiya siyang magbitiw sa trabaho. Parang pabiglabigla, pero nadama namin na iyon ang nararapat naming gawin. May apat na buwan kaming unemployment insurance para makapaghanap ako ng ibang trabaho, at pinagpala ako ng Panginoon na makakita ng pansamantalang trabaho.

Nang isilang ang pangalawa naming anak na si Amanda, sa wakas ay nakakuha ako ng technical apprenticeship, ngunit hirap pa rin kami. Kakaunti pa rin ang kagamitan namin at wala pa ring matatag na trabaho. Kinuha ko ang professional self-sufficiency course na inalok ng Simbahan nang dalawang beses. Ginawa ko ang lahat, bagama't hindi sapat ang kaunting kita ko para sa mga pangunahing pangangailangan namin.

Makalipas ang labinlimang buwan matapos kong simulan ang aking apprenticeship, napasok ako sa trabaho ko ngayon. Isa na akong technician ngayon sa electrical energy measurement sa isang malaking shopping center. Nagtatrabaho ako mula Lunes hanggang Biyernes, na itinuturing kong isang himala sa industriyang ito. Lahat ng ibang kasamahan ko ay nagtatrabaho tuwing Linggo at pista-opisyal. May health insurance at mga kagamitan na kami! Alam ko na napunta ako rito sa tulong ng Panginoon at ng Perpetual Education Fund. Alam ko na kung gagawin natin ang ating bahagi, laging gagawin ng Panginoon ang Kanyang bahagi, at patuloy nating matutustusan ang ating sarili. ■

Lenine Santiago Duarte Nazareno, Salvador, Bahia, Brazil

> Nangako ako sa Panginoon na hindi ako magtatrabaho sa Kanyang araw. Nagbitiw ako sa trabaho, na naniniwala na hindi Niya kami pababayaan.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

PANANALAPI: OATMEAL, TINAPAY, AT KANIN AT BEANS

Magastos ang pag-aaral ng asawa ko sa graduate school, kaya inasam naming makakita ng trabaho na tutulong sa amin na mabayaran ang aming mga utang. Inalok kami ng ilang posisyon sa trabaho ngunit mas gusto naming magturo sa Hawaii. Gayunman, pagdating ng kontrata namin, mas mababa ang suweldo kaysa napag-usapan namin. Ipinaalam sa amin na nagkaroon ng bagong patakaran at hindi kami puwedeng makipag-areglo. Nakatiyak na kami tungkol sa bagong trabaho, kaya pinirmahan namin kaagad ang kontrata.

Gustung-gusto namin sa Hawaii, minahal ng asawa ko ang kanyang trabaho, at pinagpala kami bilang pamilya. Nababayaran na namin nang maayos ang aming student loan hanggang sa ipaalam sa amin ng credit card company na magiging 14 percent na ang bago naming interest sa halip na ang kasalukuyan 3 percent. Ikinatwiran namin na lagi naman kaming nagbabayad sa oras at malaki na ang nabayaran namin sa utang. Ngunit hindi natigatig ang kumpanya.

Una, gumawa kami ng kaunting creative financing, at inilipat namin ang aming balanse sa iba't ibang credit card na may short-term zero percent interest rate. Pagkatapos ay nagsimula kaming magtipid. Binawasan namin nang husto ang pambili ng aming pagkain, damit, at lampin para sa aming pamilya na may pitong miyembro. Nabuhay kami sa pagkaing inimbak namin. Tuwing umaga oatmeal ang kinakain namin; tuwing hapon homemade bread naman; at tuwing gabi ay kanin at beans. Wala kaming mga luho na tulad ng mantikilya, sariwang gatas, o juice. Pagkabayad namin ng ikapu at mga pangunahing gastusin, lahat ng kinikita namin ay napupunta sa pagbabayad ng aming mga credit card.

Pagkaraan ng anim na buwan, nabayaran na namin ang 90 porsiyento ng aming utang! Pinarami ng Panginoon ang aming kita sa mga mahimalang paraan. Mabilis naming nabayaran ang natitira naming utang, at labis kaming nagpapasalamat. Dumaraing pa rin ang anak ko tungkol sa pagpapakain ko sa kanya ng oatmeal tuwing umaga, ngunit alam ko na sa pagbabayad ng aming ikapu at pagsunod sa propeta, pinagpala kami sa pinansyal at sa temporal. ■

Hindi ibinigay ang pangalan, Hawaii, USA

Mukhang nababayaran naman namin ang aming student loan hanggang sa ipaalam sa amin ng credit card company na tataas ang interest rate namin.

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

Gusto naming mag-asawa na mag-ipon ng maraming suplay ng pagkain, kaya ipinasiya namin na bibili kami ng ekstra linggu-linggo.

PAG-IIMBAK NG PAGKAIN: DE-LATANG KESO AT MGA INTERES SA SANGLA

Nang mag-asawa ako, naging masigasig akong mag-imbak ng pagkain. Gusto naming mag-asawa na mag-ipon ng maraming suplay, pero hindi namin kayang bilhin ang lahat nang sabay-sabay, kaya ipinasiya namin na bibili kami ng ekstra linggu-linggo. Naghanap kami ng mga special offer sa mga bagay na regular naming binibili, lalo na ang mga de-latang pagkain.

Gustung-gusto kong tumingin sa cupboard ko para makita ang munti kong bunton ng mga de-lata at tuyong pagkain na unti-unting dumarami. Minsa'y nagkamali kaming bumili ng de-latang keso, na pangit ang lasa, pero nagpakatatag ang asawa ko at kumain ng isang lata nito bawat linggo hanggang sa maubos. Matapos kaming makapag-imbak ng sapat na pagkain, sinimulan naming kainin ito, na nangangakong papalitan ng dalawa ang bawat makain namin.

Hindi nagtagal medyo puno na ang cupboard namin, kaya bumili kami ng mga maiimbak para sa mga aso't pusa namin. Nagsimula rin kaming mag-imbak ng herbs at spices, vacuum-packed wheat, tubig at softdrinks, at anumang ginagamit namin araw-araw na hindi pagkain, gaya ng sabong pampaligo, deodorant, at sabong panlaba.

Pagkatapos ay bumili kami ng bahay, at bago pa man namin napirmahan ang papeles, tumaas nang husto ang mga interes sa sangla. Kinailangan naming mabuhay sa imbak naming pagkain nang halos isang taon para hindi bawiin ang bahay namin.

Ang pag-iimbak ng pagkain ay bahagi lamang ng pangkalahatang gawaing-bahay ngayon. Ginagamit namin ito at pinagpapala kami nito araw-araw. Lubos akong nagpapasalamat na nakinig kami sa inspiradong payo mula sa mga propeta ng Panginoon dahil nangangahulugan ito na matitingnan ko na ngayon nang may pasasalamat ang aking komportableng tahanan. ■

Yvonne Aston, Channel Islands, United Kingdom

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

SA LANDAS TUNGO SA HIGIT NA PAG-ASA SA SARILI

Lalo ka bang umaasa sa sarili o nagiging self-reliant araw-araw?

Markahan ang sarili mo sa mga pahayag na ito upang makakuha ng ideya kung nasaan ka na sa pagsisikap mong umasa sa sarili.

Ang evaluation na ito ay hindi kumpletong listahan ng mga patnubay. Kapag mapanalangin ninyong pinag-aralan ng pamilya mo ang paksang ito at nag-usap-usap kayo, maaaring iparamdam sa inyo ng Espiritu kung paano pa kayo huhusay.

Matapos kumpletuhin ang self-evaluation, isiping magtakda ng ilang mithiin sa mga aspetong mas mababa ang nakuha ninyong marka.

Kahandaan

__ 1. May pera akong nakatabi para gamitin sa oras ng emergency.
__ 2. Lagi akong may stock na emergency supplies sa bahay (tulad ng mga kumot, kandila, flashlight).
__ 3. Itinatago ko ang mahahalagang dokumento sa ligtas na lugar, at alam namin ng pamilya ko kung saan makukuha ang mga ito.
__ 4. Lagi akong bumibili at nag-iimbak ng sobrang pagkain at tubig.
__ 5. Ginagamit ko ang imbak na pagkain ko at pinapalitan ito ng bago para hindi ito mapaso.

Pisikal na Kalusugan

__ 1. Sinisikap kong mag-ehersisyo nang regular.
__ 2. Kumakain ako ng masustansyang pagkain at umiinom ng sapat na tubig araw-araw.
__ 3. Ipinamumuhay ko ang Word of Wisdom at hinihikayat ang iba na gawin din ito.
__ 4. Iniiwasan kong maadik sa nakapipinsalang mga bagay.
__ 5. Natutulog ako nang sapat at iniiwasan kong matulog nang sobra-sobra.

Pananalapi

__ 1. Naghahanap ako ng mga paraan para makaipon ng pera sa pamamagitan ng pagbabawas sa paggastos nang hindi kailangan.
__ 2. Regular akong nagtatabi ng pera sa isang savings o investment account.
__ 3. Iniiwasan kong mangutang nang hindi kailangan.
__ 4. Nagbabayad ako ng tapat na ikapu at nagbibigay ng malaking handog-ayuno.
__ 5. Pinangangalagaan ko ang aking mga ari-arian para mas tumagal ang mga ito.

Edukasyon

__ 1. Naghahanap ako ng pormal at di-pormal na mga pagkakataon para matuto.
__ 2. Kapag naghahangad akong magpatuloy sa pag-aaral, naghahanap ako ng resources tulad ng mga scholarship o Perpetual Education Fund.
__ 3. Ayos lang sa akin ang malantad sa mga pananaw at opinyon na kaiba sa akin.
__ 4. Hinahangad ko ang Espiritu para tulungan akong mahiwatigan ang katotohanan at matandaan ang natututuhan ko.
__ 5. Sinasamahan ko ng araw-araw na pag-aaral ng ebanghelyo ang pag-aaral ko.

Trabaho

__ 1. Sinisikap kong paghusayin ang aking mga kasanayan sa trabaho at pagiging produktibo sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar at klase na itinataguyod ng kumpanya.
__ 2. Nakakapagtrabaho ako nang maayos na kasama ang iba, at may tiwala sila sa akin.
__ 3. Bago maghanap ng trabaho, nanghihingi ako ng feedback sa resume ko at kasanayan ko sa interbyu.
__ 4. Mahilig akong manalangin at positibo ang pananaw ko habang naghahanap ako ng trabaho.
__ 5. Naghahanap ako ng mga pagkakataong gumawa ng mga bagong contact na may potensyal na humantong sa pagkakaroon ng trabaho.

Response Key

1=Hindi Kailanman, **2**=Kung Minsan, **3**=Madalas, **4**=Halos Palagi, **5**=Palagi

Ni Elder L. Whitney Clayton
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Katatagan

Sa artikulong ito at sa susunod, Si Elder Clayton at ang kanyang asawang si Kathy ay nagpatotoo tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang kakayahang tulungan ang mga anak ng Diyos na maabot ang kanilang walang hanggang potensyal.

Isa sa mga nakakabagabag na tagpo sa buong banal na mga kasulatan ay nakatala sa Aklat ni Juan. Nangyari ito matapos magdusa ang Panginoon ng hindi kayang unawaing paghihirap para sa ating mga kasalanan at kahinaan sa Halamanan ng Getsemani (tingnan sa D at T 19:15–18).

Ang tagpong ito ay sinundan ng pagkakanulo at pagdakip sa Kanya na nangyari matapos ang mga pang-iinsulto at pisikal na pananakit na Kanyang naranasan sa kamay ng mga lider ng mga Judio. Nangyari iyon matapos Siyang paghahampasin ng mga sundalong Romano na sumusunod sa utos ni Pontio Pilato. Nangyari iyon matapos mariing ipatong ang koronang tinik sa Kanyang ulo.

Sinabi ni Pilato na walang masamang ginawa si Jesus para Siya ipako sa krus. Nag-utos siya na latiguhin si Jesus, isang matindi ngunit hindi nakamamatay na pananakit sa katawan. Marahil inasahan ni Pilato na sa pagpapahirap at paghamak niya sa Tagapagligtas ay mapapaniwala niya ang mga lider ng mga Judio na nabigyan na si Jesus ng napakasakit na aral at gawin itong isang halimbawa para sa masasama. Inaasahan niya na mapupukaw sila at maaawa kay Jesus. Kaya nga, matapos ang pananakit, iniutos ni Pilato na ipakita si Jesus sa mga tao.

"Narito, ang tao!"

"Lumabas nga si Jesus na may putong na tinik at balabal na kulay ube. Sa kanila'y sinabi ni Pilato, Narito, ang tao!

"Pagkakita nga sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng mga punong kawal, ay sila'y nangagsigawan, na sinasabi, Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus, Sinabi sa kanila ni Pilato, Kunin ninyo siya at ipako ninyo siya sa krus: sapagka't ako'y walang masumpungang kasalanan sa kaniya" (Juan 19:5–6).

Bagama't napakahalaga ng natitira pang kuwento, hanggang dito lang ako sa sinabi ni Pilato: "Narito, ang tao!"

Kabaliktaran ang hiling ni Pilato. Ang pisikal na anyo ng Tagapagligtas sa sandaling iyon ay sugatan, subalit wala kailanman hanggang noong

MGA IMAHE NG PUNO © ISTOCK/THINKSTOCK

kay Cristo

sandaling iyon, maging sinumang lalaki o babae ang higit na karapat-dapat na "mamasdan." Perpekto ang kanyang buhay. Walang sinuman ang makakapantay sa Kanya. Wala pang nabuhay na katulad Niya. Walang mabubuhay nang ganoon. Taglay Niya ang bawat kabanalan sa ganap na anyo nito.

Ang Tagapagligtas ay may kapangyarihan ng pagpipigil sa sarili. Perpekto ang Kanyang emosyon at mga nararamdaman, maging ang Kanyang mga iniisip. Walang hanggan ang Kanyang pag-unawa. Siya lamang ang tunay na karapat-dapat na masdan—sa bawat pananaw—at suriin, sukatin, at sambahin. Walang bahagi ng Kanyang isip, puso, o nararamdaman ang hindi nakakasiya. Hindi man ito nakita sa kanyang anyo ng panahong iyon, ngunit si Jesus ang larawan ng isang masaganang pamumuhay.

Kaya nga hindi ang pisikal na anyo ng mga sandaling nagdurusa Siya ang dapat muna nating alalahanin (tingnan sa Isaias 53:2). Ang nasa loob ng Kanyang sugatang katawan ang lubhang makabuluhan para sa ating lahat. Dahil sa Kanyang pagkatao ay naging posible ang ginawa Niya. Ang Kanyang kadakilaan ang nakakaakit ng ating atensyon.

Ang dapat nating makita habang minamasdan Siya ay ang Kanyang tagumpay laban sa puwersa ng kasamaan, kahit na sa mga sandaling iyon ay tila hindi iyon matagumpay. Gayundin ang Kanyang ganap na pagiging payapa sa gitna ng pinakamasidhing pasakit na maaring maranasan ng isang tao. Bawat kasamaang inimbento ng kaaway ay pinakawalan na at papakawalan pa laban sa Kanya. Nalabanan at napagtagumpayan Niya ang lahat ng iyon. Tumayo Siya sa harapan ni Pilato na payapa at maayos.

Ang Kanyang kapangyarihan sa pisikal na mga elemento ng mundo at kondisyon ng sangkatauhan ay Kanyang ipinakita nang walang duda. Itinaboy Niya ang masasamang espiritu. Pinagaling Niya ang mga maysakit, bulag, at bingi. Binuhay Niya ang patay, kabilang na ang mga batang Kanyang ibinalik sa kanilang mga magulang. Batid Niya ang mga iniisip at nararamdaman ng bawat isa. Pinatawad Niya ang mga kasalanan at pinagaling ang mga ketongin. Pinasan Niya ang bigat ng kasalanan, pasakit, mga sakit, at kabiguan ng lahat ng tao sa harapan ni Pilato. Pinasan Niya maging ang mga kasalanan ng mga taong nanakit sa Kanya ng mga sandaling iyon.

Tunay ngang dapat natin Siyang "masdan." Siya ang Anak ng Diyos

na buhay. Siya ang larawan ng buhay, ang pinadala upang ipakita ang daan at maging Daan. Siya ang "daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6) para sa ating lahat. Sa tatlong salitang iyon na "narito, ang tao," hindi alam at hindi sinadya ni Pilato na bigkasin niya ang simpleng sagot para matamo ang pinakamataas na layunin ng buhay.

Nang inutos ni Pilato sa mga Judio na tingnan ang Tagapagligtas, itinuro Niya sa kanila ang Isa, ang Nag-iisa, na makapagpapasagana ng buhay natin at gagawin na "kaligtasan nati'y maging ganap"[1] Ito ang dahilan sa utos na "aasa ka sa Diyos at mabubuhay" (Alma 37:47).

Ang dapat nating tandaan kapag minamasdan natin Siya ay na dahil sa Kanya, at sa lahat ng ginawa Niya at sa lahat na Siya noon at ngayon, maaari rin tayong magtagumpay. Maaari rin nating mapaglabanan ang lahat. Maaari rin tayong mabuhay nang masagana sa gitna ng mga pagsubok. Kung pipiliin nating "masdan" Siya at tanggapin at ipamuhay ang Kanyang nakaliligtas na ebanghelyo, ililigtas Niya tayo. Sasagipin Niya tayo mula sa epekto ng ating nahulog na kalagayan at mga kahinaan, at ililigtas Niya tayo mula sa kasalanan, sa espirituwal na kakulangan, at sa huli at walang hanggang kabiguan. Kanya tayong pipigain, pipinuhin, pagagandahin at kalaunan ay gagawing ganap. Bibigyan Niya tayo ng kagalakan at kapayapaan. Siya ang susi sa masaganang buhay.

Aral ng mga Punla

Nakatira kami ng asawa kong si Kathy sa dalisdis ng bundok. Isang uri ng mga puno—ang scrub oak—ang nakatanim doon. Hindi gaya ng malalaki at matatayog na puno ng oak, ang mga puno ng scrub ay hindi lumalaki. ngunit matigas ito at maganda.

Ilang taon na ang nakalipas naglagay kami ng isang malaking paso sa daanan na papunta sa pintuan ng aming bahay. Tinaniman namin ng makukulay na bulaklak ang paso na nasa tabi ng isang puno ng scrub oak. Nang sumapit ang taglagas, nagumpisang maglaglagan ang mga buto ng scrub oak at ang ilan ay napunta sa paso.

Isang araw ng tagsibol napansin ko na may tumubo nang mga punla. Ayaw naming may tumubong iba roon kundi bulaklak lang, kaya binunot ko ang mga umusbong na punla. Nagulat ako dahil ang ugat ng mga ito ay tatlo o apat na beses ang haba kaysa sa haba ng umusbong na halaman sa kinatataniman nitong lupa.

Sa Utah, USA, maalinsangan ang tag-init, at kaunti ang ulan, at ang taglamig ay napakaginaw na may kasamang hangin at niyebe. Ngunit ang malalim na ugat ng mga punla ng scrub oak ay mabilis na gumapang pailalim sa lupa. Dahil dito ang mga ugat ay nakasipsip ng tubig at nakakuha ng sustansya mula sa lupa. Ang malalim na ugat ay nagsilbi ring pangkapit upang ang puno ay tumubong tuwid at matatag kapag malakas ang hangin, simula noong maliit pa ang mga ito. Ang malalim na ugat ay nakakatulong sa paglaki ng puno ng scrub oak. Habang patuloy na tumutubo ang mga punla hanggang sa sukdulan nitong laki, patuloy na pinalalaki, pinoprotektahan, at pinalalakas ito ng kanyang mga ugat.

Makakakuha tayo ng aral sa puno ng scrub oak. Lahat tayo ay may mga karanasan na maihahalintulad sa maalinsangang tag-init at magiginaw na taglamig. May madadali at mahihirap tayong mga panahon, mga tagumpay at kabiguan, panahong malusog at may sakit, mga panahon ng kaligayahan at sandali ng kalungkutan. Ang buhay ay hindi palaging payapa. Hindi ito madali.

Ang buhay ay tulad din sa iba pang mga bagay. Napaliligiran tayo ng mga kultura at tradisyon ng ating sariling bayan at ibang mga bansa. Ang ilan sa mga impluwensya nito ay mabuti, at ang ilan ay masama. Ang ilan sa mga ito ay nakasisigla, at ang iba ay nakapanliliit at nakapagpapababa ng pagkatao. Ang ating mga tahanan ay maaaring pagpalain ng liwanag ng ebanghelyo o masira dahil sa hindi pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ang mga halimbawa ng mga kaibigan ay maaaring maganda o hindi. Walang nakaaalam kung saan tayo dadalhin ng buhay natin. Hindi natin lubos na masasabi kung ano ang kinabukasan ng ating kalusugan o kayamanan. Hindi natin kayang hulaan ang mangyayaring digmaan o ang magiging kalagayan ng panahon. May mga bagay na hindi natin kayang kontrolin na nagsisilbing hamon sa ating lahat.

Ngunit hindi tulad ng mga puno, pinipili natin kung ano ang magiging espirituwal na ugat natin sa ating buhay. Nakapagdedesisyon tayo kung saan natin nanaising patubuin ang ating ugat at gaano kalalim natin ito ibabaon sa lupa. Ang ating araw-araw na mga pagpapasiya ay gumagawa ng maliliit, halos hindi makitang kaibhan, sa ugat ng ating pananampalataya, na siyang nagiging saligan natin.

Katatagan sa Tagapagligtas

Dahil hindi natin alam kung kailan o paano darating ang mga hamon, o gaano katagal mananatili ang ating personal na taglamig o tag-init, kailangan nating ibaon ang ating mga ugat sa pinakamalalim na kaya natin sa tanging pinagkukunan ng ikabubuhay ng ating kaluluwa, ang Panginoong Jesucristo. Nais Niyang maging masagana ang ating buhay. Inaanyayahan Niya tayo na lumapit sa Kanya. Ipinahayag Niya, "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin" (D at T 19:23).

Nag-iipon tayo ng lakas ng espiritu upang mapaglabanan ang mga unos sa buhay natin sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa Kanya. Natututo tayo sa pagbabasa at pagdarasal. Natututo tayo sa mababuting halimbawa ng iba. Natututo tayo sa paglilingkod sa iba upang mapaglingkuran natin Siya (tingnan sa Mateo 25:40). Natututo tayo sa hangarin nating tularan Siya sa lahat ng ating makakaya.

Ang pakikinig ay pag-unawa at pagsunod, hindi lamang pakikinig. Nakikinig tayo sa Kanya sa ating pribadong pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Nakikinig tayo sa sacrament meeting at sa templo. Naririnig natin Siya sa "marahang bulong na tinig" (1 Mga Hari 19:12). Nakikinig tayo sa Kanya sa tinig ng mga buhay na propeta at mga apostol.

Ang maingat na pakikinig ay nagpapaalala sa atin na "hindi sa tinapay lamang mababuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Diyos" (Mateo 4:4). Pinapatatag natin ang ating mga ugat sa ating maliliit ngunit tuluy-tuloy na paglaki. Sa pakikinig natin, sinusundan natin ang landas na Kanyang dinaanan. Siya ang landas tungo sa masaganang buhay, at Siya ang liwanag na tumatanglaw dito (tingnan sa Juan 8:12).

Sundin ang mga Utos

Walang sikreto o sorpresa sa kaya nating gawin at dapat gawin upang lumaki ang ating ugat: sundin natin ang mga utos ng Diyos. Ang ating kakayahang sundin ang Kanyang kalooban ay lumalaki habang sinusunod natin ang Kanyang kagustuhan. Nagiging mas madali ito dahil umuunlad tayo sa pananalig at pananampalataya. Kapag nagpatuloy tayo sa tapat na pamumuhay ng ebanghelyo, pag-iibayuhin ng Panginoon ang ating katatagan ng loob.

Ang marapat at pinaghandaang pagsamba ay mahalagang sangkap sa lalim ng ating espirituwal na ugat. Sa mapitagang pagdalo sa sacrament meeting at pakikibahagi sa sacrament na may tunay na layunin ang araw ng Sabbath ay hindi lamang nagiging isang pangkaraniwang Linggo. Hindi natin tuluyang maibabaon nang malalim ang ating mga ugat maliban kung "lagi [natin] Siyang aalalahanin" (D at T 20:77, 79). Kapag inihahanda natin ang ating sarili bago dumalo sa mga miting, nagiging masayang karanasan ang ating Sabbath. Habang isinasaisip natin na kailangan nating mapatawad at mapagpala na mapasaatin ang Espiritu, ito ang simula na makikita natin na ang kapilya ay isang kanlungan at ang sakramento ay panahon ng pagpapakabanal.

Sa dahilang iyon, may mga bagay tayong kailangang palaging dalhin kapag tayo ay nagsisimba. Una sa mga ito ay ang bagbag na puso at nagsisising espiritu. Pumunta tayo na sabik na hangarin at damhin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Subalit dapat nating laging iwanan ang ilang bagay sa ating tahanan. Ang pag-iisip natin tungkol sa isport, trabaho, paglilibang, at pamimili ay dapat nating iwasan at gawin lamang kapag hindi araw ng Sabbath. Ang tunay na pagsamba ay naghihikayat ng totoong pagbabalikloob. Natutulungan ang mga ugat ng ating pananampalataya na maibaon nang malalim, kung saan matatagpuan ang espirituwal na balon, na "magiging [sa atin ay] isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan" (Juan 4:14).

Isinulat ni Pablo:

"Kung paano nga na inyong tinanggap si Cristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa kaniya:

"Na nangauugat at nangatatayo sa kaniya, at matibay sa inyong pananampalataya, gaya ng pagkaturo sa inyo" (Mga Taga Colosas 2:6–7).

Kung hindi tayo nakaranas ng personal na mga bagyo at tagtuyot, walang pagkakataong lumakas ang ating mga ugat. Sa kabaliktaran, ang tahimik na buhay ay isang pagsubok din—at mahirap ito. Ang kawalan ng problema ay makapagpapahina sa atin kung hindi tayo mag-iingat. Maaaring "hindi [natin bantayan] ang [ating sarili], at ang [ating] isipan, at [ating] mga salita, at [ating] mga gawa, at [sundin ang] mga kautusan ng Diyos, at [magpatuloy] sa pananampalataya" (Mosias 4:30) kung walang pagsubok na nagbabaluktot ng ating mga tuhod at kumikilos sa ating puso.

Ang buhay ay may paraang magbigay ng pagdurusa sa atin kahit na ginagawa natin ang lahat ng

makakaya natin upang maging maayos ito. Maliban na lamang kung mali ang ating pinipili, na tiyak na magdadala ng kapahamakan, hindi natin pinipili kung kailan o kung paano darating sa atin ang mga pagsubok. Ngunit tiyak na nagpapasiya tayo bawat araw kung paano natin ihahanda ang sarili natin para sa mga pagsubok na iyon. Kaya pinaaalalahanan tayo ni Josue: "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran" (Josue 24:15).

Narito pa ang isang paalala.

"Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan; sapagkat maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok:

"Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon" (Mateo 7:13–14).

Huwag tayong magtaka kung hindi tayo matutulungan ng mahina nating pananampalataya kapag sa bingit ng makipot na daan tayo naglalakad. Ang ginagawa o hindi natin ginagawa ang mahalaga dahil ang ating mga kilos ay may ibinubunga, gayundin kapag wala tayong ginagawa. Kapag hindi natin binibigyang-pansin ang maliliit, pang-araw-araw at paulit-ulit ngunit mahahalagang gawain sa ating pananampalataya, pinahihina natin ang ating mga ugat. Sa paglipas ng panahon, unti-unti tayong napapalayo sa Diyos.

Kaya nga ang paraan kung paano tayo makipag-usap sa bawat isa, ang mga aklat at artikulong ating binabasa, ang mga pinapanood na palabas sa telebisyon at pelikula sa sinehan, ang mga hindi natin binabasa at hindi kailanman pinapanood, at ang mga biro na ayaw nating marinig o uliting ikuwento ay nagpapakita kung nasaan tayo sa makipot at makitid na daan—nasa gitna ba o nasa gilid. Hindi natin masasabing inaalagaan natin ang ating mga ugat kung ang mga ginagawa natin at hindi ginagawa ay hindi nakakatulong upang maging mabuti tayong mga miyembro ng Simbahan. Ang kaligtasan ay matatagpuan lamang sa gitna ng makipot at makitid na daan.

Ang Landas Tungo sa Kapayapaan

Walang mas mabuting huwaran ng buhay, ni mas tiyak na daan tungo sa kapayapaan at landas na tatahakin, kaysa sa pagsunod sa Panginoong Jesucristo. Tanging ang Kanyang pangalan ang pangalang ibinigay sa silong ng langit na may kapangyarihang gawing mas makalangit ang ating buhay (tingnan sa 2 Nephi 31:21; Moises 6:52). Walang sinumang iba pa ang "mamamasdan" natin na may

taglay ng nakaliligtas, nakapagpapanibago, at nakakapagpabagong-anyong kapangyarihan na mayroon ang Tagapagligtas.

Nailarawan sa mga salita ni Judas ang kahungkagan ng buhay na babalot kalaunan sa mga taong pipiliin kahit sino o ano maliban sa Tagapagligtas: "Mga alapaap na walang tubig, na tinatangay ng mga hangin; mga punong kahoy sa taginaw na walang bunga, na makalawang namatay, na binunot pati ugat" (Judas 1:12).

Ang ating kaluluwa ay dapat na matatag kay Cristo upang matiis natin ang anumang hamon, magtagumpay laban sa pagdurusa, mapaglabanan ang anumang pag-atake sa ating pananampalataya, at maging katulad ng mga puno ng oak—matibay, hindi natitinag at matatag. Ang ganitong katatagan ay nahihigitan ang panahon at nadadaig ang bawat kaaway, maging ang pinakatuso, hindi nakikita, at pinakamasamang mga bagay.

Natutuhan natin kay Helaman kung paano ang pangako ng malabatong tibay ay nakasalalay sa pagsalig ng ating buhay sa ating Manunubos, "isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak" (Helaman 5:12). Nailarawan din ni Isaias sa maikling salita ang diwa ng ibig sabihin ng katatagan sa Panginoong Jesucristo at maranasan ang bunga sa ating mga kaluluwa ng mga katangian ng Tagapagligtas. Isinulat niya, "At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang tubig ay hindi naglilikat" (Isaias 58:11).

Ang Tagapagligtas na si Jesucristo ang huwaran ng bawat kabutihan. Siya lamang ang tanging perpektong taong nabuhay. Nagbayad-sala Siya para sa ating mga kasalanan. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala maaari tayong maging kababaihan at kalalakihan kay Cristo. Tayo ay malilinis, mababago, mapapagaling, at mapapadalisay. Ang ating mga kaluluwa ay mapapadakila.

Nawa'y "[ma]masdan [natin] Siya" nang lubos. Nawa'y tularan natin Siya nang may pagsamba. Nawa'y sundin natin Siya nang may sigla. Nawa'y ibaon natin ang ating mga ugat sa lupa ng kaligtasan hanggang sa humimlay tayo sa Kanya, na Bato ng ating Manunubos. Nawa'y lalo nating madama ang pagpapala ng masaganang buhay na Kanyang inaalay. ■

TALA

1. Tingnan sa "Amang Walang Hanggan," *Mga Himno,* blg. 104.

IKAW AY MAHARLIKA

Ni Kathy Kipp Clayton

Mamuhay nang marapat sa iyong walang-hanggang potensyal.

Noong nasa Argentina ang aming pamilya dahil sa isang atas mula sa Simbahan, madalas kaming mamasyal ng anak kong lalaki sa magagandang lugar kapag may libreng oras kami. Isa na roon ang zoo na kaiba sa lahat ng zoo na napuntahan na namin.

Sa halip na tingnan lamang mula sa labas ng kulungan ang inaantok na mga hayop, pinapapasok ang mga bisita sa loob ng mga kulungan at pinapayagang haplusin ang mga hayop. Habang sinusundan ang trainer, pumasok kami sa kulungan ng malalaking leon at hinaplos namin ang mga ito samantalang tila hindi kami pansin ng mga ito.

Tinanong namin ang mga trainer kung paano nila nakumbinsi ang malalaking hayop na iyon na huwag kaming kainin. Itinuro niya sa amin ang ilang maliliit na asong naroon din sa kulungan. Noong maliit pa ang mga leon, walang-awang hinabol at kinagat-kagat ng nagtatahulang mga asong iyon ang mga sakong ng mga leon. Nasanay ang maliliit na leon sa pagyukyok sa sulok, sa takot sa mga aso.

Nang lumaki ang mga leon, yumuyukyok pa rin sila sa takot. Isang sipa lang ng paa nila, madali sana nilang mapapatalsik ang mga asong iyon, pero mali ang tingin ng mga leon sa sarili nila. Hindi nila alam ang kanilang maharlikang katangian at potensyal.

Lahat tayo ay nahaharap sa mga hadlang sa pag-abot sa ating tunay na potensyal kaya patuloy tayong yumuyukyok sa sulok. Babanggit ako ng tatlo.

Kawalan ng Tiwala sa Sarili

Marami sa atin ang sumusukat sa ating pagganap ayon sa ating mga kabiguan kaysa ating mga tagumpay. Kapag tama ang sagot natin sa 80 sa 100 tanong, nalulungkot tayo na 20 ang mali natin sa halip na ipagmalaki na 80 ang tamang sagot natin. Dahil sa kawalan ng tiwala sa ating potensyal at sa ating sarili, hindi natin nakikita ang ating tunay na halaga at kakayahan.

IMAHE NG LEON AT ASO © ISTOCK/THINKSTOCK

Kakulangan sa Kaalaman

Nakita ni Nephi sa pangitain ang ina ng Tagapagligtas, ngunit nang tanungin siya kung naunawaan niya ang pagpapakababa ng Diyos, inamin niya na hindi niya alam ang ibig sabihin ng lahat ng bagay. Ngunit ipinahayag muna niya ang kanyang nalalaman: "Mahal [ng Diyos] ang Kanyang mga anak" (tingnan sa 1 Nephi 11:12–17). Iyan ang pinakamahalagang bagay na dapat malaman. Pinipigilan tayo nitong tulutan ang mga hadlang na kakulangan sa kaalaman na ilagay sa panganib ang ating katiyakan na totoo ang Simbahan at ang relasyon natin sa Diyos at ang walang-maliw at nagbibigay-lakas na pagmamahal Niya sa atin.

Kapabayaan o Hindi Pakikinig

Ang mga maling pagpili o pagpapabaya sa mabubuting bagay ay nagpapadilim sa tingin natin sa tunay na nangyayari. May makahulugang dahilan kaya kinailangang mangalap ng manna ang mga anak ni Israel araw-araw (tingnan sa Exodo 16:4). Ang araw-araw na obligasyong mangalap ng pagkain ay nakatulong sa kanila na maalala ang Diyos. Ngayon, ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, pagsisimba, at paglilingkod sa bawat isa ang ating manna araw-araw bilang mga anak ng Diyos upang maalala natin ang Panginoon.

Nananalaytay sa ating mga ugat ang espirituwal na DNA ng Diyos. Tayo ay Kanyang mga anak at Kanyang mga tagapagmana. Alisin ang anumang nakalilinlang na mga mensahe, paniniwala, o pag-uugali na magpapayukyok sa iyo sa mga sulok ng iyong buhay. Huwag mo itong hayaang kagat-kagatin ang iyong mga sakong at takutin o saktan ka. Mamuhay nang marapat sa iyong walang-hanggang potensyal. Ikaw ay maharlika. ■

Mula sa mga mensahe sa Church Educational System na, "Like a Watered Garden" at "A Regal Identity," na ibinigay sa New York, USA, noong Setyembre 13, 2015.



INILIGTAS
Ako ng Aking Kapatid

Nang mag-12 anyos ang kapatid kong si Tanner, niyaya ko siyang sumama sa akin sa templo. Hindi ko alam na kakailanganin namin nang husto ang suporta ng bawat isa sa darating na mga taon.

Ni Britney Ann Harman

Malapit na akong mag-12 anyos nang ilaan ang Twin Falls Idaho Temple. Nasabik ako nang tanungin ako ng ate ko kung gusto kong magsimulang sumama nang regular sa kanila ng kaibigan niya sa templo.

Masaya ako nang mag-12 anyos si Tanner pagkaraan ng tatlong taon dahil sa wakas ay mayayaya ko na siyang sumama sa akin sa templo.

Bawat umaga noon na nagpupunta kami sa templo, nagtutulungan kami sa paggising at paghahanda, at kapag pagod na kami ay binibiro kami ni Tanner para tulungan kaming bumangon. Pagkatapos naming pumunta sa templo, pinag-uusapan namin kung ano ang pakiramdam namin sa loob ng templo at ano ang naisip namin.

Ang pagpunta namin ni Tanner sa templo ang nagpapasaya sa buong linggo ko. Sa regular naming pagpunta sa templo naging mas matalik kaming magkaibigan, na nagpalakas sa akin nang higit pa sa inaakala ko nang magdaan ako sa mga pagsubok. Umalis na sa bahay namin ang dalawang ate namin para mag-aral sa kolehiyo at kahahati pa lang ng ward namin, kaya kami na lang ni Tanner ang kabilang sa aktibong mga kabataan sa ward namin.

Gumugol kami ni Tanner ng maraming oras sa katatawag at kakaimbita sa di-gaanong aktibong mga kabataan

MGA PAGLALARAWAN NI ADRIAN KROPP



sa simbahan at Mutual. na magsimba at dumalo sa Mutual. Pero madalas ay parang walang pag-asa ang pagsisikap namin dahil walang dumating ni isa kahit marami pa akong kinaibigang babae.

Sinubukan kaming tulungan ng mga magulang namin. Nagpapatotoo sila sa amin kapag pinanghihinaan kami ng loob, at hinahayaan nila kaming maglabas ng sama-ng-loob kapag umuwi kaming galit. Magkagayunman, hindi kami madaling nagkaroon ng maraming kaibigan sa simbahan, at mas lalo akong nahirapang gustuhing dumalo na ako lang mag-isa ang naroon. Nagsimulang dumalang ang pagpunta namin sa templo dahil naging abala kami sa eskuwela.

Gumugol ako ng maraming oras sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagsamo sa Diyos na patatagin ako. Malungkot ako at pagod na—pagod na sa pag-iisa, pagod na sa mga pagsisikap ko na hindi naman nakakagawa ng kaibhan, pagod na sa espirituwal at emosyonal na paghihirap.

Sa panahong ito, nagtatrabaho ako bilang lifeguard sa city pool. Mas gusto ko pang naroon ako kaysa nasa simbahan dahil kaibigan ko ang mga katrabaho ko at palagi silang natutuwang makita ako. Isang araw nagpasiya akong huwag nang dumalo sa Mutual dahil mas masaya sa trabaho at mas nagkakapera ako rito.

Nagpasiya ako na mas masaya sa trabaho kaysa sa Mutual.

Inisip ko na hindi naman ito masama hanggang sa mapansin ko na bumababa na ang mga pamantayan ko. Wala akong sinabi tungkol sa pagmumura ng mga kaibigan ko, at isang araw ay nagulantang ako nang hindi sinasadyang makapagmura ako samantalang hindi ko pa nagawa iyon kahit kailan. Nanood pa nga ako ng malaswang pelikula isang gabi sa isang party kasama ang mga kaibigan kong lifeguard. Hiyang-hiya ako sa sarili ko at nagtaka ako sa ginawa ko.

Samantala, sinabi na sa akin ng mga magulang ko kung gaano mas nalungkot si Tanner mula nang tumigil ako sa pagdalo sa Mutual. Linggu-linggo tinatanong niya ako, “Hoy, pupunta ka ba sa Mutual ngayong gabi?” Kapag umuuwi siya mula sa Mutual, dumidiretso siya kaagad sa kuwarto niya at nagbabasa ng kanyang mga

banal na kasulatan nang matagal. Hindi na siya gaanong nagsasalita, at kapag tinatanong ko kung OK siya, sinasabi lang niyang, "Hindi" at umaalis na.

Isang gabi umuwi siyang umiiyak dahil pakiramdam niya ay nag-iisa siya.

Noon ako nagpasiya na kailangan kong bumalik. Hindi na bale kung gaano ako nahirapang mapag-isa; kailangan ako ni Tanner.

Dumadalo si Tanner sa family history class sa simbahan, at ipinasiya kong dumalo rin para magkasama kami. Gusto naming simulang muli ang pagpunta sa templo nang regular, at ngayon ay kami na mismo ang maghahanap ng mga pangalan.

Masaya kaming magkasama sa klase tuwing Linggo. Matapos ang simba, sabay kaming naghahanap ng mga pangalan ng aming mga ninuno. Ang pinakamaganda sa pagdadala sa templo ng nahanap namin mismong mga pangalan ay na magkasama namin iyong nahanap, at ang mas maganda, nasuportahan namin ang isa't isa sa simbahan at masaya pa kami sa simbahan dahil ginagawa namin ang gawain ng Panginoon.

Ang masigasig na pagsisimba at pagdalo ni Tanner sa Mutual ay naging mabisang halimbawa sa akin. May patotoo ako sa ebanghelyo, pero tinulungan niya akong magkaroon ng patotoo tungkol sa pagdalo sa mga miting at aktibidad ng simbahan.

Ang aming patotoo sa templo ay nakatulong sa amin na maging matatag sa Simbahan.

Nagawa naming panatagin ang isa't isa at ginamit namin ang aming patotoo tungkol sa templo para tulungan ang isa't isa na maging matatag sa Simbahan. Dumami ang mga kabataang nagsisimba at dumadalo sa Mutual, pero naging mas matatag kami ni Tanner at mas nakayanan naming pasanin ang aming mga problema nang tulungan namin ang isa't isa na sumulong.

Tuwang-tuwa ako na niyaya ko siyang sumama sa akin sa templo. Kahit tiyak ko na nakatulong ito sa kanya, alam ko na iniligtas ako nito. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Idaho, USA.

HUWAG MAGPATANGAY

Pakinggan ang iyong pamilya at mga kaibigan.
Makapaghihintay ang status update mo.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

PAGHAHANDA NANG MAAGA PARA SA KANYANG KINABUKASAN

Ni Miriam Bay
Church Self-Reliance Services

Isang ideya, isang trampoline, at isang hangaring makatulong sa iba ang nag-udyok sa isang 11-taong-gulang na batang babae na matuto ng magagandang aral tungkol sa pag-asa sa sarili at paglilingkod.

Halos lahat ng 11-taong-gulang ay abala na sa eskuwela, mga gawain sa bahay, at mga aktibidad kasama ang mga kaibigan. Ngunit si Alexandra C. na nagmula sa estado ng Durango, Mexico ay hindi isang karaniwang batang 11-taong-gulang. Bukod pa sa lahat ng normal na ginagawa ng mga bata sa gayong edad, kumikita si Alexandra mula sa sarili niyang negosyo at naglilingkod sa kanilang komunidad.

Kaya, paano sinimulan ng gayon kabatang babae ang sarili niyang kumpanya?

Nagsimula sa Isang Ideya

Nagsimula iyon nang marinig ni Alexandra na may ilang klaseng inaalok ang Simbahan para tulungan ang mga tao na maging self-reliant o umasa sa sarili. Ang grupo ay para lamang sa mga 18-taong-gulang pataas, ngunit determinadong sumali si Alexandra. Gustung-gusto niya ang ideyang matuto kung paano maghanap ng trabaho o magsimula ng sarili niyang negosyo.

Maaari kaya na siya, na isang batang nasa elementarya, ay hindi lamang makaimpluwensya sa *sarili* niyang kinabukasan kundi makatulong din sa mga taong mas mahirap pa kaysa sa kanya? Kunsabagay, marami siyang kilalang miyembro ng Simbahan sa kanilang nayon na kakaunti ang pinag-aralan at kabuhayan.

Sumali si Alexandra sa grupong tinatawag na "Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo," isa sa tatlong kursong itinuturo. Sa halip na isang guro ang magturo, ang grupo ay pinamunuan ng isang facilitator—isang kapwa miyembro ng grupo na gumagabay sa iba pang mga kagrupo sa kurso at naghihikayat ng talakayan. Nakipagkita si Alexandra sa kanyang grupo linggu-linggo sa loob ng tatlong buwan.

Nang matutuhan ni Alexandra kung paano umasa sa sarili sa temporal at sa espirituwal, sinimulan niyang alamin kung ano ang mga pangangailangan ng mga tao sa kanilang lugar. Napansin niya na kulang ang mga mapaglilibangan ng lahat ng bata sa bayan nila, kaya nag-ipon siya ng pera at bumili ng maliit na trampoline. Inilagay ni Alexandra ang trampoline sa isang pampublikong lugar at sinimulang paupahan ito, gamit ang mga ideyang natutuhan niya sa klase tungkol sa pagbebenta at pananalapi.

Naging patok na patok ang trampoline sa kanilang komunidad.

MGA LARAWANG-KUHA SA KAGANDAHANG LOOB NG PAMILYA NI ALEXANDRA; MGA PAGLALARAWAN NI PAU MORGAN

Natuto si Alexandra na balansehin nang napakaayos ang oras niya para sa homework, sa negosyong trampoline, at sa pagiging facilitator.

Ang mga Pagpapala ng Paglilingkod at Kasipagan

Sinimulan ding gamitin ni Alexandra ang mga kasanayan niya sa ibang mga paraan. Dahil malaki ang paggalang niya sa lahat ng miyemro ng kanilang grupo at tinupad ang lahat ng kanyang pangako, pinagkatiwalaan si Alexandra na maging facilitator sa isang bagong grupo—isang katungkulan na karaniwang hinahawakan ng mga taong 18-taong-gulang pataas.

Nang maging facilitator si Alexandra, siya noon ang pinakabata sa anim na kalahok sa grupo niya. Pinag-aralan niyang mabuti ang mga materyal bago mag-klase para alam niya kung paano higit na matutulungan ang kapwa miyembro ng kanyang grupo. Sineryoso niya ang bagong papel na kanyang ginampanan. "Kinakabahan siya kapag hindi dumating sa oras ang kanyang grupo o kapag hindi gumana ang video," sabi ng tatay niyang si David.

Natuto si Alexandra na balansehin nang napakaayos ang oras niya sa home-work, sa negosyong trampoline, at sa pagiging facilitator. At inisip niya na sulit ang lahat ng iyon. "Pinagpala ako ng Diyos nang gawin Niya akong facilitator," sabi niya. Para sa kanya, ang isang pagpapala ay ang matutong mahalin ang mga pinaglilingkuran mo.

MGA PAGPAPALA NG PAGTATRABAHO

"Sa pagpapaunlad ninyo ng kaka-yahang magtrabaho, makapag-aambag kayo sa mundong ginagalawan ninyo. Magdudulot ito ng dagdag na pagpapahalaga sa inyong sarili. Pagpapalain kayo nito at ang inyong pamilya, kapwa ngayon at sa hinaharap. . . .

"Upang tunay na makaasa sa sariling kakayahan, dapat kayong matutong magtrabaho na kasama ang iba at humingi ng tulong at lakas sa Panginoon.

Para sa Lakas ng mga Kabataan (2011), 40, 41.

"Nalaman ko na kaya kong paunlarin ang sarili ko. . . . Alam ko na tinawag ng Diyos ang propeta at na ang self-reliance training ay isang pahayag galing sa Kanya."

Para malaman ang iba pa tungkol sa mga self-reliance class, bumisita sa **lds.org/go/816000**.

Ang pagmamahal na iyon ay umakay sa kanya na tulungan ang kanyang grupo na may tunay na hangarin na magtagumpay sila. Halimbawa, tuwing magkikita-kita sila, gumagawa ang mga miyembro ng grupo ng lingguhang mga pangako na gamitin ang napag-aralan nila sa kanilang negosyo at pagkatapos ay ituro sa kanilang pamilya ang mga alituntunin ng ebanghelyo na natutuhan nila. Kapag hindi nagawa ng mga kalahok sa klase ni Alexandra ang mga mithiin nila o lumiban sila sa klase, binibisita niya sila sa bahay para malaman kung maayos sila at hinihimok sila na tuparin ang kanilang mga pangako. "Gustung-gusto kong bisitahin ang mga kagrupo ko," sabi niya.

Dagdag pa ng tatay ni Alexandra, "Namamangha akong makita na matindi ang paghahangad ng anak ko sa kapakanan ng mga nangangailangan. Awang-awa siya sa mga taong pinaglilingkuran niya."

Ngayong Beehive na siya sa Young Women, plano ni Alexandra na dal-hin ang kanyang negosyong trampoline sa kalapit na komunidad. Dahil natutong maging self-reliant o umasa sa sarili at tumulong sa iba na gawin din iyon, sinabi niya na nakakakita na siya ng mga pagbabago sa kanyang sarili at sa mga bago niyang kaibigan sa grupo. "Lumago na ang patotoo ko kay Cristo," sabi ni Alexandra. "Mas tiwala na ako sa sarili ko, at gusto kong maglingkod."

Sinabi ni Alexandra na dahil sa training course na ito, mas alam na niya kung sino siya talaga at kung paano siya makapaglilingkod. "Nalaman ko na kaya kong paunlarin ang sarili ko. At masaya akong makita na lahat ng miyem-bro ng grupo ay umuunlad. Alam ko na magiging mas mabuti pa ang kalagayan nila ngayon; uunlad ang kanilang negosyo. Alam ko na tinawag ng Diyos ang propeta at na ang self-reliance training ay isang pahayag mula sa Kanya."

Para kay Alexandra, ang kanyang patotoo, sariling kahalagahan, at paglilingkod sa iba ay tiyak na mga bagay na sulit pagsikapan. ■

"May kaibigan ako na ang pakiramdam ay wala siyang kaibigan sa simbahan maliban sa akin. Ano ang maitutulong ko sa kanya?"

Sa sitwasyong ito, malamang na ang pakiramdam niya ay napag-iiwanan siya, nag-iisa, o madaling masaktan. Mabuti na lang, dahil magkaibigan kayo, may ilang bagay kang magagawa para palakasin ang loob niya:

- Tulungan siyang makipagkaibigan sa iba pang mga kabataan. Ipakilala siya sa kanila, isali siya sa mga pag-uusap ninyo, at magmungkahi ng mga aktibidad para sa mga kabataan sa inyong ward upang mas makilala pa ninyo ang isa't isa. Gayundin, maaari mong kausapin ang inyong Young Women president para makatulong siya at ang iba pang mga lider.
- Tulungan siyang makita ang kanyang banal na kahalagahan. Maaari mong sabihin sa kanya ang ilan sa magagandang katangiang nakikita mo sa kanya.
- Tulungan siyang alalahanin ang pagmamahal mo at ng Tagapagligtas sa kanya. Sabi ng Tagapagligtas: "Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala ako" (Juan 10:14). Kahit pakiramdam niya ay walang nakakaunawa sa kanya, alam na alam ng Panginoon ang kanyang nadarama. Ipagdasal siya, at siyempre pa, ipakita mo ang pagmamahal mo sa kanya sa pamamagitan ng pagsasali sa kanya sa mga aktibidad at pagkausap sa kanya sa simbahan.
- Imungkahi na bumaling siya sa mga banal na kasulatan at manalangin para tumatag ang kanyang ugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.
- Higit sa lahat, hikayatin siya na palaging magsimba, kahit mahirap iyon para sa kanya. Ipaalala sa kanya ang kahalagahan ng pakikibahagi ng sakramento at pag-aaral ng ebanghelyo sa mga miting ng Simbahan.

Kung hindi kaagad umepekto ang iyong mga ideya, patuloy na suportahan ang iyong kaibigan at hikayatin siyang gawin ang tama.

Magkasamang Maging Mas Matatag

Hikayatin at tulungan siyang lumapit sa ibang mga kabataan. Matatag ang bawat isa sa atin, ngunit mas matatag tayo kapag magkasama. Sabihin sa iyong mga kaibigan na mas makakatulong siya sa pagpapalago ng kaharian ng Diyos kung mas marami siyang kaibigan na magpapasigla, susuporta, at tutulong sa kanya na mahalin si Jesucristo at ang Kanyang ebanghelyo!

Scarlet M., edad 16, Cautín Province, Chile

Anyayahan Siya sa mga Aktibidad

Nang sumapi ako sa Simbahan, pakiramdam ko ay nag-iisa ako, kahit sinikap ng mga kabataan na makihalubilo sa akin. Nagpunta ako sa mga Mutual activity at mas nakisali sa mga pag-uusap nila. Nakinig ako sa kanila at nag-ambag ng mga ideya. Nginitian ko sila at nagpakita ako ng tunay na interes sa kanila. Ipinapayo ko na tulungan mo ang iyong kaibigan na ibahagi ang kanyang saloobin. Tulungan siyang makibahagi sa anumang aktibidad sa Simbahan, at masisiyahan na siyang makihalubilo sa maraming kaibigan.

Faith O., edad 17, Abia, Nigeria

Isama Siya

Susubukan kong isali ang kaibigan mo sa mga pag-uusap at aktibidad ng ibang mga kabataan sa simbahan. Makakatulong na kausapin ang ibang mabubuting kaibigan tungkol sa nadarama ng kaibigang ito. Ang paghingi ng tulong sa kanila na isali siya ay maaaring magdala ng

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

kamalayan sa iba pang mga kaibigan tungkol sa mga pangangailangan ng taong ito at matutulungan silang maalala na maging mas mabait sa kanya at isama siya sa kanilang mga pag-uusap at aktibidad.

Trevor C., edad 14, Idaho, USA

Sabihin sa Kanya Kung Gaano Siya Kahalaga sa Iyo

Ganyan din ang nadama ko nang lumipat ako ng ward. Mahirap ang sitwasyong iyon. Mahalagang sabihin sa kaibigan mo kung gaano siya kaespesyal, kung gaano siya kahalaga sa iyo, at ang mabubuti niyang katangian para madama niya ang tiwala sa sarili at na hindi siya dapat matakot. Lahat tayo ay mahalaga. Hikayatin siyang kausapin ang isang lider, magdasal, at magbasa ng mga banal na kasulatan para malaman niya na hindi siya nag-iisa.

Sharon G., edad 14, Yucatán, Mexico

Magdaos ng Party

Ikaw o siya ay maaaring magdaos ng party na kasama ang ilang miyembro ng simbahan. Mas madaling kilalanin ang iba kapag mas maliit ang grupo.

Trais H., edad 13, Idaho, USA

Maging Handang Tumulong

Matutulungan mo siyang maunawaan na lahat tayo ay miyembro ng pamilya ng Diyos, magkakapatid, at na kailangan niyang magpakita ng pagmamahal at makihalubilo sa lahat. Ipaalam din sa kanya na sa ating malaking espirituwal na pamilya, lagi tayong handang tumulong at magpalakas sa isa't isa. Iisa ang mithiing pinagsisikapan nating lahat. Sa ebanghelyo, hindi tayo nag-iisa kailanman.

Sister Anna Kaigorodova, Russia Moscow Mission

Makinig sa Patnubay ng Panginoon

Ipagdasal siya at hilingin sa Ama sa Langit na tulungan kang malaman kung paano mo siya matutulungan. Kausapin ang inyong mga lider at subukang isali siya sa mga pag-uusap ng ibang mga kabataang babae sa simbahan. Patuloy mo siyang kaibiganin at gawin ang lahat ng iyong makakaya, at ipapaalam sa iyo ng Panginoon kung paano mo siya matutulungan.

Anastasia B., edad 18, Utah, USA



Sabihin sa Kanya na Hindi Siya Nag-iisa Kailanman

Una, ipagdarasal namin ang dalagitang iyon at aanyayahan siya sa bawat aktibidad o service project para madama niya na bahagi siya ng grupo. Huwag nating hayaang may mawala! Pangalawa, sasabihin namin sa kanya na hindi siya nag-iisa kailanman, na kasama natin palagi ang Ama sa Langit at mahal na mahal Niya tayo nang walang hanggan. Ipapaalala namin sa kanya ang sinabi ng ating propeta: "Balang-araw ay tatayo kayo sa isang tabi at makikita ninyo ang mga panahon ng inyong paghihirap, at matatanto ninyo na palagi Siyang nariyan sa inyong tabi" (Thomas S. Monson, "Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa," *Liahona,* Nob. 2013, 124).

Yenifer S., edad 18, at Fernando P., edad 18, Tacuarembó, Uruguay

ISANG TUNAY NA KAIBIGAN

"Kailangan nating lahat ng mga tunay na kaibigang magmamahal, makikinig, magpapakita ng halimbawa, at [magpapatotoo] sa katotohanan [sa atin upang] mapanatili natin ang patnubay ng Espiritu Santo. Dapat ay ganoong uri kayo ng kaibigan."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Tunay na Magkaibigan," *Liahona*, Hulyo 2002, 32.

SUSUNOD NA TANONG

"Paano ko matutulungan ang aking mga kaibigan na mapaglabanan ang mga problemang gaya ng pagtutungayaw o sobrang video gaming?"

Ipadala ang sagot mo at, kung gusto mo, isang high-resolution na retrato bago sumapit ang Setyembre 15, 2016, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article") o sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org.

Mangyaring isama ang sumusunod na impormasyon: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang email) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ni Elder Timothy J. Dyches
Ng Pitumpu

SA TULONG NG LAMANG DIYOS

Kapag batid natin na tayo ay umaasa sa Diyos, matatanto rin natin na sabik Siya na tulungan tayo.

Dumating ang isang hamon na hindi ko inaasahan noong senior year ko sa high school. Hindi nagtagal matapos magsimula ang pasukan, inatasan ako na lumahok sa debate ng speech teacher namin. Nag-aral kami, nag-ensayo, at lumaban, at mapagpakumbabang nalaman ko ang maraming mahahalagang aral.

Pagkatapos ng ilang buwan at apat na linggo bago ang state speech competition, kaswal na ipinaalam sa akin ng titser ko na ipinasok niya ang pangalan ko para lumaban sa extemporaneous speech. Sinimulan niyang ipaliwanag na sa unang araw, kailangan kong magbigay ng tatlong pitong-minutong talumpati sa harap ng mga hurado.

At may isa pang problema—magpapalabunutan kung anong makabagong paksa ang gagawan ng talumpati, at mayroon lamang 30 minuto para maghanda. Natigilan ako; kahit kailan ay hindi pa ako nakakita ng paligsahan sa extemporaneous speech.

Sa kabila ng paghahanda sa natitirang mga linggo, pagbabasa ng maraming artikulo tungkol sa mga makabagong isyu hangga't maaari, binalot pa rin ako ng pagdududa sa sarili at pag-aalala. Sa araw ng kompetisyon, tinanong ko ang mga opisyal, "Nakabunot na po ako ng paksa, pero maaari po ba akong pumasok at makinig sandali sa isang nagtatalumpati?" Sumagot sila, "Mayroon ka lamang 30 minuto. Kung gusto mong gamitin ito sa pakikinig, nasasaiyo iyan."

Paghingi ng Tulong

Sa kauna-unahang pagkakataon, pumasok ako at nakinig sa ilang mahahalagang sandali. Alam kong kailangan kong mapag-isa at manalangin sa aking Ama sa Langit. Napansin ko ang isang tagong kakahuyan sa university campus na nasa tabi ng lawa kung saan maaari akong mapag-isa at lumuhod.

Nagsumamo ako sa Ama sa Langit at humingi ng tulong. Hindi ito isang panalangin para manalo—ito ay taimtim na panalangin para sa tulong ng Espiritu Santo upang magawa ko ang isang bagay na hindi ko pa kailanman nagagawa at upang malampasan ang hamong ito. Natanto kong kailangan ko ang tulong ng Diyos.

Sinagot ng Ama sa Langit ang dasal ko. Naalala ko ang napag-aralan ko at napag-ugnay ko ang mga impormasyon

DETALYE MULA SA *KUNG SINUMAN SA INYO ANG NAGKUKULANG NG KARUNUNGAN,* NI WALTER RANE; MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

at pahiwatig. Sa bawat nabubunot na bagong paksa, lumalabas ako para manalangin. Pagkatapos ay naghahanda ako. Nakakagulat na nakasama ako sa huling round kinabukasan.

Ang pananampalataya ko sa Diyos ay nagiging patotoo ko, at ang pananampalataya ko ay mas lumakas nang naramdaman kong malapit Siya sa akin. Pinasalamatan ko ang Ama sa Langit sa tulong na natanggap ko, sapagkat matapos gawin ang lahat ng magagawa ko, tinulungan Niya akong makagawa ng higit pa sa kaya kong magawa nang magisa (tingnan sa 2 Nephi 25:23).

Sa propesyonal na aspeto ng buhay ko, isa akong surgeon ng tainga, ilong, at lalamunan. Minsan sa Reno, Nevada, USA, tinawag akong tumulong sa pediatric intensive care team ng ospital upang gamutin ang napakaselan na lalaking sanggol na isinilang nang napakaaga. Nalampasan ng lalaking sanggol na iyon ang ilang mahihirap na hamon sa unang ilang buwan ng kanyang buhay at nagkaroon ng sapat na lakas para makauwi sa kanyang mga magulang at pamilya.

Sa kasamaang-palad, matapos manatili sa tahanan nang dalawang buwan, ibinalik siya sa ospital dahil sa isang matinding impeksyon sa kanyang kaliwang baga, at hindi siya tumutugon sa isang mataas na dosage ng gamot.

Ang mga intensive care specialist ay naghihinala na maaaring may nasinghot na bagay ang sanggol na bumara sa kanyang baga, pero hindi ito makita sa anumang X-ray. Dahil sa kanyang lumalalang kondisyon, inirekomenda nila na tingnan ko ang kanyang mga baga habang natutulog siya sa operating room.

Noong mga panahong iyon, wala pa kaming teknolohiya para makitang mabuti ang maliliit na daluyan ng hangin ng mga sanggol. Habang nagsisikap kami na matanggal ang impeksyon sa kanyang kaliwang baga, sa ilang sandali ay nakita ko kung ano ang nasinghot niya—isang napakaliit na piraso ng matingkad na dilaw na krayola, na nakasuksok sa bahaging

Hindi ito isang panalangin para manalo. Ito ay isang panalangin para magawa ko ang isang bagay na hindi ko pa kailanman nagawa.

hindi maaabot ng kahit anumang instrumento na maaaring gamitin para tanggalin iyon.

Nakita ng isang nars sa operating suite na malubha ang sitwasyon at binanggit niya na may nakita siyang isang mahaba at manipis na instrumentong ginagamit sa pag-aalis ng mga bato sa kidney na nasa masisikip na bahagi. Mabilis siyang nakapaglabas nito, isang manipis, paikot at nababaluktot na wire basket na kung gagamitin nang tama ay makakakuha ng maliit na bato nang hindi nasisira ang nakapaligid na mga tissue dito. Ngunit paano ito makakapasok doon?

"Hindi Ko po Ito Magagawa nang Mag-isa"

Hiniling ko sa anesthesiologist na patuloy na asikasuhin ang aming munting pasyente habang papunta ako sa sulok ng operating room. "Ama sa Langit, hindi ko po ito magagawa nang mag-isa." Pumasok sa isip ko: "Gawin mo ang lahat ng makakaya mo. Magkasama nating gagawin ito!"

Nag-ensayo ako nang ilang ulit na binubukas at isinasara ang wire basket sa aking kamay sa iba't ibang posisyon. Sa pinakamarahang paraan, naipasok ang manipis na wire basket papunta sa krayola. Sa maselang pagmaniobra, nakalampas, nabuksan, at pagkatapos ay dahandahan itong nasara. Wala nang bara at malinis na ngayon ang daluyan ng hangin.

Dahil naalis na ang krayola, nakabawi at gumaling ang bata. Nakalabas siya ng hospital noong linggo ring iyon na may maliit na garapong naglalaman ng matingkad na dilaw na souvenir.

Alam ko na nakatanggap ako ng tulong mula sa langit, na parang may kamay na mula sa langit na gumabay sa aking kamay.

Mapagpakumbaba kong pinatototohanan ang ibinibigay na payo at patnubay ng Ama sa Langit. May mga pagkakataon na magagawa mo ang kailangan mong gawin sa tulong lamang ng Diyos. Sa gayong mga pagkakataon, sa lahat ng panahon, ay "kilalanin mo siya at kaniyang ituturo ang iyong mga landas" (Mga Kawikaan 3:6). ■

Pumasok sa isip ko: "Gawin mo ang lahat ng makakaya mo. Magkasama nating gagawin ito!"



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

PAANO MANATILING KARAPAT-DAPAT

Sapat na ang haba ng buhay ko para masaksihan ang maraming pagbabago sa moralidad ng lipunan. Noon halos lahat ng pamantayan ng Simbahan at ng lipunan ay magkakatugma, ngayo'y may malawak na puwang sa ating pagitan, at lumalawak pa ito.

Maraming pelikula at palabas sa telebisyon ang nagpapakita ng paguugaling tuwirang sumasalungat sa mga batas ng Diyos. **Huwag magpailalim sa pahiwatig at malinaw na kalaswaang** napakadalas matagpuan doon. Ang mga titik ng karamihan sa tugtugin ngayon ay nasa gayong kategorya rin. Ang kahalayang laganap sa ating paligid ngayon ay hinding-hindi palalagpasin noon. Isinasamo ko na **huwag kayong magsalita o gumawa ng anumang bagay na ikahihiya ninyo.**

Tuluyan nang lumayo sa pornograpiya. Huwag na ninyo itong tingnan, kahit kailan. Napatunayang ito ay isang adiksyon na mas mahirap daigin. **Iwasan ang alak at tabako o anumang droga,** gayundin ang mga adiksyon na mahihirapan kayong itigil.

Ano ang poprotekta sa inyo mula sa kasalanan at kasamaan sa inyong paligid? Naniniwala ako na ang matibay na patotoo sa ating Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ang magliligtas sa inyo. Kung hindi pa ninyo **nababasa ang Aklat ni Mormon,** basahin ito. Kung gagawin ninyo ito nang may panalangin at tapat na hangaring malaman ang katotohanan, ipakikita ng Espiritu Santo ang katotohanan nito sa inyo. Kung ito ay totoo—at *totoo nga*—ibig sabihin si Joseph Smith ay isang propetang nakita ang Diyos Ama at Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang Simbahan ay totoo. Kung wala pa kayong patotoo sa mga bagay na ito, gawin ninyo ang kailangan para matamo ito. **Mahalagang magkaroon kayo ng sariling patotoo,** dahil hindi kayo lubos na masusuportahan ng patotoo ng ibang tao. Kapag nagkaroon na kayo ng patotoo, kailangan itong manatiling masigla at buhay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos at regular na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Magsimba. Dumalo sa seminary.

Kung may mali sa inyong buhay, may paraan para maitama ninyo ito. **Itigil ang anumang kasamaan.** Kausapin ang inyong bishop. Anuman ang problema, malulutas ito sa pamamagitan ng wastong pagsisisi. Maaari kayong maging malinis na muli (tingnan sa D at T 58:42).

Inilarawan ng Tagapagligtas ng sangkatauhan ang Kanyang sarili bilang nasa mundo ngunit hindi makamundo. Tayo man ay magiging gayon kung tatanggihan natin ang mga maling konsepto at turo. Manatiling tapat sa ipinag-uutos ng Diyos. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2011.

PAGHAHANAP SA DIYOS

Hindi pa ako nakadama ng gayon katinding kapayapaan kailanman na tulad noong unang dumalo ako sa seminary.

Ni Ismael Ezequiel Polanco Almonte

Noong walong taong gulang ako, inisip ko kung ano ang likas na katangian ng Diyos. Isang araw binasa ng aking ama ang talata sa aklat ni Santiago na nangangako na kung nagkukulang tayo ng karunungan, ay maaari tayong "humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana . . . at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5). Pinuspos ng mga salitang ito ang puso ko at nakintal ito sa aking isipan.

Noong mag-isa lang ako sa kuwarto ko, nagdasal ako sa Diyos, at hiniling ko sa Kanya na ipaalam sa akin kung ang dinadaluhan kong simbahan ang tamang simbahan. Gusto kong sagutin Niya ako kaagad. Pero hindi iyon nangyari. Hindi ginawa ng Diyos ang gusto ko, at nalungkot ako nang hindi Niya sinagot kaagad ang panalangin ko. Gusto kong malaman ang sagot! Akala ko sapat na ang nagawa ko.

Habang lumalaki, nagkaroon ako ng pagkakataong hanapin ang sagot sa maraming simbahan. Nang gawin ko iyon, mas lalo lang akong nalito. Magkakasalungat ang sagot nila, at hindi nila pinapansin ang mga tanong ko tungkol sa likas na katangian ng Diyos.

Makalipas ang ilang taon, sa pagod ko sa paghahanap, sinabi ko, "Walang sagot dito."

Sinimulan kong gawin ang mga bagay na ginagawa ng ilang modernong kabataan, tulad ng pagdalo sa mga party at pakikibahagi sa maraming makamundong libangan. Bawat linggong lumipas lalong nagdilim ang buhay ko dahil hindi naging maganda ang mga desisyon ko. Inilayo rin ako ng aking masasamang gawi sa aking pamilya, na sumuporta sa akin sa tuwina.

Ngunit nagbalik ang hangarin kong magtanong sa Diyos. Nagdasal ako, "Ama, naghihintay po ako rito. Naghanap na po ako, at wala akong natagpuan. Nangako ng kasagutan ang mga banal na kasulatan, pero wala pong dumating. Tingnan po Ninyo



PAGLALARAWAN NI DAVID CURTIS

ako. Nag-iisa po ako. Gusto kong malaman ang sagot, pero hindi ko po alam kung paano Kayo matatagpuan."

Sa oras na iyon—hindi bago at hindi pagkatapos, kundi sa oras na kailangan ko iyon mismo—nadama kong nag-init ang aking dibdib na para bang may bulkan sa loob ko. Hindi ko mapigilang lumuha. Alam kong iyon ang sagot sa tanong ko.

Kinahapunan, noong nasa paaralan ako, inisip ko ang sagot sa akin nang tanungin ako ng matalik kong kaibigan, "Ano ang iniisip mo, Ismael?" Hindi ko sinabi sa kanya ang totoo noon, at sinabi ko na iniisip ko ang dalampasigan at na gusto kong makita ang pagsilay ng araw bukas. Inanyayahan ko siyang sumama.

"Hindi ako puwede," sabi niya, na nakangiti.

"Bakit hindi?" tanong ko sa kanya. "Ano ba ang ginagawa mo na napakaaga?"

"Seminary," sabi niya.

"Seminary? Ano ang seminary?" tanong ko sa kanya. Ipinaliwanag niya sa akin na mga klase iyon sa simbahan nila.

"Gaano katagal ka na bang nagsisimba?" tanong ko sa kanya, nang pagulat.

"Matagal na matagal na. Miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Sinabi ko sa kanya na gusto kong sumama at makita ang ginagawa sa seminary. Alam ko sa aking kalooban na iyon ang sagot sa napakatagal ko nang dalangin.

Kinabukasan, gumising ako nang alas-5:30 n.u. at dumalo sa seminary. Laking gulat ko na pinag-aaralan nila ang Biblia. Masasabi ko na hindi pa ako nakadama ng gayon katinding kapayapaan kailanman na tulad noong pumasok ako sa gusali ng branch sa Matancita, the Dominican Republic, kung saan ibinabahagi ang dalisay na doktrina, na nakasisiya sa isang gutom na kaluluwa. Pinuspos ng mga himno ang aking puso't isipan ng: "Ito ang katotohanan."

"Wow," naisip ko, "gusto kong madama ito araw-araw." Tinanong ko kung kailan ako puwedeng bumalik, at binigyan ako ng guro, na nanay ng kaibigan ko, ng class schedule at inanyayahan akong magsimba rin sa branch tuwing Linggo.

Magmula noon, tuwing Lunes hanggang Biyernes, gumigising ako nang alas-5:30 para dumalo sa seminary at tuwing Linggo para magsimba. Hindi ako puwedeng lumiban. Natagpuan ko na ang matagal ko nang hinahanap.

Ang malungkot, walang mga missionary na magtuturo at magbibinyag sa akin. Pagkaraan ng isa't kalahating taon at maraming panalangin, dumating ang mga missionary at itinuro nila sa akin ang lahat ng missionary lesson sa loob ng isang linggo. Naaalala ko pa ang sandaling inilubog ako sa asul na tubig ng dagat sa magandang dalampasigan sa aming nayon.

Tinatamasa ko na ngayon ang pribilehiyong hindi maging taga ibang lupa o manglalakbay (tingnan sa Mga Taga Efeso 2:19) kundi isang kapatid ng lahat ng tumatahak sa landas ng Panginoon, ang makipot at makitid na landas. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Santiago, Dominican Republic.

Ni Elder Randy D. Funk
Ng Pitumpu

Pagtayo sa Lugar na Dapat Nating Kalagyan

Noong 11 anyos ako, tumira ako sa Manti, Utah, USA. Sa simula ng taon, nagdala ang Primary teacher ko ng maliit at magandang palakol na maaaring ipangsibak ng kahoy.

"Sinuman ang pinakamadalas na dumalo sa Primary sa taong ito ay sa kanya na ang palakol," sabi niya. Noon din ay nagpasiya akong dumalo linggu-linggo. Sa pagtatapos ng taon, nakuha ko ang palakol!

Di-nagtagal sumapit ang ika-12 kaarawan ko. Inorden akong deacon. Sa panahong ito, lumipat ang pamilya namin sa Madison, Wisconsin, USA. Nangulila ako sa mga kaibigan ko, pero sabik din akong magkaroon ng mga bagong kaibigan. Mas malaki ang Madison kaysa sa Manti. Malaki ang bago kong paaralan. Kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan. Isang araw ay inimbitahan ako ng ilang popular na bata sa isang party. Pero kasabay ng party sa gabing iyon ang isang aktibidad ng Simbahan. Nalaman ko mula sa aking karanasan sa Primary na ang mabubuting bagay ay nangyayari kapag tapat akong dumadalo sa aking mga miting sa Simbahan. Pinasalamatan ko sila sa pag-imbita sa akin, at ipinaliwanag ko kung bakit hindi ako makakapunta.

Kinabukasan pagkatapos ng party, lahat sila sa paaralan ay ito ang pinag-uusapan. Nag-inuman sila ng alak sa party, at lahat ng dumalo ay nagkaroon ng malaking problema! Labis akong nagpasalamat na naroon ako sa dapat kong kalagyan.

Nagpapasalamat ako na nagpunta ako sa Primary at iba pang mga

MAGSILAPIT KAY JESUS

Sa simbahan, natututo tayong gumawa ng mabubuting pagpili at nagiging mas mabubuting alagad ni Jesus. Punan ang mga puwang upang matulungan ang mga bata sa mga larawan na malaman ang gagawin.

1. " _____ kayo sa isa't isa." (Mga Taga Efeso 4:32)
2. "Mapapalad ang mga _____." (Mateo 5:9)
3. "Kung kayo ay nasa _____ ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." (Mosias 2:17)
4. "Kung may anumang bagay na _____, kaaya-aya, o magandang balita, o _____, hinahangad namin ang mga bagay na ito." (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13)

miting ng Simbahan habang lumalaki ako. Natuto ako roon ng mahahalagang aral tungkol sa ebanghelyo. At nasiyahan ako sa mga aktibidad. Pinagpapala tayo ng Ama sa Langit kapag sinisikap nating mapunta sa dapat nating kalagyan at gawin ang dapat nating gawin. Pinalalakas Niya ang ating pananampalataya. Pinoprotektahan Niya tayo mula sa tukso at kasalanan.

Sabi sa Doktrina at mga Tipan 88:63, sinabi ni Jesus, "Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo."

Kapag dumalo tayo sa ating mga miting sa Simbahan, pati na sa sacrament meeting, napapalapit tayo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Natututo tayo ng mahahalagang katotohanan upang gabayan tayo sa ating mga desisyon sa buong linggo, kahit wala tayo sa simbahan o napapaligiran tayo ng iba na kapareho natin ang mga paniniwala. Kapag namuhay kayo nang matwid, tutulungan kayo ng Espiritu Santo na malaman kung saan kayo kailangang naroon at ano ang kailangan *ninyong* gawin. ■

ITAAS: PAGLALARAWAN NI MARK ROBISON; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI ALYSSA TALLENT

Bakit bibigyan ni Lolo si Gage ng basyong bote?

Ang Munting Bote ng Katahimikan

Ni Ray Goldrup
Batay sa tunay na buhay

"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo, ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo" (Juan 14:27).

Tinitigan ni Gage ang basyong bote at itinaob ito sa kanyang mga kamay. Maliit ito at medyo berde ang kulay, na may takip na tapon. Ibinigay ito sa kanya ni Lolo Russell pagkatapos ng kanyang binyag.

"Ano *po* ito?" tanong ni Gage. "Alam ko po na bote ito—pero wala po itong laman."

"Aba, puno 'yan," sabi ni Lolo.

Inalog ni Gage ang bote. "Sa tingin ko po walang laman, e."

Natawa si Lolo. Tinanggal niya ang tapon at idinikit ang bote sa tainga ni Gage. "Naririnig mo ba?" bulong niya.

"Naririnig po ang ano?" pabulong na sagot ni Gage.

Napangiti si Lolo. "Katahimikan," sabi niya. Pagkatapos ay ibinalik niya ang tapon sa bote. "Sa mundo ngayon, mahirap humanap ng katahimikan. Para itong gamot, at bawat patak nito ay kasinghalaga ng ginto."

Nagpasalamat si Gage at iniuwi na ang kakaibang regalo ni Lolo. Pero hindi niya ito gaanong inisip.

Pagkaraan ng ilang linggo, namatay ang tiyo Vince ni Gage. Pagkatapos ng libing, maraming kamag-anakang nag-umpukan sa sala ng bahay ni Gage para mag-usap-usap. Nagtago si Gage sa kuwarto niya at nagsara ng pinto. Naririnig niya ang mahihinang boses ng kanyang mga magulang at kamag-anak sa pasilyo.

Nakita ni Gage ang lumang berdeng bote sa ibabaw ng mesa niya at dinampot ito. Itinaob niya ito sa kanyang mga kamay. Sabi ni Lolo parang gamot ang katahimikan. Kinailangan ni Gage ng kaunting kapayapaan at kapanatagan matapos ilibing si Tiyo Vince.

Inalis ni Gage ang tapon sa bote at itinaob ito sa kanyang ulo, na nagkukunwaring nagbubuhos ng

kaunting katahimikan. Alam niya na ang bote ay hindi naman *talaga* puno ng katahimikan. Pero alam niya na kailangan niya ng kaunting katahimikan para madama na malapit siya sa Diyos.

Nadama niyang namuo ang mga luha sa kanyang mga mata. Wala na si Tiyo Vince—wala nang manloloko, wala nang makikipagbuno sa kanya. Sumakit ang puso ni Gage dahil sa pangungulila sa kanya.

At sa katahimikan, nadama ni Gage na nag-aalab ang kanyang puso at napapawi ang sakit. Naalala niya na hindi habampanahong wala si Tiyo Vince; sumakabilang-buhay lang siya. Dahil kay Jesucristo at sa plano ng kaligtasan, bawat isa ay mabubuhay magpakailanman! Alam ni Gage na balang-araw ay makikita niyang muli ang kanyang Tiyo Vince.

Habang hawak niya ang bote, napayapa ang kalooban ni Gage. Alam niya na iyon ay dahil sa Espiritu Santo at hindi dahil sa bote. Ipinaalala lang sa kanya ng bote na tumahimik para madama niya ang Espiritu Santo. Inilagay niya ang tapon sa bote at ipinatong ito sa mesa.

Pagkatapos ay bumalik siya sa sala para makapiling ang kanyang pamilya. Madadala niya ang kapayapaan at kapanatagang hatid ng Espiritu Santo sa kanyang kalooban kahit sa labas ng kanyang tahimik na kuwarto. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA PAGLALARAWAN NI BECCA FEHLBERG

Mga Kamay, Puso, at Isang Ngiti

Ni Laura Goodrich
Batay sa tunay na buhay

Pinanood ni Lydia ang paghahanda ni Inay sa pagpasok sa trabaho. Nagpahid si Inay ng magandang kulay-pink na lipstick sa kanyang mga labi. Ang ganda niya.

Tumingin si Lydia sa salamin. Nalungkot siya. "Wala akong lipstick," sabi ni Lydia. "Kaya hindi ako maganda."

Mahigpit siyang niyakap ni Inay. "Hindi lipstick ang nagpapaganda sa mga tao. Pagiging matatag at mabait ang nagpapaganda sa mga tao.

"Matatag ka at mabait kapag tumutulong ka sa iba.

"Matatag ka at mabait kapag mahal mo ang lahat ng tao.

"At matatag ka at mabait kapag nguminguiti ka. Nagpapasaya rin iyan sa lahat ng tao.

MGA PAGLALARAWAN NI JULIE YOUNG



“Ang pagiging matatag at mabait ay nagpapaganda sa iyong kalooban, hindi lang sa labas.

Gusto ni Lydia na maging matatag at mabait!

Ginamit niya ang kanyang mga kamay sa pagdadala ng mga liham para kay Lolo. Ibinigay niya ang huling biskwit niya sa pinsan niya.

Nakadama siya ng pagmamahal sa kanyang puso nang makipaglaro siya sa isang bagong kapitbahay. At nakadama siya ng pagmamahal nang bigyan niya ng mga barya ang isang batang babaeng nangongolekta ng pera para sa mga taong walang tirahan.

Nginitian niya ang mga taong nakasalubong niya. Nginitian din siya ng mga ito.

Noong gabing iyon sinabi ni Lydia kay Inay, “Tama kayo! Nakadama ako ng katatagan at kabaitan. Ginamit ko ang aking mga kamay at puso at ngiti ngayon.”

Ngumiti si Inay. “Matatag ka at mabait, kagaya ng nais ni Jesus na kahinatnan mo!” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Bakit napakahalaga ng mga pamilya?

Mga pamilya ang pinakamainam na paraan para magtagumpay ang plano ng Diyos ukol sa kaligayahan.

Plano ng Diyos na magkaasawa at magkaanak ang kalalakihan at kababaihan.

Sinabi sa atin ng Diyos na dapat turuan ng mga magulang ang kanilang pamilya na sumunod kay Jesucristo.

Tinutulungan ng matatapat na pamilya ang mga komunidad at bansa na maging malakas at malusog.

PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2015.

ANG ATING PAHINA

Si Jesus ay parang isang mabuting pastol, at tayo ang Kanyang mga tupa. Gusto Niya tayong pangalagaan.

Victoria P., edad 10, Federal District, Brazil



Nagkaroon ako ng magandang karanasan noong pitong taong gulang ako. Ginusto kong malaman kung totoo ang Simbahan. Kaya nagdasal ako at nagtanong sa ating Ama sa Langit. Natapos akong magdasal, at nahiga na ako para matulog. Napanaginipan ko na sinabi sa akin ni Jesucristo, "Ito ang totoong Simbahan." Pagkagising ko, naalala ko ang panaginip ko, at nalaman ko na nasa totoong Simbahan ako.

Miranda R., edad 9, Querétaro, Mexico

Natutuwa akong maging miyembro ng Simbahan. Si Jesucristo ay kaibigan ko at pinoprotektahan Niya ako at ang pamilya ko. Gusto kong bumisita sa templo. Gusto ko ang family home evening at Primary.

Angel M., edad 11, Colón, Panama

Para sa isang mithiin sa aming buklet na Pananampalataya sa Diyos, nagpasiya kaming gumawa ng modelo ng Montevideo Uruguay Temple. Isang taon naming niyari ito, pero sulit ito. Pagsapit namin ng 12 anyos, mithiin naming makapasok sa templo.

Samuel O., edad 10, at Enzo S., edad 11, Rivera Department, Uruguay

IKAW NAMAN!

Maaari mong ibahagi ang iyong karanasan, patotoo, at retrato sa Ang Ating Pahina. Mag-email sa liahona@ldschurch.org at isama ang pahintulot ng magulang, o bisitahin ang liahona.lds.org at i-klik ang "Submit an Article."

Nagpatotoo si Samuel

Si Samuel ay isang propetang Lamanita. Sinabi ng Ama sa Langit kay Samuel na sabihan ang masasamang Nephita na magsisi. Ayaw papasukin ng mga Nephita si Samuel sa kanilang lungsod, kaya tumuntong siya sa ibabaw ng pader ng lungsod. Pinagbabato at pinana siya ng mga ito. Ngunit pinrotektahan siya ng Ama sa Langit. Sinabi ni Samuel sa mga tao ang gustong iparinig ng Ama sa Langit sa kanila.

Minsan natakot ako dahil kinailangan kong magpatotoo. Nang magpatotoo ako, hindi ako natakot.

Chase C., edad 6, Arizona, USA



Lauren P., edad 11, Utah, USA

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!

Kaya Kong Magpatotoo!

- ☐ Kabisaduhin ang Helaman 14:8.
- ☐ Tulungan ang iba na piliin ang tama sa pamamagitan ng pagiging mabuting halimbawa sa linggong ito.
- ☐ Panoorin ang chapter 40 ng Book of Mormon stories sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

_____

Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang isang talata sa banal na kasulatan, kulayan ang magkakatugmang lugar na may numero sa larawan!

1 Helaman 10:1–7, 14–18

2 Helaman 13:1–7

3 Helaman 14:2–8

4 Helaman 16:1–5

5 3 Nephi 1:10–17, 21–24

6 3 Nephi 2:1–2

7 3 Nephi 8:2–7, 22–23

8 3 Nephi 11:3–11, 13–17, 37–39



PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Ang Bagong Bituin

Ang isang bagay na sinabi ni Samuel sa mga Nephita ay na hindi magtatagal at isisilang si Jesucristo at magiging Tagapagligtas. Isang bagong bituin ang magniningning sa pagsilang ni Jesus. Nagalit ang ilang tao at tinangkang saktan si Samuel. Ang iba ay naniwala sa kanyang mga salita at ginustong magpabinyag. Basahin ang tungkol kay Samuel sa mga pahina 76–78. At hanapin ang isa pang hamon sa pagbabasa sa susunod na isyu! ■

Nagturo si Samuel tungkol kay Jesus

Si Samuel ay isang propeta. Umakyat siya sa pader ng isang lungsod para mangaral. Sinabi niya sa mga tao na kailangan silang magsisi at manampalataya kay Jesucristo.

Itinuro ni Samuel na malapit nang isilang si Jesus. Isang bagong bituin ang magniningning. Mananatiling maliwanag ang kalangitan sa buong magdamag!

Itinuro niya na kapag namatay si Jesus, magdidilim sa loob ng tatlong araw. Maraming lungsod ang mawawasak.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ilang tao ang naniwala at nabinyagan. Ang iba ay hindi naniwala at nagalit. Pinagbabato at pinana nila si Samuel. Ngunit pinrotektahan siya ng Diyos, at hindi siya nasaktan.



Tinangka ng mga taong hindi naniwala na bihagin si Samuel. Pero nakatakas si Samuel.

Pagkaraan ng limang taon, isinilang si Jesus. Isang bagong bituin ang nagningning sa kalangitan. Nangyari nga ang itinuro ni Samuel! ■

Mula sa Helaman 13–15, 3 Nephi 1:13–15, 21

Kaya Kong Magbayad ng Ikapu

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni Elder Matthew Cowley (1897–1953)
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

MGA HIMALA

"Ipatawag ninyo ang mga elder, hindi maganda ang pakiramdam ko."

Mahigit isang taon na ang nakalipas isang mag-asawa ang dumating sa aking opisina na karga ang isang batang lalaki. Sinabi sa akin ng ama, "Dalawang araw na kaming nag-aayuno ng asawa ko, at dinala namin dito ang anak namin para mabasbasan. Sa inyo po kami pinapunta."

Sabi ko, "Ano'ng nangyari sa kanya?"

Sinabi nila na isinilang ang bata na bulag, pipi, at bingi, walang koordinasyon ang mga kalamnan, ni hindi makagapang sa edad na limang taon.

Sabi ko sa sarili ko, "Ito na. 'Ang ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno' [tingnan sa Mateo 17:21]." Lubos ang pananalig ko sa pag-aayuno at mga panalangin ng mga magulang na iyon. Binasbasan ko ang batang iyon, at makalipas ang ilang linggo ay nakatanggap ako ng liham: "Brother Cowley, sana makita mo ang anak namin ngayon. Gumagapang na siya. Kapag naghahagis kami ng bola sa kabilang dulo ng silid, hinahabol niya ito gamit ang kanyang mga kamay at tuhod. Nakakakita na siya. Kapag



pumalakpak kami sa ulunan niya tumatalon siya. Nakakarinig na siya."

Sabi ng mga doktor noon wala na silang magagawa. Ang Diyos ang gumawa ng paraan. . . .

Ipinatawag ako sa isang tahanan sa munting nayon sa New Zealand isang araw. Doo'y inihahanda ng kababaihan ng Relief Society ang bangkay ng isa sa ating mga Banal. Nailagay na nila ang bangkay sa harapan ng malaking bahay, tulad ng tawag nila rito, kung saan nagpupunta ang mga tao upang managhoy at mag-iyakan at magluksa sa patay, nang nagmamadaling pumasok ang kapatid na lalaki ng pumanaw. Sabi niya, "Bigyan ninyo siya ng basbas."

At sabi ng mga batang katutubo, "Bakit, hindi mo dapat gawin iyan. Patay na siya."

"Ikaw ang gumawa!"

. . . May kasama akong [isang tapat na matandang Maori]. . . . Lumuhod ang batang katutubo at pinahiran ng langis ang lalaking ito. Pagkatapos ay lumuhod ang matandang pantas na ito at binasbasan ang lalaki at inutusang magbangon.

Nakita mo sana na nagtakbuhan ang kababaihan ng Relief Society. Umupo siya at sinabing, "Ipatawag mo ang mga elder; hindi maganda ang pakiramdam ko." . . . Sinabi namin sa kanya na kababasbas lang sa kanya, at sinabi niya, "Ah, kaya pala." Sabi niya, "Patay na ako. Nadama ko na bumalik sa akin ang buhay na parang inilalad-lad na kumot." Nabuhay pa siya nang mas matagal kaysa sa kapatid niyang pumasok at nagsabi sa amin na bigyan siya ng basbas. . . .

Talagang kontrolado ng Diyos ang lahat ng elementong ito. Maaari tayong tumulong, at kung loloobin Niya, magagawa nating kontrolin ang mga elementong iyon para sa Kanyang mga layunin. ■

Mula sa "Miracles," New Era, *Hunyo 1975, 39–44, isang artikulong hinango sa mensaheng ibinigay sa debosyonal sa Brigham Young University noong Pebrero 18, 1953. Pinagpare-pareho ang pagbabantas, pagpapalaki ng mga titik, at kaayusan ng mga talata o parapo.*

Ano ang dahilan para tayo umasa?

"Kung ibibigay natin ang ating puso sa Diyos, mamahalin ang Panginoong Jesucristo, at gagawin ang lahat ng ating makakaya upang ipamuhay ang ebanghelyo, kung gayon ang bukas—at ang bawat araw—ay magiging napakaganda, hindi man natin ito napapansin sa tuwina. Bakit? Dahil iyon ang nais ng ating Ama sa Langit! Nais Niya tayong pagpalain. Ang maganda, masagana, at walang hanggang buhay ang pinakalayunin ng Kanyang maawaing plano para sa Kanyang mga anak!"

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Diyos sa Inyo," *Liahona,* Mayo 2016, 127.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Katatagan kay Cristo

Hirap ba kayong tiisin ang mga dagok ng buhay? Nagmungkahi sina Elder at Sister Clayton ng mga paraan para maiangkla ang ating buhay kay Jesucristo at matanto ang ating tunay na potensyal.

p. 42

PARA SA MGA KABATAAN

PAGHAHANDA NANG MAAGA PARA SA KANYANG HINAHARAP

p. 54

Ano ang kinalaman ng mga trampoline sa pagsisimula ng negosyo? Kilalanin si Alexandra, isang 11-taong gulang na taga-Mexico. Maipapaliwanag niya.

PARA SA MGA BATA

Ang Dapat Kong Kalagyan

p. 66

Maraming paraan na maaari tayong "tumayo sa mga banal na lugar." Paano kayo maaaring tumayo sa isang banal na lugar, saan man kayo naroon?

TAGALOG
4 021328893 6

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW